

Ulat ng Ikatlong Pambansang Komperensya Kaugnay sa Katutubong Kaalaman



**Ulat ng Ikatlong
Pambansang Komperensya Kaugnay
sa Katutubong Kaalaman**



Ulat ng Ikatlong Pambansang Komperensya Kaugnay sa Katutubong Kaalaman

Karapatang-ari © Tebtebba Foundation 2018

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo o paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-ari. Ang mga pananaw ng may-akda ay hindi kailangang sumasalamain sa pananaw ng mga tagapaglathala.

Inilimbag ng

Tebtebba Foundation

No. 1 Roman Ayson Road
2600 Lungsod ng Baguio, Pilipinas
Tel. +63 74 44447703 * Tel/Fax: +63 74 4439459
E-mail: tebtebba@tebtebba.org
Websites: www.tebtebba.org, www.indigenousclimate.org

Tinipon ni: Milanie June C. Batang-ay

Patnugot: Helen Biangalen-Magata

Pabalat, disenyo ng aklat at produksyon: Paul Michael Q. Nera

Bibliographic assistance: Christian Alexander Villaflor

ISBN 978-971-0186-33-4

Inilimbag sa Pilipinas
ng Valley Printing Specialist
Lungsod ng Baguio, Pilipinas



Ulat ng Ikatlong Pambansang Komperensya Kaugnay sa Katutubong Kaalaman

Inilimbag ng:



Na sinuportahan ng:







“Ang lupa ay buhay” at “ang karagatan ay buhay” ay mga tanyag na kasabihan ng mga katutubong naninirahan sa kabundukan o sa malapit sa dagat. Ito ay dahil sa kanilang malalim na pagkilala na ang buhay nila ay mahigpit na nakakawing sa kanilang kalupaan at katubigan. Bagama’t totoo ito para sa lahat ng nilalang sa mundo, ang mga katutubo ang mayroong pagkilala at pagsabuhay sa ganitong kasabihan. Dahil sa mahigpit na relasyon sa kalikasan, ang mga katutubo ay nakapagpaunlad ng mga katutubong kaalaman, teknolohiya at sistema ng pamamahala kung saan ang mga likas yaman lalo na ang mga samu’t saring buhay na kanilang pinagkukunan ng pagkain, gamot at ginagamit sa kanilang kabuhayan ay hindi nawawala, bagkus ay napapayaman pa dahil sa kanilang pagprotekta sa lugar kung saan sila matatagpuan.

Depende sa kung ano ang mayroon sa kanilang teritoryo, dito ibinabatay ng mga katutubo kung ano ang magiging sistema ng produksyon ang kanilang tatanganan katulad ng sakahan ng palayan, kaingin, pangangalaga ng mga hayop at iba pa. Nakabatay din sa kayamanan ng kanilang kalikasan ang iba pang mga tradisyunal na kabuhayan na kanilang pauunlarin, katulad ng pangangaso, pangingisda, paghahabi at iba pa.

Maraming henerasyon ang nakapag-ambag sa pagpapaunlad ng kaalaman at mga praktika ng pangangalaga ng mga katutubong teritoryo at mga samu’t saring buhay sa loob nito. At dahil sa ganitong pamamahala ng mga katutubo sa kanilang mga rekurso, lumalabas sa isang pag-aaral na bagama’t “22% lamang ang lupaing ninuno sa buong mundo, matatagpuan dito ang 80% ng klase ng mga samu’t saring buhay ng sanlibutan” (WRI 2005).

Nakakabahala ang kasalukuyang sistemang pang-ekonomiya na nagbabalewala sa pagkasira at pagkawasak ng kalupaan, kagubatan at katubigan na nagpapatuloy at nagpapalala sa krisis ng klima sa buong mundo at nagreresulta sa mas malala, tumitindi at dumaraming kalamidad, peste at sakit.

Marami nang mga kasunduan sa loob ng United Nations system para pagsumikapan ang paglutas sa nasabing krisis. Isa rito ang pagsuporta at pagtaguyod sa pagpapaunlad ng katutubong kaalaman. Ngunit katulad din ng maraming kasunduan, ang mga ito ay kulang na kulang sa pagpapatupad. Ipinapakita nito na para sa tunay na pagbabago, malaki ang aasahan sa sama-samang pagkilos ng mamamayan.

Ang Ugnayang Pambansa para sa (pagsulong ng) Katutubong Kaalaman at Talino, ay nagsusumikap na protektahan, paunlarin at isalin ang mga katutubong kaalaman. Ang komperensya at lakbay aral ay ilan lamang sa kanilang pamamaraan para makamit ang mga layuning ito. Ang pagdokumento sa resulta ng komperensya ay isang paraan para makatulong sa lahat na lumahok na gunitain ang kanilang ibinahagi at mga binahagi ng mga kapwa katutubo. Dahil nakasulat, maaari ulit itong basahin sa anumang oras at tingnan kung ano pa ang pwede nilang gawin—paunlarin sa praktika, palalimin ang pagdokumento o subukan sa kanilang pamayanan ang mga naibahagi na sa tingin nila ay makakatulong sa kanilang pag-unlad at iba pa.

Nawa ang mga nakasulat na ito ay makatulong sa mga mananaliksik, mga tao sa akademya, lalo na ang mga kapwa katutubo na kumilala ng mga makabuluhanang pag-aaral na maaaring isakatuparan kasama ang mga kinauukulang katutubong pamayanan.



FLORENCE DAGUITAN
Coordinator
Indigenous Peoples and Biodiversity Program
Tebtebba



Mainit na pagbati para sa lahat ng nakilahok sa Pambansang Komperensya ng Katutubong Kaalaman na nagmula pa sa iba't ibang tribo sa bansa na ginanap noong Nobyembre 2016 sa Lake Sebu, South Cotabato. Ang komperensya ay itinuturing ng mga interim na konseho ng UPAKAT na mekanismo para maipagpatuloy at mapalalim ang kaalaman at mapalakas ang kultura at pamamahala ng mga lupaing ninuno na minana pa natin sa ating mga ninuno.

Bilang Pansamantalang Pangulo ng UPAKAT, nais kong ipaabot ang aking pasasalamat sa pakikipagtulungan at kooperasyon ng mga dumalo sa komperensya na nagresulta sa tagumpay ng nasabing aktibidad.

Ang hamon ko sa lahat ng mga katutubo, lalo na sa mga miyembro ng UPAKAT, ay kung paano mas mapalakas at maitaguyod sa lipunan ng mga Katutubong Pamayanan lalo na sa ating mga lupaing ninuno ang pagpapatuloy at pagpapalakas ng ating mga katutubong kaalaman at maipasa ito sa mga sumusunod na salinlahi.

Maraming salamat!

BERNARDO "ANCONG" L. LIMIKID
Interim Pangulo
UPAKAT





Fiyo Térésang! Magandang Araw!

Hindi masusukat ang aking kagalakan sa matagumpay na Ika-3 Komperensya ng Katutubong Kaalaman ng Ugnayang Pambansa para sa Katutubong Kaalaman at Talino (UPAKAT) na ginanap sa Lupaing Ninuno ng mga T'boli, Punta Isla Resort, Lake Sebu, South Cotabato noong ika-21-23 ng Nobyembre taong 2016.

Sa ngalan ng mga Mintéd sa Ingéd (MSI) at lahat ng Baglalan ng Timuay Justice and Governance (TJG), ang Katutubong Balangkas Pampulitika ng mga Katutubong Téduray at Lambangian sa Timog-Gitnang Mindanao, na kung saan ay aking kinakatawan at lahat ng mga Soonomon (Mamamayang Téduray at Lambangian) at sa ngalan ng kasapi ng Konseho ng UPAKAT at lahat ng kanyang kasapi, lubos po akong nagpapasalamat sa inyong lahat mga kapatid kong delegado at kalahok sa nasabing pagtitipon mula sa iba't-ibang hanay ng mga Katutubo mula sa pitong (7) Etnograpikong Rehiyon ng Pilipinas. Lubos din akong nagpapasalamat sa mga miyembro ng Secretariat mula sa Tebtebba Foundation na siyang katuwang ng UPAKAT sa gawaing ito.

Hindi po naging matagumpay ang pagtitipon kung hindi naging buo at aktibo ang partisipasyon ng mga delegado at kalahok at kung wala ang taos-pusong pagtupad ng mga miyembro ng Secretariat sa kanilang tungkulin.

Ang proceedings na ito ay maging buhay na dokumento kung paano isinasagawa ang mga pagtitipon ng UPAKAT at kung ano ang mga katutubong kaalaman na binabahagi ng mga katutubong pamayanan. Ang dokumentong ito ay magagamit ng susunod na salinlahi sa pagpapatuloy ng pagpapatupad, pagprotekta at pagsulong sa mga katutubong kaalaman at talino. Ito ay maging larawan na hahawakan ng mga kabataan at kanilang inspirasyon upang hindi tuluyang mawala sa kanila ang katutubong kaalaman at talino.

Nawa'y magpapatuloy ang init at lagablab ng damdamin ng bawat katutubong pamayanan sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga katutubong kaalaman at talino at maisasalin sa mga sumusunod na salinlahi.

Fiyo bagi! Maraming Salamat po!

TITAY BLEYEN SANTOS M. UNSAD
Pangulo
UPAKAT





Talaan ng mga Nilalaman

	Pahina
Paunang Salita	v
Mensahe	vi
Pasasalamat	vii
Talaan ng mga Nilalaman	ix
Panimula	1
Pagdating at Oryentasyon ng mga Kalahok	2
Pambungad na Palatuntunan	4
Panel 1: Katutubong Pamamahala sa mga Likas na Yaman	6
Ang pangangasiwa ng mga Mansaka sa Bundok Candalaga	6
Ang pangangalaga ng mga Ubo-Manobo sa lupaing ninuno	7
Ang sistema ng <i>lapat</i> ng mga Maeng sa bayan ng Luba sa Abra	8
Malayang talakayan	9
Panel 2: Katutubong Pamamaraan ng Agrikultura: Mga Hamon at Pamamaraan ng Pag-unlad	11
<i>Gahak</i> : katutubong sistema ng agrikultura ng mga Ayta-Abellen sa Cabangan, Zambales	11
Ang pamamaraan ng agrikultura ng mga Pidlisan sa bayan ng Sagada sa Mountain Province	13
Malayang talakayan	15
Panel 3: Indigenous Ways of Knowing and Learning (IWKL)	18
Ang karanasan ng SILDAP-SEM sa pagsasalin ng katutubong kaalaman	18
Pagpapanumbalik sa katutubong pamamaraan ng pagsulat ng mga Tagbanua sa Palawan	21
Malayang talakayan	22
Panel 4: Katutubong Paniniwala	24
Ang paniniwala ng mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen	24
Ang paniniwala ng mga Erumanen ne Menuvu sa Hilagang Cotabato	26
Malayang talakayan	27
Panel 5: Katutubong Balangkas Pampulitika sa Pamamahala sa Likas na Yaman	30
Ang sistema ng <i>among</i> na ipinatutupad ng mga Kadaclan sa bayan ng Paracelis sa Mountain Province	30
Ang sistema ng <i>dap-ay</i> ng mga Kankana-ey sa bayan ng Sagada sa Mountain Province	31
<i>Dap-ay di Tubo</i> ng mga Maeng sa bayan ng Tubo sa Abra	32
Ang Timuay Justice and Governance ng pamayanang Téduray at Lambangian	34
Malayang talakayan	38

Panel 6: Mga inisyatiba sa Pagpapanatili ng Katutubong Karunungan, Sistema at Pamamaraan	40
Mga pamamaraan at kagawian ng Erumanen ne Menuvu sa Hilagang Cotabato	40
Ang mga kagawian ng Dulangan Manobo sa pagpapanatili at pagsasalin ng katutubong kaalaman	43
Malayang talakayan	45
Pagbubuod at <i>Ways Forward</i>	46
Lakbay-aral	48
Cultural Night	57
Paglalayag sa Lawa ng Sebu	58
Pagbabahagi: <i>Nagoya Protocol on Access to Genetic Resources and the Fair and Equitable Sharing of Benefits Arising from their Utilization to the Convention on Biological Diversity</i>	59
Pagsasara ng Programa	68
Apendise	69
Listahan ng mga kalahok	69
Programa	72
Mga Interim na Konseho ng UPAKAT	75

Panimula

Ang katutubong kaalaman ay nakilala bilang tagapagtaguyod sa pangangalaga, pangangasiwa at pamamahala ng mga likas na yaman sa mundo. Kabilang sa mga ito ang *United Nations Convention on Biological Diversity* (CBD), isang pandaigdigang kasunduan ng mga bansa na nakapatungkol sa mga samu't-saring buhay sa mundo.

Pero sa paglipas ng panahon, ang mga katutubong karunungan, sistema at pamamaraan (*indigenous knowledge systems and practices*, IKSP¹) ay unti-unting naglalaho sa mga katutubong pamayanan kasabay ng pagkamatay ng mga nakatatanda na silang nagtataglay ng mga katutubong kaalaman.

Sa isang banda, may lumalagong kagustuhan/kaisipan ang mga katutubo na maisatitik ang mga IKSP na karaniwang hindi nakasulat at naipapasa sa pamamagitan ng asalita (*oral tradition*). Isa sa mga ito and Ugnayang Pambansa para sa Katutubong Kaalaman at Talino (UPAKAT) Inc., isang pambansang ugnayan ng mga katutubong balangkas pampulitika (*indigenous political structures*, IPS), katutubong samahan (*indigenous peoples organization*, IPO) at katutubong pamayanang kultural (*indigenous cultural communities*, ICC) na nagtataguyod ng pagpporotekta, pagpapapaunlad at pagpapalakas ng katutubong kaalaman at talino para maitaguyod at maituro sa mga susunod na salinlahi. Simula nang mabuo ang ang UPAKAT, naging katuwang siya

ng Tebtebba² upang maisulong ang karapatan ng mga katutubo sa buong mundo. Magkaparehong programa ng UPAKAT at Tebtebba ang pagdaraos ng mga gawain para mapaunlad ang kaalaman at kagalingan ng mga katutubo sa paniniwala na ang katutubong kaalaman ay matatag na pundasyon sa gawaing pagpapapaunlad ng mga katutubong pamayanan na nakabatay sa sariling pagpapasya.

Mula sa karanasan, ang kombinasyon ng komperensya at lakbay-aral ay nakitang isang epektibong pamamaraan ng kolektibong pag-aaral kaya naging isa sa mga programa ng UPAKAT. Kaugnay nito, naorganisa at naipatupad ang isang komperensya at lakbay-aral na mayroong temang “katutubong kaalaman at pamamaraan sa pangangasiwa at pamamahala ng kalikasan” noong ika-20 hanggang ika-24 ng Nobyembre sa pakikipagtulungan ng Tebtebba upang suriin at palalimin ang pang-unawa sa mga IKSP ng mga katutubong pamayanan at kalikasan. Ang aktibidad ay pinondohan ng Swedbio, isang programa sa *Stockholm Resilience Centre* (SRC) na nagtrabaho upang malinang ang pangangalaga at pamamahalan ng kalikasan na nag-aambag sa pagpapagaan ng kahirapan sa pamamagitan ng pagpapapaunlad ng kabuhayan.

Dinaluhan ito ng walumpu't walong (88) kalahok mula sa dalawampu't siyam (29) na pamayanan ng mga katutubo sa Pilipinas (*Appendix 1*).

¹ Ang IKSP ang gagamitin sa dokumentong ito para sa katutubong karunungan, sistema at pamamaraan na katulad sa Batas Ukol sa Karapatan ng mga Katutubo (*Indigenous Peoples Rights Act*, IPRA).

² *Indigenous Peoples International Centre for Policy Research and Education*, samahang DiPampamahalaan (*non-government organization*, NGO) na nagtrabaho upang maigalang, maipagtanggol at maipatupad ang mga karapatan at pag-unlad ng mga katutubo.

Pagdating at Oryentasyon ng mga Kalahok

Noong ika-20 ng Nobyembre 2016, sabay-sabay na dumating ang mga kalahok na nagmula sa Kordilyera, Zambales, Palawan at sa iba't-ibang panig ng Mindanao sa Punta Isla Lake Resort sa bayan ng Lake Sebu, ang lugar na pinagdadausan ng aktibidad.

Pakatapos ng hapunan ay naganap ang pagpapakilala sa sarili kung saan nagpakilala ang bawat kalahok na nagmula sa iba't-ibang kapuluan ng mga katutubo sa Pilipinas at mga kawani ng *Indigenous*

Peoples and Biodiversity Program (IPBP) ng Tebtebba. Pinaalalahanan din ang mga kalahok sa mga nakatakdang palatuntunan sa susunod na tatlong (3) araw na pinangunahan ni Bb. June Cadalig Batangay, ang tumatayong kinatawan ng *Secretariat* ng UPAKAT.

Ayon sa kanya, ang programa ay sisimulan ng komperensya kung saan may mga magbabahagi ng mga katutubong kaalaman at pamamaraan na ipinapatupad sa kanilang mga pamayanan. Ang



pangalawang araw ay ilalaan para sa lakbay-aral kung saan ang mga kalahok ay bibisita sa mga piling lugar sa loob ng pamayanan upang masaksihan kung paano pinapaunlad ng mga T'boli ang kanilang mga katutubong kabuhatan at kung paano ipinapatupad ang *Indigenous Peoples Education* (IPED) sa ilang mga paaralan. Ang ikalawang araw ay magwawakas sa pamamagitan ng pagpapalitan ng kultura ng mga kalahok. Sa ikatlong araw ay tatalakayin ang nilalaman ng *Nagoya Protocol*, isang panukalang batas na naglalayong magkaroon ng makatarungan at karampatang pagbabahaginan ng mga benepisyo ng mga katutubo sakaling magamit ang kanilang kaalaman.

Ipinaliwanag niya na karaniwang ginagamit ng UPAKAT at Tebtebba ang mga angkop na impormasyon mula sa mga isinasagawang komperensya sa kanilang mga adbokasiya (lokal, pambansa at pandaigdigang) kaya sisikapin na maitala ang mga mapa-uusapan. Ipinaalam din ang pagkuha ng mga larawan bilang bahagi ng dokumentasyon. Hiningi niya ang malaya, nauuna at malinang na kapahintulutan (*free, prior and informed consent*, FPIC) ng mga kalahok na maipalimbag ang resulta ng komperensya at upang magamit ng UPAKAT at Tebtebba ang mga impormasyon at mga larawan mula sa isinasagawang komperensya sa kanilang mga gawain. Nilinaw niya na kung sino ang mga ayaw maibahagi ang kanilang mga sinabi o ayaw makuhanan ng larawan ay ipaalam sa *Secretariat*.

Box 1. Ang bayan ng Lake Sebu

Ang binansagang “*Summer at Eco-cultural Center*” na bayan ng Lake Sebu sa Timog Cotabato sa Mindanao ay nakapaloob sa lupaing ninuno ng mga T'boli at Ubo. Ang lugar ay kilalang pasyalan ng mga turista dahil sa magandang klima, mga kahanga-hangang tanawin, mga anyong lupa, anyong tubig at iba pang mga rekurso. Sa katunayan, ang lawa ng Sebu, kung saan hinango ang pangalan ng lugar, ay itinaguyod bilang pangunahing pook pasyalan ng Kagawaran ng Turismo (*Department of Tourism*, DOT).

Katangi-tangi rin ang kultura ng mga katutubo na nanatiling malakas hanggang sa kasalukuyan. Binansagan din ang lugar bilang “*Land of the Dreamweavers*” sa kadahilanang ang panaginip ay binibigyang kahulugan sa pamamagitan ng mga disenyo ng paghahabi ng *t'nalak* na tela kaya itinuturing na sagrado ng mga T'boli. Bukod sa mga produkto mula sa *t'nalak* na tela, ang iba pang pinagkakakitaan ng mga katutubo sa lugar ay ang paghahabi ng katutubong kasuotan, malong at tubaw, pagbuburda at paggawa ng iba pang *handicrafts* kagaya ng alahas na gawa mula sa *beads* o di kaya ay *brass casting*.

Ang pinakamalapit na paliparan sa Lake Sebu ay nasa lungsod ng General Santos. Mula rito ay mararating ang lugar sa pamamagitan ng pagsakay sa pampasaherong bus o *van* sa Bulaong terminal papuntang bayan ng Surallah. Mula sa Surallah ay makakasakay naman ng mga pampasaherong *van* o jeep papuntang Lake Sebu.

Pambungad na Palatuntunan

Ang palatuntunan ay pormal na nagsimula sa umaga ng ika-20 ng Nobyembre taong 2016 sa pamamagitan ng tradisyunal na awit (*chant*) ng mga T'boli na ibinahagi ni Boi³ Rosie G. Sula. Siya ay nagpasalamat sa Maykapal sa pambihirang pagkakataon na ibinigay Niya para sa pagtitipon ng mga katutubo sa lupaing ninuno ng mga T'boli at Ubo sa bayan ng Lake Sebu.

Sa pambungad na salita ni Bernardo Limikid na mas kilala bilang Matikadong⁴ Ancong, isang Mansaka at ang pansamantalang Pangulo ng UPAKAT, taos-puso siyang nagpasalamat sa mga kalahok na nagpaunlak sa imbitasyon ng ugnayan na dumalo at maging bahagi ng tatlong (3) araw na aktibidad. Hiniling niya na sana ay maging matagumpay ang pagbabahaginan ng mga kultura, karanasan, at pamamaraan ng pangangalaga at pamamahala sa kalikasan, rekurso

at iba bang likas na yaman. Umaasa siya na sa pamamagitan ng aktibidad ay lalong mapalawak ang kaalaman ng mga kalahok para sa pag-uwi ay madala nila sa kani-kanilang mga pamayanan ang mga aral at kasanayan na maaari nilang tularan at gamitin sa pangangasiwa ng kalikasan at lupaing nasasakupan.

Ipinaabot naman ni G. Reden Ulo, T'boli at ang kasalukuyang Pangalawang Pangulo ng Santa Cruz Mission School, Inc. at ang kasalukuyang T'boli Cluster Head ng Pambansang Komisyon sa Kultura at Mga Sining (*National Commission for Culture and the Arts*, NCCA), ang mainit na pagtanggap ng pamayanan ng T'boli at Ubo sa mga katutubong kalahok ng pambansang komperensya sa bayan ng Lake Sebu na kilala sa katawagang “*home of the living treasures*”. Binanggit niya na isa sa kanilang mga gawain ay ang pagtataguyod sa pangangalaga ng



³ Prinsesa; katawagan sa mga babaeng hinirang ng mga nakatatanda sa tribo batay sa pamantayang ipinatutupad ng pamayanan.

⁴ Katawagan sa mga kinikilalang pinuno ng mga Mansaka. Ang pagiging Matikadong ay hindi palaging namamana bagkus ay ipinagkakaloob sa mga taong kinikilala at iginagalang ng mga mamamayan.



katutubong kultura at ang pagsasalin nito sa susunod na salinlahi. Ang mga T'boli ay naniniwala na ang kultura ay isa sa pagkakakilanlan ng mga katutubo at dito rin naka-angkla ang kanilang mga buhay. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga kalahok, umaasa siya na maipatampok nila ang pagkakaparepareho bilang mga katutubong mamamayan ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng komperensya ay umaasa siya na malinang ng mga kalahok ang sariling kakayahan sa pagtaguyod ng karapatan at kultura ng mga katutubo. Sa huli, ipinahayag niya na walang dapat ikabahala ang mga kalahok tungkol sa seguridad sapagkat mapayapa at matiwasay ang pamayanan ng Lake Sebu.

Sa mensahe ni Bb. Florence Daguitan, ang *Coordinator ng Indigenous Peoples and Biodiversity Program (IPBP)* ng Tebtebba, ipinaabot niya ang sayang nararamdaman sa pagdalo ng mga kalahok sa aktibidad. Gayundin, inaasahan niya ang aktibong pagbabahaginan ng mga kalahok sa kanilang mga kinagawiang gawain at pamamaraan sa pangangalaga, pagpapaunlad at pagsasalin ng katutubong kaalaman. Umaasa rin siya na magbunga ang aktibidad ng isang kolektibong gawain sa pagbuklod ng mga katutubo para sa pagpapaunlad at pagsulong ng katutubong kaalaman.

Binigyang linaw ni Bb. June kung ano at paano ang magiging takbo ng komperensya at lakbay-aral. Ayon sa kanya, ang napiling tema ng komperensya ay, “katutubong kaalaman at pamamaraan sa pangangasiwa at pamamahala ng kalikasan” ay

para maipatimo ang kahalagahan ng kinagawiang pamamaraan sa pangangalaga ng kalikasan.

Ang mga programa ng komperensya at lakbay-aral (*Apendise 2*) ay naglalayon na mapalakas ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa kanilang katutubong kaalaman sa pangangalaga at pamamahala sa mga likas na yaman at samut-saring buhay na nakapaloob sa kanilang teritoryo. Sa partikular, ang mga layunin ng komperensya at lakbay-aral ang mga sumusunod:

1. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan, matuto ang mga dumalo ng mga iba't ibang katutubong pamamaraan na pinairal at pinapatupad ng mga kalahok sa kanilang pamayanan;
2. Mas mapapalalim ang pang-unawa sa pangangalaga at pagtataguyod sa kinagawiang pamamaraan at gawain hinggil sa akmang paggamit kung saan ang mga likas na yaman ay hindi lang napapanatili kundi yumayaman pa;
3. Ang komprehensibong pag-unawa ay magsisilbing gabay para matukoy ang mga magagandang pamamaraan at gawain na maaaring palakasin, linangin at isabuhay ng mga kalahok at maisalin sa mga susunod na salinlahi; at
4. Makapag-ambag sa paggawa ng UPAKAT ng kanilang estratehiya sa pag-impluwensiya sa pagbubuo ng mga panukalang batas at patakaran para sa mas mabisang pagtatangol, pagpapahusay, pagtataguyod at pagsulong ng katutubong kaalaman at talino sa kanilang lokal na pamayanan, sa bansa at maging sa labas ng bansa.

Sa kabuuan, ang pamamaraan ng komperensya ay pagbabahagi ng mga napiling tagapagsalita sa iba't ibang paksa. Hiniling sa mga magbabahagi na ipakilala ang sarili, ang tribo, organisasyon, at pamayanang pinanggalingan. Dalawampung (20) minuto ang ibibigay sa bawa't tagapagsalita para talakayin at ipaliwanag ang kanyang paksa. Pagkatapos ng pagbabahaginan, bubuksan para sa tanong o paglililaw, karagdagang impormasyon, at malayang talakayan para makapagbahagi at makapagpalitan din ang mga kalahok sa sariling kaalaman, kaisipan, karanasan, natutunan at pagtingin na nakapatungkol sa paksa. Upang hindi makalimutan ng mga tagapakinig ang kanilang mga tanong, sila ay pinaalalahanang isulat ang mga kurukuro sa mga piraso ng *metacards* na nakalagay sa ibabaw ng mga mesa.

Panel

7

Katutubong Pamamahala sa mga Likas na Yaman

Facilitator: G. Normindo Mosella

Ang pangangasiwa ng mga Mansaka sa Bundok Candalaga

ibinahagi ni G. Bernardo Limikid, Limpong nang Mangkatadung

Ibinahagi ni Matikadong Ancong, isang Mansaka⁵ at kinatawan ng Limpong nang Mangkatadung sa Maragusan, Compostella Valley ang pangangalaga ng mga Mansaka sa Bundok Candalaga na sumasaklaw sa pitong (7) barangay sa bayan ng Maragusan.

Ayon sa kanilang mga ninuno, ang kasaysayan ng bundok ay nagsimula ilang libong taon na ang nakaraan nang nagkaroon ng baha at lumubog ang buong mundo. Ang tanging naiwan ay ang tuktok ng bundok na sapat lamang para upuan ng isang dalaga. Dahil dito, pinaniniwalaan ng mga Mansaka na sagrado ang bundok at pinangalanan na Kan dalaga (ang unlaping ‘kan’ ay wikang Mansaka na ang ibig sabihin ay ‘kanya’) na ang ibig sabihin ay pag-aari ng dalaga ang tuktok ng bundok. Naniniwala ang mga Mansaka na ang tuktok ng bundok ay hindi maaaring titigan nang matagal sapagkat ito ay ikukubli ng ulap. Inihahalintulad ito sa dalagang Mansaka na hindi rin maaaring titigan nang matagal.

Bilang sagradong bundok, mayroong mga kinaugaliang pamamaraan at mga katutubong batas na ipinatutupad para mapangalagaan ito. Kabilang sa mga batas na ipinatutupad ay ang pagbabawal sa pamumutol ng mga kahoy sa bundok, pagbabawal sa pangangaingin, at pagsusunog. Mahigpit ding ipinagbabawal ang mga gawain sa paanan ng

bundok katulad ng pangangaso ng ligaw na mga hayop, pangongolekta ng mga halamang gamot at iba pang mga pananim, at iba pa. Ang mga ito ay pinangungunahang ipinatutupad ng Limpong nang Mangkatadung, isang samahan ng mga Mansaka na naglalayong pangalagaan ang kanilang lupaing ninuno, sa bundok Candalaga. Ang samahan ay pinamumunuan ng mga kasapi ng konseho mula sa pitong (7) barangay na sinasaklaw ng bundok. Nangunguna rin ang samahan sa pagpapatupad, pagsusubaybay at pagsisiguro na hindi lumalabag ang mga mamamayan sa mga batas para mapangalagaan ang bundok Candalaga.



⁵ Ang Mansaka, na hango sa salitang “man” na ang ibig sabihin ay “una” at “saka” na ang ibig sabihin ay “umakyat”, ay nangangahulugang “ang mga unang taong umakyat sa mga bundok.”

Pinangungunahan din ng samahan ang pagsasagawa ng mga ritwal sa nasabing bundok para magpasalamat at humingi ng patnubay sa Maykapal para sa pang-araw-araw na gawain ng mga Mansaka.

Para mas mapaingting ang pangangalaga at pangangasiwa sa bundok, ipinarehistro ito bilang isang *Indigenous and Community Conserved Area* (ICCA). Sinuportahan ito ng lokal na pamahalaan ng Maragusan na bumuo at nagpatupad ng ordinansa para ipagbawal ang pagkakaingin, pamumutol ng

mga kahoy at iba pang gawain na pwedeng makasira sa bundok at sa mga likas na yaman at iba pang samu't saring buhay na matatagpuan dito.

Sa kasalukuyan, matatagpuan pa rin ang sampung mga anyong tubig at samu't-saring buhay na nakapaloob sa bundok na nagpapatunay sa mabisang pamamaraan ng pangangalaga at pangangasiwa ng mga Mansaka sa kanilang lupaing ninuno at nasasaklawan.

Ang pangangalaga ng mga Ubo-Manobo sa lupaing ninuno

ibinahagi ni G. Eduardo Banda, Ubo-Manobo



na halaman at mga kahoy na panggatong. Nagtalaga rin sila ng mga likas na palatandaan kagaya ng malalaking puno, bato o mga anyong tubig na nagsisilbing hangganan ng mga gawaing ito.

Noong Marso 2016, nagkaroon ng malaking sunog sa bundok Apo. Agarang tumulong ang mga Ubo-Manobo sa pag-apula ng sunog para mahinto io at hindi kumalat. Nagsagawa rin sila ng ritwal para hingin ang tulong ni Apo *Manama*, ang kinikilalang Diyos ng mga Ubo-Manobo. Dahil sa ritwal, umulan at tuluyang naapula ng sunog sa bundok.

Ayon kay Datu⁶ Eduardo Banda, kinatawan ng mga Ubo-Manobo sa bayan ng Magpet sa Hilagang Cotabato, ang bundok Apo na saklaw ng lupaing ninuno ng mga Ubo-Manobo ang pinagkukunan ng mga katutubo ng mga pang-araw-araw nilang pangangailangan kaya mahigpit din itong inaalagaan.

Sa kalakhang bahagi ng bundok ipinagbabawal ang pangangaso, pagsusunog o pagpuputol ng mga puno. Pero mayroong lugar na itinakda ang mga matatanda, sa paanan ng bundok Apo kung saan pinahihintulutan ang mga Ubo-Manobo na magsagawa ng pagsasaka, pagkuha ng mga ligaw

Sa kasalukuyan ay nagpapatubo ng mga punla ng mga puno ang mga Ubo-Manobo para itanim sa mga bahagi ng bundok na naapektuhan ng sunog.

Sa loob ng lupaing ninuno, mayroong mga tanging lugar sa kagubatan na naitakda kung saan maaaring kumuha ang mga mamamayan ng mga troso na ginagamit sa pagpapatayo ng kanilang mga bahay. Mayroon din silang kinikilala at pinangangalagaang mga sagradong lugar na pinaniniwalaang tirahan ng mga espiritu at kung saan ay ipinagbabawal ang lahat ng gawain na maaaring makasira rito.

⁵ Katawagan sa mga pinuno sa ilang mga katutubong pamayanan sa Mindanao.

Ang sistema ng lapat ng mga Maeng sa bayan ng Luba sa lalawigan ng Abra

ibinahagi ni Gng. Josefa Duyao, Nananakman

Ibinahagi ni Gng. Josefa Duyao, Maeng at kinatawan ng Nananakman (*Council of Elders*) ng bayan ng Luba sa lalawigan ng Abra ang katutubong sistema ng pangangasiwa at pamamahala sa kanilang likas na yaman.

Ang *lapat* ay katawagan ng mga Maeng sa kinagawiang pamamaraan ng pangangalaga, pagpapanatili, pagpapaunlad, at pamamahala ng lupaing ninuno kasama na ang mga anyong lupa, anyong tubig, likas na yaman at samu't saring buhay na nakatira sa mga ito. Ayon sa kaniya, ang *lapat* ay sakop ng katutubong batas ng mga Maeng na kolektibong pinaiiral at ipinapatupad ng mga mamamayan, pamahalaang lokal at iba pang ahensya ng pamahalaan. Ito rin ay kinikilala ng *Department of Environment and Natural Resources* (DENR).

May dalawang (2) uri ng *lapat* - ang pangkalahatan at ang natatanging *lapat*. Ang pangkalahatang *lapat* ay ipinatutupad sa kabuuang lupaing ninuno ng mga Maeng. Kabilang dito ang pagbabawal ng pagpasok ng mga hindi kasapi ng pamayanan sa nasasakupan ng mga Maeng para mangaso, pumutol ng kahoy, manghuli ng mga isda, kumuha ng mga halamang gamot at iba pa. Ang mga mamamayan ang may responsibilidad na subaybayan ang mga kaganapan sa kanilang nasasakupan.

Ang natatanging *lapat* ay ipinatutupad para mas mapangalagaan ang mga partikular na likas na yaman sa loob ng lupaing ninuno na nanganganib maubos o nauubos na katulad ng yantok. Para hindi tuluyang maubos ang yantok, nagtakda ng patakaran ang mga Maeng na isang beses lamang sa isang taon pwedeng kumuha ng yantok. Sa naitakdang petsa, sabay-sabay na nangunguha ng yantok sa gubat ang mga representante ng bawat pamilyang nangangailangan ng yantok upang gawing basket, pantali ng mga bahay at iba pang mga paggagamitan. Ang dami ng yantok na kukunin ng bawat isa ay limitado sa kung gaano karami ang kayang buhatin nga bawat isa pauwi. Sa ganitong paraan ay masisigurado ang muling pagdami ng yantok at natutustusan ang pangangailangan ng mga tao sa pamayanan.

Para malaman ng mga tao na naka-*lapat* ang isang likas na yaman ng pamayanan, naglalagay ng palatandaan ang mga matatanda. Isang halimbawa ng palatandaan ang pag-uukit ng salitang '*lapat*' sa isang malaking bato na kasama ang saklaw ng

hangganang ng likas na yaman na napapangalagaan. Ang palatandaan ay nagsisilbi ring babala sa mga tao na ipinagbabawal ang pagsasagawa ng anumang gawain na maaaring makasira sa likas na yaman.

Kapag may mga nagawang paglabag sa mga ipinatutupad na batas ng *lapat* ay karaniwang pinarurusahan ng mga nakatatanda sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng serbisyo para sa sa pamayanan. Isang halimbawa nito ang paglilinis sa mga daanan.

Kasama rin ang mga kagubatan sa pinangangasiwaan ng mga Maeng. Upang matustusan ang pangangailangan ng mga mamamayan sa pagpapatayo o pagpapasaayos ng bahay ay pinahihintulutan ang mga nangangailangan na pumutol ng punong kahoy sa kagubatan. Subalit, ang bilang ng kahoy na puputulin ay limitado lamang upang maiwasan ang pagkaubos nito. Isa sa pinakabagong ordinansa ng lokal na pamahalaan para mapanatili ang dami ng punong kahoy sa pamayanan ay kinakailangang magtatanim ng sampung (10) punla ng punong-kahoy bago maaprubahan ang aplikasyon ng magpapakasal.

Para maisalin sa mga susunod na salinlahi ang mga kinagawiang pamamaraan at masiguro na mapangasiwaan ang mga likas na yaman sa lugar, itinuturo rin ang konsepto ng *lapat* sa mga paaralan bilang bahagi ng pagpapatupad ng *Indigenous Peoples Education* (IPEd) ng Kagawaran ng Edukasyon (*Department of Education*, DepEd)





Kaugnay sa pangangalaga sa Bundok Apo, nagbigay karagdagang impormasyon si G. Roldan Babelon, mas kilala sa tawag na Datu Brunz, kinatawan ng *vansa* (*subtribe*) Kirenteken, Erumanen ne Menuvu mula sa pamayanan ng Baroyon, Hilagang Cotabato, na ang orihinal na pangalan ng bundok Apo ay Apu Sendawa. Malaki ang pagpapahalaga ng mga Erumanen ne Menuvu sa bundok sapagkat dito idinaos ang ikalawang *samayaan*, ang taunang pagdiriwang ng pasasalamat para sa masaganang ani. Noong nasusunog ang bundok, nagsagawa ng sabay-sabay na ritwal ang mga Lumad⁷ sa kani-kanilang pamayanan. Ang mga Erumanen ne Menuvu ay nagritwal sa tatlong pamayanan, para tawagin ang ulan. Dahil dito, umulan at naapula ang apoy sa bundok Apo na noo'y lumalawak na ang pinsala.

Tinanong ni Titay Bleyen⁸ Leticio Datuwata, Lambangian at kinatawan ng Mindanao Peoples Peace Movement - Katawhang Lumad (MPPM-KL) sa Maguindanao kay Matikadong Ancong kung ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga katutubo sa lalawigan ng Compostella Valley na bantog sa katawagang '*mining capital*' ng Mindanao. Tinanong din niya kung may mga hakbang na nagawa na o ginagawa ang mga Mansaka para mapangalagaan ang lalawigan laban sa pagmimina.

Sinang-ayunan ni Matikadong Ancong ang pahayag ni Titay Bleyen Cio na ang lalawigan ng Compostella Valley ay ang tinaguriang *mining capital* ng Mindanao. Ngunit sinabi niya na ayon sa kanilang karanasan, wala pang yumaman sa mga Mansaka dahil sa pagmimina. Ibinahagi rin niya na sa kasalukuyan ay may mga aplikasyon na ng mina sa bundok Candalaga na itinuturing na sagradong lugar ng mga katutubo. Isang paraan para hindi mamina

ang bundok ay ang pagkilala rito bilang *Indigenous and Community Conserved Area*. Nagpatupad din ang lokal na pamahalaan ng ordinansa na nagbabawal ng pagmimina sa bayan ng Maragusan para paigtingin ang pangangalaga ng lupaing ninuno ng mga Mansaka. Sa pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan, sinusubaybayan din ng Limpong nang Mangkatadung ang mga kaganapan sa bundok at sa nasasakupang lupain para masiguro na walang lumalabag sa mga batas na naipapatupad.

Nagtanong si Bb. Daguitan kung paano pinapahalagahan ng mga mamamayan ang kakayahang tawagin ang ulan sa pamamagitan ng ritwal. Nagtanong din siya kay Gng. Duyao kung paano nagkaisa ang mga Maeng sa Abra mabisang ipinapatupag ang *lapat*.



⁷ Kolektibong katawagan na tumutukoy sa mga katutubong mamamayan sa Mindanao.

⁸ Katawagan ng pamayanang Téduray at lambangian sa katulong ng Timuay Labi, ang pinakamataas na pinuno ng pamayanan, sa pagpapatupad sa kanyang tungkulin.

⁹ Katawagan sa mga kinikilalang pinuno ng mga Tagakaulo sa lalawigan ng Sarangani.

Ipininahayag ni Datu Ed na bukod sa pagtawag sa ulan, may kakayahan din ang mga Ubo-Manobo na pahintuin ito. Gayunpaman, ang kakayahang ito ay nagagawa lamang ng mga piling tao. Upang paniwalaan ng iba, kailangan nilang maranasan o masaksihan sa pamamagitan ng isang tunay na pangyayari katulad ng pagkaapula ng sunog sa budok Apo.

Ibinahagi rin ni Matikadong Ancong na may isang malakas na bagyo ang hindi tumama sa bayan ng Maragusan dahil sa pagsasagawa ng ritwal ng mga katutubong Mansaka. Ang mga tunay na pangyayaring ito ay nagpapakita kung gaano kalakas ang paniniwala at pananampalataya ng mga katutubo.

Para kay Gng. Josefa Duyao, nagkakaisa ang mga Maeng sa Abra sa kadahilanang sila ay iisang tribo na nagpapairal ng iisang kultura at tradisyon. Ang pagpapatupad ng sistema ng *lapat* ay isang pamamaraan para pagbuklurin ang mga mamamayan. Ang pamamaraang ito ay patuloy na nililalang at pinapaunlad ng mga Maeng para angkop sa kasalukuyang sitwasyon.

Tinanong ni Gng. Priscilla Buay-Marquiala, Subanen at kinatawan ng Bansa Subanen Phenanud tu Betaren di Baganian Penenzula Inc., kung kailangang palakihin muna ang mga itinanim na mga

puno bago mabigyan ng pahintulot na magpakasal ang mag-asawa. Bilang tugon sa tanong, sinabi ni Gng. Duyao na ang pagtatanim ng puno ay bahagi ng responsibilidad ng mga Maeng sa pamayan at hindi na kailangang hintayin ang paglaki nito. Ito ay ipinapatuad ng *Local Civil Registry Office* (LCRO) upang ipaalala sa kanila ang kanilang responsibilidad at bilang isang kailangan bago ibigay ang katibayan ng pagpapakasal ng mag-asawa.

Ibinahagi naman ni Matikadeng⁹ Leo Ingay, Tagakaulo mula sa bayan ng Malungon sa lalawigan ng Sarangani, na ang mga Tagakaulo at Mansaka ay may kaugnayan sa kasaysayan, paniniwala, ispiritwal, ekonomiya, at kalikasan. Ipinahayag niya na tulad ng mga Mansaka, mayroon ding pinaniniwalaan ang mga Tagakaulo na sagradong bundok—ang Tanggali. Ang bundok ay pinaniniwalaan nilang tirahan ni *Lumabet*, ang iniidolo o pinapaniwalaang propeta ng mga Tagakaulo, na ipinadala ni *Magbabaya*, ang kinikilalang Diyos ng mga Tagakaulo, para sila ay bantayan. Tinanong niya si Matikadong Ancong kung tulad ng mga Tagakaulo ay may iniidolo rin ang mga Mansaka.

Ayon kay Matikadong Ancong, walang iniidolo ang mga Mansaka pero naniniwala sila na sila ay inilagay ni *Magbabaya*, ang kinikilalang Diyos ng mga Mansaka, sa bayan ng Maragusan para pamahalaan ang teritoryo kasama ang bundok Candalaga.





Katutubong Pamamaraan ng Agrikultura: Mga Hamon at Pamamaraan ng Pag-unlad

Facilitator: G. Normindo Mosella

Gahak: katutubong sistema ng agrikultura ng mga Ayta-Abellen sa Cabangan, Zambales

ibinahagi ni G. Salvador Dimain, Maporac Ayta Organization (MAO)

Ibinahagi ni G. Salvador Dimain na mas kilala sa tawag na tatay Badong, Ayta-Abellen at kinatawan ng Maporac Ayta Organization ng Cabangan Zambales ang katutubong pamamaraan ng agrikultura ng mga Ayta-Abellen na tinatawag na *gahak* na kadalasang ginagawa sa dalisdig ng mga bundok o sa mga burol na hindi gaanong matarik. Ang pamamaraan ito ay kanyang binigyang diin upang itama ang maling paniniwala ng pamahalaan na ang *gahak* ay mapanirang gawain ng mga katutubo sa kabundukan. Ayon sa kanya, ang sistema ng *gahak* ay nagpapakita ng malapit na ugnayan sa kalikasan ng mga Ayta-Abellen na may kakayahang magpanumbalik ng luntiang kabundukan at kapaligiran. Ito ay dahil pagkatapos gamitin ng mga katutubo ang lupa, sumisibol ang iba't-ibang uri ng halaman at puno sa pinagsagawaan ng *gahak*.

Para sa mga Ayta-Abellen, ang agrikultura ay karugtong ng buhay sapagkat dito umiikot ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ginagamit din ng mga matatanda ang *gahak* para linangin ang kamalayan ng mga kabataang Ayta-Abellen sa ugnayan ng tao at kalikasan, katutubong kultura at tradisyon. Bahagi ng tradisyon ng mga Ayta-Abellen ang paggawad ng bahagi ng lupain sa mag-aasawa para makapagsimula ng *gahak*.

Proseso ng gahak

Ang unang isinasagawa ay ang pagpili ng ama o magiging ama ng tahanan ng lugar kung saan isasagawa ang *gahak* na kadalasang ginagawa sa buwan ng Enero. Ang ilan sa mga kailangang isaalang-alang sa pagpili ng lugar ay ang pagiging madawag ng paligid, magandang kondisyon ng lupa, walang gaanong dami ng malalaking puno

at malapit sa mapagkukunan ng tubig. Bahagi ng pagpili ng lugar ay ang paghingi ng pahintulot kay Apo Balandang, ang kinikilalang tagapangalaga ng kapaligiran ng mga Ayta-Abellen sa pamamagitan ng paglagay ng *batoihan* o palatandaan ng pagpayag na gagawing *gahak* ang lugar. Isang halimbawa ng palatatandaan ay ang hindi paggalaw o pag-iba ng posisyon ang inilagay na pananda na maaaring isang piraso ng kahoy o bato.

Pagkatapos mabigyan ng pahintulot ang nagbabalak gumawa ng *gahak*, magsasagawa ng *manyarah* o panimulang *paggahak* sa buwan ng Marso kung saan tinatabas ang mga damo sa napiling lugar at hinahayaang matuyo. Ang mga punong nasakop sa gagawing *gahak* ay hindi pinuputol dahil ang mga ito ay magsisilbing balag ng mga pananim. Pinuputol lamang ang mga sanga ng mga puno upang ang mga itanim ay makakuha ng sapat na sinag ng araw. Kapag ang mga damo ay tuyo na, magsasagawa ng pagsusunog na binabantayan upang hindi kumalat ang apoy sa bundok. Pagkatapos ng pagsusunog ay iniipon at inilagay sa gilid ang mga sanga ng mga kahoy na hindi nasunog upang magsilbing balag ng mga pananim at bakod ng *gahak* samantalang ang abo naman ay magsisilbing pataba sa lupa. Tinatawag ang prosesong ito na *pagdodolok*.

Bago dumating ang tag-ulan, nagsisimula ng magtanim sa *gahak* ng mga pananim tulad ng mais, gabi, sitaw, patola, okra at iba pang gulay sa huling dalawang (2) linggo ng Abril. Ang mga pananim na ito ay tinatawag na *ingabok*. Pagsapit ng unang patak ng ulan sa buwan ng Mayo, ang pinakamatanda sa pamayanan ay nagsasagawa ng ritwal ng pagpapala na iniaalay kay Apo Namalyari, ang kinikilalang Diyos ng mga Ayta, para sa pagkakaroon ng masaganang ani. Susundan ito ng malawakang pagtanim



ng palay sa *gahak* na tinatawag na *pangehad* na kolektibong ginagawa ng mga magkakamag-anak. Sa pagtatanim, nauuna ang mga lalaki para gumagawa ng butas sa lupa (*mamahol*) gamit ang pinatulis na kawayan o kahoy; sinusundan sila ng mga babae na sila namang naglalagay ng mga binhi ng palay sa butas sa lupa (*mamopol*).

Kasabay ng pagtubo ng mga pananim sa *gahak* ay ang pagtubo rin ng mga damo sa paligid ng mga ito. Kapag masyado nang madamo ang *gahak*, nagsasagawa ng paghahawan ang may-ari nito na tinatawag na *olian*. Ang pagtatanggal ng mga damo ay pamamaraan para mabungkal ang lupa sa paligid ng mga pananim at mapabilis ang pagkuha ng sustansya ng mga pananim mula rito.

Ang mga insekto at mga daga na naninira sa mga pananim ay sinusugpo ng mga Ayta-Abellen sa pamamagitan ng pagbabad ng mahabang lubid sa katas ng mga halaman na pinroseso ng mga katutubo. Pagkatapos maibabad ay hinahawakan ito ng dalawang tao sa magkabilang dulo ng taniman at sabay na hihilain upang maikalat ang natural na pestisidyo. Kung mga ibon naman ang problema ay gumagamit ang mga Ayta-Abellen ng baging na may magkakarap na kawayan para paalisin ang mga ito.

Habang hinihintay ang pagkahinog ng butil ng palay ay paunti-unti nang inaani ng may-ari ang mga *ingabok* na pananim para sa pang-araw-araw na kailangan ng pamilya. Ang mga piling binhi ng mais, sitaw at iba pang gulay ay isinasabit sa itaas ng lutuan upang hindi sirain ng bukbok o di kaya ay amagin.

Kapag nahinog na ang mga palay, karaniwang gumagawa ng pinipig ang mga Ayta-Abellen sapagkat ito ang iniaalay sa mga anito sa pagsasagawa ng ritwal bilang pasasalamat sa bagbabantay nila sa *gahak*. Tulad ng pagtatanim, kolektibo ring isinasagawa ang pag-aani (*mangalot*) ng mga magkakamag-anak. Gumagamit sila ng karit o *gamlang* depende sa uri ng palay na itanim. Pagkatapos ng anihan ay inihihiwalay sa tangkay ang mga butil ng palay sa pamamagitan ng manu-manong pagtapak ng paa sa mga nakabigkis na inani bago ibinibilad sa init ng araw para matuyo para mailagak sa kamalig.

Sa sistema ng agrikultura ng mga Ayta-Abellen ay makikita ang kultura ng pagbibigayan sapagkat hinahatian ng may-ari ang mga taong tumulong sa pagtatanim at pag-aani ng palay sa *gahak*.

Kalaanan o dating kaingin

Kadalasan, pagkatapos ng tatlo (3) hangang apat (4) na taon ng tuloy-tuloy na pagtatanim sa *gahak*, unti-unting bumababa ang laki at dami ng bunga ng mga pananim. Ito ay nagsisilbing palatandaan sa mga Ayta-Abellen na nababawasan na ang sustansya ng lupa. Kpag napansin na nila itong kalagayan, pinapahinga nila ang lupain at pinapabayaang para muling tumubo ang mga damo at kahoy sa sa lugar. Pagkaraan ng apat (4) na taon ay ay maaari na ulit balikan ang lugar para sakahin. Ito na ngayon ay tinatawag na *kalaanan*. Upang hindi anurin ng ulan ang lupa at sustansya nito, baha-bahagdan (*contour*) ang uri ng pagsasaka na ginagawa dito bago tinataniman ng mga pananim.

Ang pamamaraan ng agrikultura ng mga Pidlisan sa bayan ng Sagada sa Mountain Province

ibinahagi nina Bb. Kareen Martinez at Lilian Briones, Pidlisan Tribe Organization (PITO)

Ang pamamaraan ng pagsasaka na ginagamitan ng patubig na ipinatutupad ng mga Pidlisan¹⁰ at maging ang iba pang lugar sa Sagada ay ipinaliwanag nina Bb. Kareen Martinez at Lilian Briones, mga kinatawan ng Pidlisan Tribe Organization (PITO) sa bayan ng Sagada sa Mountain Province.

Ang mga palayan o *payew* ang isa sa pinakamahalagang anyong lupa sa pamayanan sapagkat dito nagmumula ang ikinabubuhay ng mga mamamayan at ito rin ay nagsisilbing tahanan ng samu't-saring buhay. Isinasagisag din nito ang kultura sapagkat ang mga gawain sa *payew* ang nagiging batayan ng mga matatanda sa pagsasagawa ng mga ritwal sa pamayanan.

Upang ipaliwanag ang paraan ng pagsasaka ng mga Pidlisan, inilahad muna nila ang ang kasaysayan ng paggawa ng mga palayan. Gamit ang pinatulis na mga matitigas na kahoy na kinuha pa ng mga *umili* o mamamayan sa mga kabundukan ay gumawa sila ng mga palayan sa paligid ng bundok na malapit sa pinagmumulan ng tubig at sinimulang sakahin ang mga ito. Nang dumating ang mga Amerikano taong 1900 ay natuto ang mga tao na linangin ang mga labis na bakal mula sa *sawmill* na ipinatayo ng mga dayuhan at kanilang pinanday para makagawa ng ilang mga kagamitan sa pagsasaka.

Noong taong 1950 hangang 1960 ay pinalawak ng mga Pidlisan ang saklaw ng mga sinasakang mga palayan dahil sa pagdami ng mga tao sa pamayanan. Sa kolektibong pagtutulungan ng mga *umili*, gumawa rin sila ng irigasyon para matustusan ang patubig na kailangan ng mga palayan. Ang paggawa ng irigasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng *chang-as*¹¹ at sinabayan ng pagsasagawa ng ritwal upang walang masamang mangyari sa mga gumagawa nito at sa paniniwalang mas magiging matibay ang gagawing irigasyon. Ang irigasyon ay pinapamahalaan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapairal ng sistema ng *lampisa*¹² na hanggang sa kasalukuyan ay ipinatutupad.

Sa kasalukuyan, bukod sa mga pinanday at nabiling mga kagamitan at kalabaw ay gumagamit na rin

ng mga makabagong kagamitan sa pagsasaka sa pamayanan tulad ng kuliglig na ginagamit sa pag-aararo ng palayan at tagagiik (*thresher*) naman para mahiwalay ang palay sa tangkay nito.

Sinusundan ng mga mamamayan ang *agricultural calendar* na nakabatay sa yugto ng mga gawain sa palayan at mga kinaugaliang gawain sa agrikultura sa kanilang pagsasaka. Ang pagsasabay-sabay ng mga gawain sa mga palayan ang nagbibigay daan sa pagtutulungan sa trabaho ng mga *umili* at pamamahala ng mga peste sa palayan. Ang mga gawain sa palayan ay karaniwang nagsisimula sa buwan ng Oktubre kung saan nililinis ng mga mayari ang mga damo sa paligid ng mga palayan. Ang mga damong tinabas ay itinatambak sa mga palayan para mabulok at nagsisilbing pataba sa lupa. Kasabay nito ay inihahanda rin ang mga punlaan kung saan ipapatubo ang mga binhi ng palay na karaniwang isinasabog sa buwan ng Nobyembre. Inaayos din ang mga pilapil at sirang mga bahagi ng palayan. Inaasararo, sinusuyod, at pinapatag ang lupa para handa sa paglilipat-tanim ng mga punla ng mga palay sa buwan ng Enero. Pagkatapos ng pagtatanim ng palay ay ipinapaubaya ang mga palayan sa mga taong naatasang magpatupad ng *lampisa* para masigurado na patas ang pamamahagi ng patubig sa mga palayan na sakop ng teritoryo. Kasabay ng pagpapanatili sa tubig sa palayan ay ang pagpapalit ng mga namatay na punla ng palay at pagtatanggal sa mga damo na tumubo sa mga palayan.

Sa buwan ng Abril ay nagsasagawa ng muling paglilinis ng mga tumubong damo sa paligid ng palayan at pagpupuksa ng mga daga na namahay sa mga paligid ng palayan. Kung nagsisimula nang mahinog ang mga palay ay naglalagay ang mga mayari ng lason para sa mga daga at mga panakot sa ibon sa paligid ng mga palayan. Inaatasan din ang mga bata na itaboy ang mga ibon sa pamamagitan ng pag-iingay sa palayan gamit ang mga lata para hindi lumapit ang mga ibon sa mga palay. Ito ay tinatawag sa pamayanan na *bewew*.

Bukod sa pagsasabay-sabay ng mga gawain sa palayan, isa sa mga pamamaraan na ginagawa ng mga mamamayan upang makontrol ang pinsala ng

¹⁰ Kolektibong katawagan sa mga mamamayan ng barangay Fidelisan, Aguid, Pide at Bangaan.

¹¹ Katawagan sa kolektibo at kusang loob na paggawa ng isang gawain ng mga mamayan.

¹² Katawagan sa katutubong sistema ng pamamahala sa irigasyon at pamamahagi ng patubig.



daga, ibon o peste ay ang pagpapalit-palit ng mga klase ng palay na itinatanim na naangkop sa lugar na pagtataniman.

Pagdating ng buwan ng Hunyo ay nagsisimula na ang anihan sa pamayanan. Depende sa uri ng palay na itanim, maaaring isagawa ang pag-aani sa pamamagitan ng pagputol sa pito (7) hanggang walong (8) pulgadang tangkay ng palay gamit ang *lakem*¹³ at binibigkis sa pamamagitan ng yantok. Sa kasalukuyan ay karaniwang ginagapas at ginigiik na ng mga mamamayan ang mga palay bago pinatutuyo ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) araw bago iniimbak.

Sa mga pangunahing yugto ng agrikultura, pinangungunahan ng mga nakatatanda ang pagsasagawa ng mga ritwal sa pamayanan para masigurado na magiging maganda ang ani ng taon. Sa buwan ng Agosto ay nagsasagawa ang mga taga-Pidlisan ng *begnas*¹⁴ *di lakat* (ang *lakat* ay salitang Kankana-ey na nangangahulugang bagong taon) na magiging hudyat sa pagsisimula ng *agricultural cycle* sa pamayanan. Sa buwan ng Nobyembre ay nagsasagawa ang pamayanan ng *pakden di pangat*, isang ritwal na isinasagawa bago ang pagsasabog ng mga binhi sa mga punlaan para maging malusog ang mga binhi. Kapag tumubo na nang kaunti ang

mga binhi ay nagkakaroon ng *begnas di yabyab* (ang *yabyab* ay salitang Kankana-ey na nangangahulugang pagtubo ng mga binhi) ang pamayanan para maging maganda ang tubo ng mga punla. Bago ang pagtatanim ng palay sa buwan ng Disyembre ay nagsasagawa ng *wange*, isang ritwal na isinasagawa bago ang paglilipat-tanim para magiging maganda ang tubo ng mga punla. Pagkatapos ng paglilipat-tanim ay nagsasagawa ng ritwal na tinatawag na *pakden di inana* bago ang *begnas di inana* (ang *mana* sa salitang Kankana-ey ay nangangahulugang pamamahinga) ang upang ipagdiwang naman ang pagtatapos ng pagtatanim at upang hingin kay *Kabunyan* ang proteksyon ng pananim mula sa mga mapaminsalang peste, hayop o kaya ay kalamidad ang masaganang ani.

Bago ang anihan sa buwan ng Hunyo ay nagsasagawa ng ritwal na tinatawag na *pakden di latab* bago ang pagsasagawa ng *begnas di latab* na siyang magtatanda sa pagtatapos ng anihan at para hilingin kay *Kabunyan* na sapat ang aning palay sa pangangailangan ng pamayanan sa buong taon.

Ang mga nabanggit ay ang mga regular na ritwal na isinasagawa sa pamayanan at nag-aambag sa pagpapanatili ng pagkakaisa ng mga *umili*.

¹³ Kagamitan na ginagamit sa pag-aani ng palay.

¹⁴ Pangunahing pagdiriwang sa pamayanan na umaabot ng tatlo (3) hanggang pitong (7) araw na nagpapahiwatig ng mga pangunahing gawain sa agrikultura at upang humingi ng gabay at proteksyon kay *Kabunyan*, ang kinikilalang diyos ng mga katutubo sa Kordilyera.



Tinanong ni Datu Matata-u ang mga pamamaraan ng mga katutubo sa Kordilyera sa pagpapanatili ng mga hagdan-hagdang palayan hanggang sa kasalukuyan. Ayon kay G. Francisco Cayasen, Maeng ng Tubo sa lalawigan ng Abra, may tatlong (3) kadahilanan kaya napanatili ang mga palayan. Sa kasaysayan, may panahon na ang pagkakaingin ang pangunahing pinagkukunan ng pagkain ng mga katutubo hanggang sa napagtanto nila na kailangan ng tuloy-tuloy na pinagkukunan kaya nila ginawa ang mga palayan. Dahil ang pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga katutubo, napapangalagaan at napapamahalaan nila ang mga ito. Ikalawa, sa paggawa ng mga palayan ay sinigurado nila na matibay ang pagkakagawa para magamit ng mga susunod na salinlahi at kolektibo ring nagsasagawa ng mga pagkukumpuni sa mga patubig. Ang ikatlong kadahilanan ay ang pagsasagawa ng mga ritwal sa bawat yugto ng agrikultura para hilingin kay *Kabunyan* ang masaganang ani at pagpapanatili sa mga palayan sapagkat ito ang pinagmumulan ng kanilang kabuhayan.

Ang inilahad ni G. Cayasen ay pinatotohanan ni Tatay Badong at sinabi na sa paggawa at pagpapanatili ng mga palayan ay nakaagapay ang kultura, tradisyon at paniniwala ng mga katutubo bukod sa pagsisigurado na matibay ang pagkakagawa sa mga ito para hindi madaling gumuho.

Tinanong ni G. Berino Sumin, mas kilala sa tawag na Datu Boy, Tinananen Manobo at kinatawan ng Manobong Lumadnong Panaghiusa (MALUPA)¹⁵ sa Salasag, Hilagang Cotabato, kay tatay Badong kung may mga interbensiyon ba ang lokal na pamahalaan sa organikong pagsasaka.

Para sa mga Ayta-Abellen ng Zambales, ang *gahak* ay isang paraan ng organikong agrikultura dahil hindi sila gumagamit ng mga kemikal na pataba at pestisidyo. Ang tradisyunal na paraan ng mga katutubo sa agrikultura ay kinikilala na ng pamahalaan. Subalit, sa halip na tulungan ang mga katutubo na palakasin at paunlarin ang mga ito mga pamamaraang ito ay patuloy ang kanilang panghihikayat sa mga banyagang namumuhunan sa bansa na silang nagpapakilala sa mga mamamayan

ng mga sentitikong pataba, pestisidyo at pamatay-insekto na isa sa mga dahilan sa pagkasira ng kalikasan.

Ang paraan ng mga Ayta-Abellen sa pagtatanim ng palay ay katulad din ng sa mga T'boli at iba pang mga katutubo sa bansa. Dahil dito, ipinanukala ni Boi Rosie na palakasin ng mga katutubo ang mga paraang ito sa mga pamayanan at ituro sa mga susunod na salinlahi upang may sumalo sa mga kaalaman, karunungan at kasanayan sa pagsasaka.



Ibinahagi naman ni G. John Mart Salunday, Tagbanua at kinatawan ng Nagkakaisang mga Tribu sa Palawan (NATRIPAL), na sa kanilang lalawigan ay may ordinansa na nagbabawal sa *uma* o pagkakaingin. Ito ay tinututulan ng NATRIPAL sapagkat ang pag-uuma ay bahagi ng kultura ng mga Tagbanua at isinasagawa sa pamamagitan ng kinaugaliang pamamaraan. Siya ay nagtanong sa mga nagbahagi kung ang mga pamamaraan ng pagsasaka ay nakapaloob sa *Ancestral Domain Sustainable Development Protection Plan (ADSDPP)*¹⁶ ng Zambales at Sagada na maaaring tularan o pagmulan ng kasanayan ng mga katutubo sa Palawan.

Ibinahagi ni Bb. Daguitan, na ang organikong pagsasaka ay isinasagawa rin sa palayan ng mga Pidlisang ngunit hindi napapaunlad dahil sa kawalan ng suporta ng pamahalaan. Isang hamon sa PITO at sa pamayanan na ipabatid sa pamahalaan ang katutubong kasanayan ng mga Pidlisang upang maisama sa pagbubuo ng ADSDPP.

Ayon kay Tatay Badong, ang mga pamamaraan at kasanayan na pinaiiiral sa mga pamayanan ay matagal na panahon na nilinang ng mga katutubo ngunit hindi naitatala. Sa pagpapatupad ng batas sa pagbubuo ng ADSDPP sa mga katutubong pamayanan, kinailangan ng isulat ang mga pamamaraang ito. Sa Zambales, ang mga ibinahagi niyang katutubong pamamaraan ng pangangasiwa ng lupaing ninuno mga Ayta-Abellen ay nakasama sa pagbubuo ng ADSDPP. Subalit ang mga ito ay kailangang palakasin sapagkat unti-unti na ring nawawala.

Ipinaliwanag naman ni G. Salunday na kapag ang lupaing ninuno ang pinag-uusapan, nagkakaisa ang mga katutubo ng paniniwala na kahit wala ang pormal na paggawad ng titulo ay komunal nilang pag-aari ang lupain. Subalit sa usapin ng pamahalaan at mga katutubo, ang labanan ay umiikot sa mga batas na ipinatutupad ng pamahalaan. Ang ADSDPP ay isang instrumento na naglalaman ng mga katutubong kasanayan na pinapatupad ng mga katutubo sa loob ng lupaing ninuno. Isang halimbawa ay ang pagkakaingin ng mga katutubo sa Palawan na tinitignan ng pamahalaan na isa sa mga sanhi ng pagkasira ng kalikasan kaya ipinagbawal ito. Ang lalawigan ay nagpatupad din ng natatanging batas na tinatawag na *Strategic Environmental Plan (SEP) for Palawan Act* upang pangalagaan ang lalawigan na kilala rin sa bansag na *'last frontier'* ng Pilipinas na maaari raw maging *'lost frontier'* kapag ipinagpatuloy ng mga katutubo ang mga mapanirang gawain sa mga kabundukan. Dahil dito, ang mga nagawa at ginagawa ng NATRIPAL ay ang paggigiit sa mga sangay ng pamahalaan na ang katutubong pamamaraan ng Tagbanua ay hindi nakakasira sa kalikasan. Kapag tuluyang ipinagbawal ng pamahalaan ang katutubong pamamaraan ng pagsasaka, maaaring maging dahilan ito ng pagkawala ng kultura ng mga katutubo sa Palawan.

Ayon sa kanya, ang pagpapatupad ng mga katutubong pamamaraan ay magkaiba sa rehiyon ng Kordilyera, Palawan at sa Mindanao. Sapagkat karamihan sa mga namumuno sa Kordilyera ay katutubo rin, nakakayanang maigiit ang kanilang kultura at tradisyon. Sa Palawan, hindi nagkakaroon ng posisyon ang mga katutubo sa pamahalaan. Kamakailan lang ay nagkaroon ng kinatawan ng mga katutubo na pinaupo—ang *Indigenous Peoples' Mandatory Representative (IPMR)*.¹⁷

Ibinahagi naman ni tatay Badong na sa kanilang pamayanan ay hindi pa nakapagpapaupo ng IPMR sapagkat hindi pa nakapagpalabas ng alituntunin ang lokal na pamahalaan ng Zambales para rito. Diniinan niya na ang IPMR na uupo sa pwesto ay kailangang may alam sa kultura, tradisyon at katutubong batas ng mga katutubo sapagkat karamihan sa mga IPMR ay hinihirang ng Alkalde ng bayan.

Nagbahagi naman si Matikadeng Leo ng karanasan ng mga Tagakaulo sa *pawa* o pagkakaingin kung saan ipinapahuli ng pamahalaan ang mga katutubo na nagsasagawa ng katutubong pamamaraan ng agrikultura samantalang hinahayaan ang mga



kompanya na nagtrotroso at lantarang namumutol ng mga puno sa kabundukan na sakop ng lupaing ninuno ng mga katutubo. Kaugnay nito, tinanong niya kung paano mapagkakasundo ang mga katutubong batas at mga batas ng pamahalaan. Nilinaw din niya kay Bb. Martinez kung ano ang mga pataba na ginagamit sa pagsasagawa ng katutubong pagsasaka sa Fedilisan.

Ayon kay tatay Badong, kung mayroong kaugnayan sa pangangalaga sa kalikasan ang mga katutubong batas, pamamaraan at gawain at nakakatulong sa pamamahala at pangangalaga sa kalikasan ay kinikilala na ng Pambansang Komisyon pasa sa Katutubong Pamayanan (*National Commission on Indigenous Peoples*, NCIP) at ng Kawanihan ng Pamamahala sa Sari-saring Buhay (*Biodiversity Management Bureau*, BMB) ng DENR.

Para mapanatili ang matabang lupa ng mga palayan, ibinahagi ni Bb. Martinez na ang mga dumi ng mga hayop ang nagsisilbing pataba ng mga palay. Gamit ang iba't ibang halaman sa kapaligiran, nagproproseso rin ang PITO ng mga karagdagang pataba na ginagamit sa pagsasaka.

Sinang-ayunan ni Datu Ruben Dalimbang, Dulangan Manobo at kinatawan ng Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance (DMTJSG)

sa Lebak, Sultan Kudarat na karamihan sa mga sistema at pamamaraan ng mga katutubo ay hindi pinapahintulutang ipatupad sa mga lupaing ninuno ng pamahalaan. Tinanong niya kung ano ang papel ng NCIP sa nagaganap na komperensya.

Ipinaliwanang ni Datu Ed na ang nagaganap na komperensya ay inisyatiba ng mga konseho ng UPAKAT (Apendise 3) at Tebtebba upang maipakita ang mga magagandang pamamaraan sa pangangalaga, pangangasiwa at pamamahala sa kalikasan na pinapairal ng mga katutubo sa kani-kanilang pamayanan. Ito ay sinang-ayunan ni Titay Bleyen Cio at sinabing ang komperensya ay isang pagkakataon upang magbahaginan ng mga kaalaman, pamamaraan, at kasanayan ang mga katutubong kalahok. Bagamat hindi umaasa ang mga katutubo sa tulong ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga ito, ang NCIP ang sangay ng pamahalaan na dapat ay nakasuporta sa mga pamayanan upang makilala, mapalakas at mapaigting ang mga kinagawiang pamamaraan. Ipinahayag din niya na ang Batas ukol sa Karapatan ng mga Katutubo ng 1997 (*Indigenous Peoples Rights Act*, IPRA) ay binuo para sa pagkilala ng mga karapatan ng mga katutubo at hindi upang sundin ng mga katutubo.





Indigenous Ways of Knowing and Learning (IWKL)

Facilitator: Bb. Florence Daguitan

Bago isinulong ng Kagawaran ng Edukasyon ang *Indigenous Peoples Education* (IPEd) ay may mga ipinatutupad nang pamamaraan ang ilang mga samahan at organisasyon upang maisama ang mga katutubong kaalaman sa pormal na edukasyon. Ipapakita sa panel ang ilang mga inisyatiba na isinasagawa ng ilang mga katutubong organisasyon upang maituro at maisalin ang mga katutubong kaalaman at kultura sa mga sumusunod na salinlahi.

Ang karanasan ng SILDAP-SEM sa pagsasalin ng katutubong kaalaman

Ibinahagi ni Bb. Angelina Baltazar-Ortiz, SILDAP-SEM

Ayon kay Bb. Angelina Baltazar-Ortiz, Mansaka at kinatawan ng Silingang Dapit sa Sidlakang Mindanao–Southeastern Mindanao (SILDAP-SEM), ang SILDAP-SEM ay isang samahang DiPampamahalaan (*non-government organization*) na ang isa sa mga programa ay ang pagbibigay ng kalidad na edukasyon sa mga katutubong mag-aaral sa Mindanao. Ang SILDAP-SEM ay nagsimula noong taong 1982 at sa una ay nagsisilbi sa ilang pamayanan lamang. Noong taong 1985, nagsimula itong magturo sa dalawang pamayanan ng mga Dibabawon sa Okapan at Kimataan, Kapalong, Davao del Norte.

Siya ay nagbahagi sa pinagdaanan ng SILDAP-SEM sa pagtataguyod at pagtuturo ng mga katutubong pamamaraan at kasanayan sa mga katutubo. Ang mga sumusunod ang mga ligal na batayan sa pagpapatupad ng katutubong edukasyon:

1. 1987 Saligang Batas ng Pilipinas na nagsasaad ng "pagkilala, paggalang, at pagprotekta ng karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural na pangalagaan at linangin ang kanilang istrakturang kultural, tradisyon at institusyon" (Artikulo XIV, Seksyon 17), kabilang ang katutubong sistema ng pag-aaral (Artikulo XIV, Seksyon 2.4);
2. Batas Ukol sa Karapatan ng mga Katutubo (IPRA) ng 1997 na inatasan ang Estado na "pagkalooban

ng walang kilik at pantay na pagkakataon ang mga katutubong pamayanang kultural/katutubong pamayanan sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon, pampubliko o pribadong mga lupong pangkalinangan, iskolarship, tuong pinansyal at iba pang pabuya nang walang pagtatangi at walang pinsala sa kanilang karapatang magtatag at pamahalaan ang kanilang sistemang pag-edukasyon at mga linangan/institusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa sarili nilang wika, sa isang paraang angkop sa kanilang pamamaraang pangkalinangan sa pagtuturo at pag-aaral" (Seksyon 30); at

3. Ang Deklarasyon United Nations sa mga Karapatan ng mga Katutubo (*United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples*, UNDRIP) noong Setyembre 2007 na nagtadhana ng karapatan ng mga katutubo na "magtatag at mamahala ng kanilang sistema ng edukasyon at institusyong nagbibigay ng edukasyon sa sariling wika, sa pamamaraang naaangkop sa kailang kultural na pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto".

Upang maipatupad ang mga batas na nabanggit, nagpalabas din ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga kautusan:

1. Bilang 62 (*Adopting the National Indigenous Peoples Education Policy Framework*) sa taong 2011 na naglalayong lumikha ng sistema ng edukasyon na inklusibo at may paggalang sa mga katutubong mag-aaral;
2. Bilang 52 (*Guidelines on the Conduct of Activities and Use of Materials Involving Aspects of Indigenous Peoples Culture*) sa taong 2014 na nagbibigay ng ilang mga patnubay upang tiyakin na ang mga *educational resources* na nagtatampok ng kultura ng mga katutubong pamayanan (kabilang na ang mga nasulat/nakalathala tungkol sa kanila) ay sumailalim sa wastong proseso ng paghingi ng pahintulot, tamang pagkilala ng mga kasangkot na pamayanan, at pagpapatunay; at
3. Bilang 32 (*Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework*) sa taong 2015 na naglalayong magbigay ng patnubay sa mga paaralan at iba pang programang pang-edukasyon habang sila ay nakikipag-ugnayan sa mga katutubong pamayanan sa kontekstualisasyon ng K to 12 *Curriculum* batay sa kani-kanilang mga pang-edukasyon at panlipunang konteksto.

1. patuloy na pagkawala ng mga lupaing ninuno kasabay ng pagkasira ng kalikasan dahil sa pagmimina, pagrotroso at plantasyon sa mga lupaing ninuno;
2. unti-unting pagkawala ng katutubong kaalaman at kultura sapagkat hindi ito naisasalin sa mga sumusunod na salinlahi;
3. pagkawala ng kaalaman sa katutubong pamamaraan ng kabuhayan, pagsasaka at katutubong uri ng mga pananim;
4. hindi pagkilala sa mga katutubong karapatan na nagiging dahilan ng pagpasok ng mga namumuhunan sa mga lupaing ninuno;
5. patuloy na pag-mamarginalize sa mga katutubong pamayanan kaya nahihirapang makakuha ng tulong sa pamahalaan;
6. hindi pantay na katayuan ng mga kalalakihan at kababaihan sa pagpapasiya;
7. pagiging biktima ng mga katutubong pamayanan sa mga armadong labanan na nagiging dahilan kaya sila palipat-lipat ng lugar;
8. hindi pagtatapos ng pag-aaral ng mga katutubo dahil sa layo ng mga pampublikong paaralan at kawalan ng pera para sa mga bayarin sa paaralan;
9. impluwesya ng *mainstream* na edukasyon na iba sa kinagisnan ng mga katutubo;
10. laganap na kahirapan kaya hindi nagagawang matugunan ng mga katutubo ang mga pangunahing pangangailangan; at
11. malawakang kakulangan sa pagkain dahil sa epekto ng pabago-bago ng klima.



Ang pagtaguyod ng edukasyon at pagpapatayo ng mga paaralan sa mga pamayanan para sa mga katutubo sa Sidlakang Mindano ay nakapaloob sa mga sumusunod na kalagayan:

pangangailangan ng mga katutubo, ginagabayan ito ng mga prinsipyo. Ang mga ito ay pagdepensa sa lupaing ninuno; pagpapalakas sa tradisyon at mga kinaugaliang pamamaraan; pagbibigay daan sa mga nakatatanda sa pagtuturo at pagsasalin ng

mga katutubong kaalaman at karunungan sa mga bagong henerasyon; paglinang sa mga kaalaman, talino, kaugalian at tradisyon ng mga kabataan, at ang pagtutulungan ng organisasyon, pamayanan at ng SILDAP-SEM sa pangangasiwa sa paaralan.

Sa pagsasakatuparan ng programa ng *Indigenous Peoples Education and Learning System (IPELS)* ng SILDAP-SEM, ang mga katutubong pamayanan na naglalayong magkaroon ng paaralan ay kailangang magsumite ng sulat na nagpapahayag ng kagustuhan na makapagpatayo ng katutubong paaralan, mga kadahilanan kung bakit nila kailangan ito, at ang tungkulin na gagampanan ng samahan. Ang kahilingan ay pagpapasyahan ng *Board of Directors* ng SILDAP-SEM kung ipapatupad o hindi. Kailangan ding kalapin at itala ang mga katutubong kaalaman at pamamaraan ng mga katutubo kung saan itatayo ang paaralan sapagkat ito ang magiging batayan sa pagbubuo ng kurikulum na gagamitin sa paaralan. Ipapalimbag din ang ilan sa mga ito para may magamit sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Sa pagpapatayo ng paaralan, ang disenyo ay kailangan ding nakabatay sa disenyo ng mga bahay ng mga katutubo sa lugar. Mahalaga ring makuha ang pagkilala at suporta ng lokal na pamahalaan at ng Kagawaran ng Edukasyon upang hindi mapagbintangan na hindi makatotohanan ang mga paaralan.

Sa kasalukuyan, ang mga sumusunod ay ang mga pamamaraan at gawain na ipinatutupad ng SILDAP-SEM:

1. pag-oorganisa ng mga katutubo na nakakaalam sa kultura na silang tumatayong *resource persons* tungkol sa mga katutubong kasanayan at kaalaman;
2. pagbubuo ng mga kurikulum kasama ang mga katutubo sa pamayanan na nakapasok sa balangkas ng IPED ng Kagawaran ng Edukasyon. Bukod sa kultura, isinasama sa kurikulum ang kasaysayan ng pamayanan, saklaw ng lupaing ninuno, mga hamon at problema na kinakaharap ng mga katutubo, at mga pamamaraan sa pagpapanatili sa katiwasayan ng lupaing ninuno. Binibigyang diin din ang kahalagahan ng lupaing ninuno na siyang pinag-aangklahan ng kultura;
3. tulong sa mga teknikal na gawain, *lobby* at adbokasiya sa lokal na pamahalaan upang suportahan ang paaralan;
4. pagkilala at paggalang sa mga gawain ng mga katutubong pamayanan at pagsasama sa mga bata sa mga gawain ng pamayanan upang makapagmasid at makibahagi; at

5. pagkakaroon ng pana-panahong pag-aaral at pagtatasa sa kurikulum kasama ang mga guro at mga katutubong pinuno sa pamayanan upang masigurado na ang mga itinuturo ay naaangkop sa pagbabago ng kalagayan ng pamayanan.

Pagkatapos ng mahigit tatlong (30) taon, ang ilan sa mahahalagang nagawa ng SILDAP sa larangan ng katutubong edukasyon ay ang mga sumusunod:

1. pagpapatayo ng labing isang (11) mababang paaralan at pagpapaaral sa mahigit kumulang na 2000 katutubong mag-aaral na galing sa iba't ibang pamayan ng mga Dibabawon, Mangguangan, Mandaya, Mansaka at Ata-Manobo sa timog-silangan ng Mindanao;
2. pagbibigay ng tulong teknikal sa mga katutubong pamayanan upang makapagpatayo ng mga katutubong paaralan;
3. pagiging bahagi sa pagsusulong ng Kautusan Bilang 62 noong 2011 na ang layunin ay ang pagpapatibay ng IPED;
4. pag-ambag ng kaalaman sa Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga karanasan at pagtulong sa pagbubuo ng mga *instructional materials* na ginagamit sa pagtuturo;
5. pagiging bahagi sa adbokasiya na pagpapalaganap at pagtataguyod ng IPED bilang angkop na pamamaraan ng pagtuturo at pagpapalago ng kaalaman sa mga katutubo;
6. pagpapalakas at pagtataguyod ng IKSP sa pamamagitan ng pagtuturo sa katutubong pananalita, awit, sayaw at iba pa;
7. pagbaba ng bilang ng mga maagang nag-aasawa at *drop-out* sa mga paaralan;
8. nabawasan ang bilang ng mga kabataan na lumuluwas sa lungsod upang magtrabaho;
9. karamihan sa mga nakapagtapos ng pag-aaral sa mga ipinatayong paaralan ay nagsisilbing guro o nagiging pinuno sa sariling pamayanan at nakakayanang talakayin ang mga problema, kalagayan at pananaw ng mga katutubo; at
10. ang mga nakapagtapos ay nakikilala sa kahusayan at kadalasang napipili bilang bahagi ng mga katutubong pagdiriwang.

Sa kabila ng mga nagawa na, may mga hamon pa ring na kinakaharap ang mga paaralan. Ang ilan sa mga ito ay:

1. kakulangan sa matatawag na *cultural masters/ skilled leader* partikular sa usapin ng IKSP;
2. limitasyon sa pagbibigay ng *honorarium* sa mga *cultural masters* o *resource persons* sa mga paaralan;
3. pagkaubos ng mga *raw materials* na nakukuha sa kalikasan dahil sa *arts and crafts* kagaya ng yantok at iba pang mga halaman;
4. pagsususpetsa na ang mga paaralan na mapanghimagsik sa kadahilanang bahagi ng kurikulum ang pagtuturo sa mga katutubong karapatan; at
5. kahirapan sa pagkuha ng suporta mula sa lokal na pamahalaan.

Upang matugunan ang mga hamon at mga problema na tinalakay, ang ilan sa mga inisyatiba ng SILDAP-SEM at ang mga pinuno ng mga samahan

sa pamayanan ay ang pakikipagdayalogo sa mga kinatawan ng lokal na pamahalaan, Kagawaran ng Edukasyon at ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas (*Armed Forces of the Philippines*, AFP). Kasama ang mga guro, bumuo rin ng grupo ng mga tagapagsanay sa mga pamayanan na katulong ng mga matatanda sa pagtuturo at pagsasalin ng mga katutubong kaalaman sa mga susunod na salinlahi.


Sa mga darating na mga taon, ipagpapatuloy pa rin ng SILDAP-SEM ang pagtuturo ng mga katutubong karapatan, paggawa at pagpapalaganap ng mga naaayong mga kagamitan sa pagtuturo upang maitaguyod ang katutubong kaalaman, pakikipagtulungan sa mga magulang ng mga mag-aaral sa pagtataguyod ng katutubong karapatan, at paggawa ng mga mekanismo sa pangangalaga at pagsusulong ng katutubong kaalaman.

Ilan sa mga mahahalagang aral na natutunan ng SILDAP-SEM sa pagpapatupad ng IPELS ay ang mabatid na ang edukasyon ay nakahahubog sa mga katutubong kaalaman at pamamaraan ng mga kabataan. Isa rin itong paraan upang makatulong na matugunan ang mga suliranin sa pamayanan lalo na sa pagtatanggol sa lupaing ninuno. Upang makakuha ng suporta sa pamahalaan, kailangan ding isulong ang adbokasiya sa edukasyon para maisama sa *Comprehensive Development Plan* (CDP) ng pamayanan.

Pagpapanumbalik sa pamamaraan ng pagsulat ng mga Tagbanua sa Palawan

ibinahagi ni Rodante Luquisan, Nagkakaisang mga Tribu ng Palawan (NATRIPAL)

pinaliwanag ni G. Rodante Luquisan¹⁸, Tagbanua at kinatawan ng Nagkakaisang mga Tribu sa Palawan (NATRIPAL) Inc., ang pamamaraan ng pagsulat ng mga Tagbanua na tinatawag na Tagbanua *script* na kanyang natutunan sa paikipag-usap sa dalawang (2) matatanda na nakakaalam nito. Ipinakita niya kung paano ito sulatin sa isang *manila paper*. Ayon sa kanya, ang pamamaraan ng pagsulat ng



¹⁸ Si G. Luquisan ay naging bahagi ng pangangalap ng mga impormasyon na nakatulong sa pagproposo ng mga CADT sa mga lupaing ninuno sa Palawan; pananaliksik at pagbubuo ng katutubong istruktura at sistemang pampulitika sa dalawang pamayanan ng mga Batak, isa sa mga pinagsisilbihan ng NATRIPAL, at sa pagbubuo ng ADSDPP ng Berong, Quezon, Palawan; Napsan, Bagong Bayan at Simpucan.

mga Tagbanua ay unti-unti nang nakakalimutan sa kasalukuyan. Dahil dito, nagkaroon ng mga kilusan upang mapanumbalik ito.

Ibinahagi niya na sa *script* ng mga Tagbanua ay walang mga titik na 'c', 'j', 'h', 'x', at 'z'. Ipinahayag niya na may mekanismo o simbolo na ginagamit sa Tagbanua *script* na tinatawag na *ulitan* o kuwit sa ibaba ng mga karakter. Ipinaliwanag din niya ang mga pamamaraan sa pagbigkas sa mga titik kapag mayroon ang isa o dalawa nito at ang pamamaraan ng pagsulat nito upang hindi na kailangan ng maraming pantig sa pagsusulat ng mga salita. Halimbawa, sa halip na limang (5) pantig, magiging tatlo (3) na lamang dahil sa paglalagay sa mga simbolo na ito upang hindi na kailangang inuulit.

Bukod sa Tagbanua, may mga katutubong Palaw'an at Batak din sa Palawan na may sariling pamamaraan ng komunikasyon. Sa mga Batak na walang sariling *script* ay gumagamit sila ng *puriba*, o katawagan sa pagbibigay ng mensahe sa isang tao sa pamamagitan ng dahon.

Bilang pagwawakas ng kanyang pagbabahagi ay sinabi niya na may mga nakalimbag na mga aklat tungkol sa mga katutubong sistema at pamamaraan ng mga Tagbanua ngunit marami silang mga ipinabago sa mga ito para hindi makapagbigay ng mga maling impormasyon sa mga nagbabasa nito.



Nagpahayag si Bb. Becky Barrios, Manobo at kinatawan ng Panaghiusa alang sa Kaugalingnan ug Kalingkawasan (PASAKK) Inc. sa Agusan del Sur, ng suporta sa ginagawa ng SILDAP-SEM. Ibinahagi rin niya na ang PASAKK

ay may kaparehong programa sa pagpapatayo ng mga paaralan para sa mga katutubo. Isa rin itong pamamaraan upang makaabot sa mga katutubo ang mga serbisyo ng pamahalaan. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pagbibigay ng kaalaman sa mga katutubong mag-aaral lalo na ngayon na kinikilala na ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga katutubong pamamaraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral.



Ibinahagi ni G. Joseph Aclopen, Kankana-ey mula sa Madongo sa bayan ng Sagada sa Mountain Province, ang karanasan ng bayan ng Sagada sa edukasyon. Ibinahagi niya na mayroong *Special Education Program* na ipinatutupad subalit hindi kinikilala ng pamahalaan sapagkat hindi raw nakarehistro sa Kagawaran ng Edukasyon. Dahil dito, hindi pinagbigyan ang kanilang kahilingan na makabahagi sa *Special Education*

¹⁹ Katawagan sa mga babaeng pinuno na hinirang ng mga pinuno o mga nakatatanda sa pamayanan.



Fund (SEF) ng pamahalaang bayan upang matugunan ang ilang mga pangangailangan ng paaralan. Dahil ang mga ipinatayong paaralan ng SILDAP-SEM ay nakarehistro at kinikilala ng Kagawaran ng Edukasyon, iminungkahi niya na maaari silang mag-lobby sa lokal na pamahalaan upang maging kabahagi sa pondo ng SEF para sa pagtustos sa ibang mga kailangan ng paaralan.

Nagpahayag naman ng pangamba si Bae¹⁹ Elmelyn Abatayo, *vansa* Isuruken Erumanen ne Menuvu at kinatawan ng Guild of Erumanen ne Menuvu Professionals for Advancement (GEMPA) sa Midsayap, Cotabato, sa pagpapanatili ng mga katutubong kaalaman sa mga pamayanan. Tinanong niya kung ano ang maaaring pamamaraan upang mapangalagaan ang mga kaalamang ito mula sa mga mag-aaral at mananaliksik ng mga kinagawiang pamamamaraan kung saan ay ginagamit bilang *resource persons* ang mga katutubo. Batay sa talakayan, hindi maikakailang mayaman sa kaalaman ang mga katutubo subalit kailangan din na may malinaw na pamamaraan ng pangangalaga ang mga kaalamang ito na maaaring ituring na pag-aaring kaalaman (*intellectual property*) ng mga katutubo. Siya ay nagtanong kung may mga inisyatiba na ginagawa ang mga katutubong pinuno para mapangalagaan ang mga kaalamang ito.

Sa SILDAP-SEM, ayon kay Bb. Baltazar-Ortiz, isa sa pamamaraan ng pangangalaga ng mga katutubong kaalaman ay ang pagkakaroon ng *International Standard Book Number* (ISBN)²⁰ sa mga *instructional materials* na ipinapalimbag at ginagamit sa pagtuturo sa mga paaralan. Sa pangangalap ng mga impormasyon para makabuo ng mga instructional materials, iginagalang ang pasya at karapatan ng mga *resource persons* na hindi isiwalat ang lahat ng impormasyong hinihingi, upang mapangalagaan ang kanilang kaalaman. Inihalintulad niya ito sa pagsasalin ng katutubong kaalaman sa mga sumusunod na salinlahi kung saan pinipili ng mga nakakaalam kung sino ang karapat-dapat na pagsasalinan ng mga kaalamang ito.

Ibinahagi rin ni Bae Magdalena Herbillla, Matigsalog at kinatawan ng Kulamanen, Matigsalog Manobo ne Migsabeka (KUMAMISA) ng Arakan, Hilagang Cotabato, na marami ring mga pananaliksik ang nagawa sa kanilang pamayanan. Sa kabila ng pagtutol ng mga katutubo sa pagbabahagi ng mga kaalaman sa mga mananaliksik na hindi pinahintulutan ng pamayanan ay mayroon pa ring mga nakakalusot. Isa sa mga dahilan ng pagsali ng samahan sa UPAKAT ay upang makipagtulungan para sila mismo ang mananaliksik at magtatala ng kanilang mga katutubong kaalaman sa layuning maibahagi ang mga ito sa mga susunod na salinlahi.

Nilinaw naman ni Bb. Daguitan na ang komperensya ay inorganisa para sa pagbabahagin ng katutubong kaalaman. Sa pamamagitan nito, mapapalalim ang pag-unawa at pag-intindi ng mga kalahok sa sariling kaalaman, kaugalian at tradisyon. Ayon sa kanya, hindi maglalabas ng anumang nakalap na impormasyon ang Tebtebba nang hindi pinahihintulutan ng mga katutubo na silang nagmamay-ari sa mga kaalamang naibahagi, upang matiyak ang pangangalaga ng mga kaalaman ng mga katutubong kalahok sa komperensya.

²⁰ Isang pamamaraan ng pagkilala ng mga nailathalang produkto.



Katutubong Paniniwala

Facilitator: Bb. Florence Daguitan

Ang paniniwala ng mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen

ibinahagi ni Gng. Magdalena Herbilla, KUMAMISA

Bilang kinatawan ng Kulamanen, Matigsalog Manobo ne Migsabeka (KUMAMISA) na sumasaklaw sa Arakan, Hilagang Cotabato; bahagi ng Quezon, Kitawtaw at Kibawe sa Bukidnon at bahagi ng Marilog sa Lungsod ng Davao, nilinaw ni Gng. Magdalena Herbilla, mas kilala sa tawag na Bae Magda, na ang mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen ay halos magkakahalintulad ang paniniwala at kultura. Ang ilan sa mga magkatulad nilang paniniwala na ang kanyang ibabahagi ay hinggil sa mga di pangkaraniwang kakayahan ng ilang mga tao sa kanilang katutubong pamayanan at ang mga tungkulin na kanilang ginagampanan. Ipinaalam din niya na may limitasyon ang kanyang kaalaman tungkol dito.

Ang mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen ay may tinatawag na *tumanoren* na binigyan ng espiritu ng kakayahan upang magsilbing tanod para sa pagpapanatili ng sa pamayanan. Katuwang nila ang *mangunguyamo* at mga manggagamot para magampanan ang kanilang mga tungkulin.

Ang *mangunguyamo* ang may katungkulan na alagaan ang mga buntis at tumutulong sa pagpapanaak. Siya rin ang nilalapitan ng mga tao at hinihingan ng gamot para sa pansamantala at permanenteng pagpapatigil ng pagbubuntis - upang magkaroon ng pagitan ang pagkakasunod-sunod ng mga anak na katulad ng programa ng pamahalaan sa pagpapalano ng pamilya (*family planning*). Halimbawa, kung ang kagustuhan ng ina ay may pagitan ang mga anak ng tatlong (3) taon, siya ay pakakainin ng isang halamang gamot na kawangis ng "*ubod*" ng uway na may tatlong (3) putol at tiyak na sa ikatlong taon na ulit siya magbubuntis.

Maliban sa kakayahang gamutin ang mga pangkaraniwang sakit, mayroon ding kakayanan ang

mga manggagamot na suriin kung ang dinaramdam ng isang tao (kadalasan ay mga bisita) ay bunga ng hindi pagkilala o paggalang sa mga sagradong lugar na pinaniniwalaang kagagawan ng espiritu. Sa mga ganitong kaso, tanging ang tradisyunal na manggagamot lamang ang may kakayahang pagalingin ang may sakit.

Isa pa sa mga tungkulin ng manggagamot ay ang *sawayan sa tumanod*. Upang maipaliwanag ito, ibinigay niyang halimbawa ang pagkakasakit ng manggagamot kapag ang kalikasan ay hindi igginalang ng mga tao. Isinisisi sa mangangamot kung ang mga bundok at iba pang likas na yaman ay hindi pinangangalagaan ng mga tao at kung patuloy ang mga gawain na nakakasira dito.

Mahigpit ding ipinagbabawal sa mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen ang pag-aasawa ng mga magkakamag-anak. Dahil dito, ang isa sa tungkulin ng manggagamot ay *sawayan* sa mag-asawa. Ayon kay Bae Magdalena, mayroong magkapatid na lumaking magkahiwalay at hindi nila alam na sila ay magkapatid. Noong nagkita ay nag-ibigan at humantong sa pag-aasawa. Sila ay pinaghiwalay ng mga mamamayan upang hindi na muling magkita.

Ipinagbabawal din ang mga lalaki na hawakan ang mg babae nang walang malinaw na hangarin. Kapag may mga paglabag sa mga alituntuning ito ng pamayanan, nagkakasakit ang *tumanoren*. Kung ang *tumanoren* ay nagkasakit, ipinatatawag niya ang mga pinaghihinalaang mga tao at inaatasan na maglagay ng mga bakal (halimbawa, barya) sa *panobaran*.²¹ Kung ang nagkasala ang naglalagay ng bakal sa *panobaran*, ito ay mararamdaman ng manggagamot. Ang manggagamot ay makakaramdam ng kaunting pagbabago sa kanyang katawan at malalaman na

²⁰ Sagradong lugar sa mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen sapagkat dito nagsasagawa ng mga ritwal, nag-uusap-usap tungkol sa mga suliranin ng pamayanan at iba pang mga gawain ng pamayanan.



ang taong iyon ang may kagagawan sa kanyang pagkakasakit. Upang maparusahan ang nagkasala, palihim nitong ipinatatawag ang nagkasala upang mapag-usapan ang ginawang kasalanan.

Para mapangalagaan ang lupaing nasasakupan ay may responsibilidad din ang manggagamot sa paghahanda para sa pagsasagawa ng mga ritwal. Mula sa naunang talakayan, ipinaalala ni Bae Magda ang pangyayari sa Bundok Apo kung saan nagsama-sama ang mga *Baylan* ng mga Lumad upang magsagawa ng ritwal na siyang dahilan kung kaya umulan nang malakas kaya naapula ang sunog dito. Ibinahagi din niya na bukod sa bundok Apo, ang bundok Sumalili, bundok Sinaka at bundok Malambo ay kinikilalang sagradong lugar ng mga Matigsalog.

Ang isa pang sitwasyon kung saan kailangan ang manggagamot ay sa panahon ng pagpapabayad ng *sambuwaha* o kaparusahan sa mga mamamayan na nakagawa ng pagkakasala sa nasasakupang lupain ng mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen. Isang halimbawa ay ang pag-aaway ng mga hindi miyembro ng pamayanan sa lupaing kanilang nasasakupan nang walang kinalaman ang pamayanan. Ang manggagamot ang may responsibilidad na panagutin ang mga nagkasala sa pamamagitan ng

pagpapatawag sa magkabilang panig at pagkonsulta sa mga pinuno at mga miyembro ng pamayanan kung ano ang karampatang parusa na igagawad sa mga nakagawa ng kasalanan. Naniniwala ang mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen na kapag hindi naayos ang gulo o isyu ay magkakaroon ng masamang pangyayari sa pamayanan.

Ang manggagamot din ang may kakayahang pagalingin ang mga tao na pinarusahan ng kalikasan tulad ng mga taong tinamaan ng kidlat. Ito ay kanilang tinatawag na *inanit*. Ayon kay Bae Magda, ang manggagamot ang may responsibilidad na kausapin ang mga espiritu na minsay nagbibigay ng karamdaman sa mga tao, sapagkat ang mga manggagamot lamang ang may kakayahang ipaliwanag

kung ano ang ibig sabihin ng mga espiritu.

Ilan sa mga inisyatiba na ginawa ng KUMAMISA ay ang pag-oorganisa ng *panobaran* na mayroon nang mahigit kumulang na 207 grupo sa iba't ibang pamayanan ng Matigsalog, Kulamanen at Tinananen. Nagsisimula na rin ang samahan sa pangangalap ng mga datos o impormasyon upang maabot ang ibang mga *tumanoren*. Isinasama rin nila ang mga kabataan para habang bata pa ay maturuan at masanay.

Dahil sa IPRA, kinikilala na ng pamahalaan ang mga lupaing ninuno, kultura at mga paniniwala ng mga katutubong pamayanan. Sa pamayanan ng mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen, may mga naibigay nang Katibayan sa Pagilala sa Lupaing Ninuno (*Certificate of Ancestral Domain Title*, CADT) at nakabuo na rin ng mga ADSDPP. Nakapagtalaga na rin ng mga IPMR na kinatawan ng mga katutubo. Sa kabila ng lahat ng ito, may mga katutubo pa rin na ginagamit ng iba't ibang grupo para sa mga pansariling adhikain. Ang hamon sa mga katutubong pamayanan ay kung paano mas mapalakas pa ang katutubong kaalaman at magkaisa para maisulong ang mga karapatan.

Ang paniniwala ng mga Erumanen ne Menuvu sa Hilagang Cotabato

ibinahagi ni G. Roldan Babelon, Erumanen ne Menuvu

Ang katutubong paniniwala o relihiyon ng mga Erumanen ne Menuvu na kanilang tinatawag na *langkat* ay ibinahagi ni G. Roldan Babelon na mas kilala sa tawag na Datu Brunz, kinatawan ng *vansa* Kirenteken Erumanen ne Menuvu mula sa pamayanan ng Baroyon sa Hilagang Cotabato. Ikinuwento niya ang isang napakahalaga ngunit masalimuot na pangyayari na bahagi ng kasaysayan ng mga Erumanen ne Menuvu nang nagkaroon ng malawakang pagpaslang (*massacre*) sa pamayanan ng Bintangan noong ika-23 ng Marso taong 1927 na ikinamatay ng humigit kumulang na 550 katao batay sa tala ng kapulisan.

Ang mga Erumanen ne Menuvu ay naniniwala sa mga sumusunod:

1. *Magbabaya* na siyang kinikilalang Diyos ng mga Erumanen ne Menuvu at tagapaglikha ng sanlibutan;
2. *Misiwara* o *Meminteran* o mga diwata na bagamat hindi nakikita ay pinapaniwalaang tagapagdadala ng mensahe sa mga Baylan;
3. *Elimugkat*, *Peneyangan* at ibang katawagan sa mga kinikilalang tagapangalaga sa kalikasan. Sa kanila rin nagpapaalam ang mga mamamayan kung may mga pangangailangan silang kukunin sa kalikasan;
4. *Weylan* o *Shaman*, sila ang mga taong maaaring sapian ng mga *Tumanod*²² kung kailangan upang sagutin ang mga katanungan ng mga mamamayan. Sila rin ang nilalapitan ng mga tao kapag may gusto silang ipabatid sa mga mg *Tumanod*. May kakayahan silang hulaan ang *linggi tanguyak* o ikot ng mundo;
5. *Gimukod* o ang espiritu ng tao. Naniniwala sila na may dalawang (2) espiritu ang mga tao: ang isa ay siyang pumupunta sa langit pagkamatay ng tao at ang ikalawa ay siyang naiwan sa lupa; at
6. *Rapture* na inihalalintulad sa pagpunta ng Panginoon sa langit. Ang Diyos ay tinatawag ng mga Erumanen ne Menuvu na si *Hanggin* na lumulan o sumakay sa *sarimbar*. Ang mga huling na-rapture ay sina Apu Mungan, Apu Beyvayan at Apu Lena.



Ang mga Erumanen ne Menuvu ay kadalasang kulay puti ang kasuotan na nagsisimbolo ng kalinisan. Noong ika-28 ng Setyembre 1978, sa pagkilala sa mga Erumanen ne Menuvu ay nagsimulang magsuot ng kulay dilaw ang mga pinuno na nagsisimbolo ng kapangyarihan. Ang mga *Bagani*²³ naman ay nagsusuot ng kulay pula na nagsisimbolo ng katapangan at pagbibigay pugay kay *Mangilala*, ang kinikilalang Diyos ng mandirigma sa mga Erumanen ne Menuvu. Datapwa't hindi pa napagpapasyahan ng mga Erumanen ne Menuvu ang kulay ng bandila ng pamayanan, sa kasalukuyan ay puting tela ang kadalasang ginagamit sapagkat ito ang kulay na kadalasang nakikita sa mga bahay ng mga pinuno at sumisimbolo ng katatagan at katayuan.

Sa kasalukuyan, isa sa mga ginagawa ng mga nakatatanda sa pamayanan ay ang paghahasa sa kakayahan sa pag-awit (*chant*) ng mga kabataan na may edad 13 hanggang 16. Noong una ay nagmamasid lamang ang mga kabataan subalit, sila ay binigyan ng panahon para mag-ensayo linggo-linggo para mas malinang ang kanilang talento sa pag-awit.

²² Ang mga *Tumanod* ay katawagan sa mga espiritu na may kakayahang makipag-ugnayan sa mga tao sa pamamagitan ng pagsapi sa mga *Weylan*.

²³ Katawagan sa mga mandirigma at tagapagtanggol sa ilang mga katutubong pamayanan sa Mindanao.

Bago tinapos ang pagbabahagi ay nagpakita si Datu Brunz ng mga larawan na nakapatungkol sa nakaraang lakbay-aral ng UPAKAT sa pamayanan ng Bintangan noong Nobyembre 2015. Isa sa mga kaganapan sa lakbay-aral ang ang pagtuturo sa mga kalahok ng mga sayaw ng mga Erumanen. Kanyang ibinahagi na isa sa mga mahahalagang gawain sa Bintangan ay ang pagsasayaw bago ang pagsisimula ng pagtatabas ng damo o pagsasaka, tuwing araw

ng Biyernes sa *Behu'n baley* (sagradong lugar), at tuwing araw ng Linggo sa *Dekela'n baley* (lumang bahay) kung saan isinasagawa ang mga ritwal) para ituro sa mga bagong henerasyon ang mga sayaw. Inulit niya na kailangang magsuot ng palda ang mga kababaihan bago makasali sa pagsasayaw na para sa mga Erumanen ne Menuvu ay isang paraan ng pag-aalay ng panalangin sa Panginoon.

Malayang Talakayan (Open Forum)

Nagtanong si G. Ronaldo Ambangan, mas kilala sa tawag na Timuey²⁴ Jojo, *vansa* Sinimburanen Erumanen ne Menuvu at kinatawan ng Erumanen ne Menuvu Kamal sa Aroman, Carmen, Hilagang Cotabato, sa paksang tinalakay ni Bae Magda. Pinuna niya ang nabanggit ni Bae Magda na kinikilala ng pamahalaan ang mga katutubong lupain ng mga pamayanan at ang ilan ay pinagkalooban ng CADT bilang katibayan. Subalit, sinabi niya na karamihan sa mga katutubong pamayanan sa Mindanao ay malalayo at ang tanging paraan ng transportasyon ay ang pagsakay sa mga *habal-habal*.²⁵ Sa pagsakay sa *habal-habal*, inilarawan

niya na karaniwang ang mga babae ay kalimitang nakaupo sa harapan ng nagmamaneho. Sa kultura ng mga Matigsalog, mayroong tinatawag na *sawayan* na nagbabawal sa mga lalaki na hawakan ang mga babae nang walang malinaw na hangarin. Tinanong niya kung ano ang mga pamamaraan ng pamayanan upang mag-angkop sa nasabing mga sitwasyon o kaya ay kung mayroon bang mga naaangkop na batas para mapangalagaan ang mga kababaihan na sumasakay sa mga *habal-habal*.

Binalikan naman ni Mangkatadung²⁶ Rading Belayo, Mansaka at kinatawan ng Mansaka-Mandaya Tribal Assembly sa lalawigan ng Compostella Valley, ang ibinahagi ni Bae Magda na kapag may ginawang masama ang isang tao sa kanyang kapaligiran ay magkakaroon ng pangyayari—kagaya ng kidlat—para parusahan ang nagkasala. Tinanong niya kung may mga pamamaraan din ang mga katutubo para kontrahin ang mga ganitong pangyayari. Nilinaw din niya kung kasama ang bundok Senai sa mga kinikilalang sagradong bundok ng mga Matigsalog.

Ayon kay Bae Magda, tanging ang pagsakay sa *habal-habal* ang pamamaraan ng mga katutubo para makarating sa mga lugar na pupuntahan. Sa





kanyang palagay, nakadepende na sa sumasakay at sa nagsasakay kung may iba silang hangarin sapagkat ang problema ay binibigyan lamang ng pansin ng pamayanan kapag may mga pangyayari na hindi dapat mangyari.

Patalinghaga niyang sinagot ang katanungan ni Mangkatadung Rading at sinabi na kapag may hinihingi ang mga tao sa Panginoon, hindi ito ipinagkakaloob kapag hindi malinis ang puso ng humihingi. Ibinahagi rin niya na hindi lamang ang kalikasan ang may kakayahang magparusa sa mga nagkakasala kundi pati na rin ang mga espiritu sa pamayanan. Ipinaliwanag niya na ang orihinal na pangalan ng bundok Senai ay Sinaka na isa sa mga nabanggit niya na itinuturing na sagradong bundok sa lugar. Pinaniniwalaan din ng mga Matigsalog na may isang bahagi ng bundok Sinaka na tinitirhan ng mga espiritu sapagkat hindi ito nababasa ng ulan.

Bilang karagdagan sa impormasyon na ibinahagi ni Bae Magda tungkol sa *sawayan*, ipinaalala ni G. Luquisan ang naibahagi na hindi naitatago ang lihim sapagkat may epekto ito sa manggagamot ng pamayanan. Gaya ng mga Matigsalog, ipinagbabawal din ang pag-aasawa ng magkakamag-anak sa mga Tagbanua. Ang pinakamatinding parusa na maaaring igawad ng mga Tagbanua sa mga taong lumabag dito ay ang pambubugbog at pagtatapon sa nagkasala sa *larwod* o laot, ang pinakamalalim na bahagi ng karagatan. Ito ay nangangahulugan na kahit na nakaligtas ang tao sa ritwal ay hindi siya

makakaligtas sa kaparusahan ng mga tao.

Nagbigay naman ng karagdagan impormasyon si Bae Esterlita Tumindog, Kulamanen mula sa Sumalili, Arakan, Hilagang Cotabato, tungkol sa katanungan sa pangontra sa *inanit*. Ang lahat ng espirituwal na aspeto ng pamayanan ay saklaw ng *tumanoren* kaya para mawalan ng bisa ang *inanit*, ang nagkasala ay kailangang maligo sa tubig na pinagbabaran ng mahiwagang bato. Kapag may paglalapastangan sa mga kababaihan na tinatawag na *sumbang tumanod* sa mga Kulamanen, ang nagkasala ay binubugbog gamit ang kahoy na *pahol* hangang sa siya ay mamatay bago ipinapaanod sa ilog.

Para kay Datu Ruben, ang mga ginagawa ng ibang mga katutubo sa iba't-ibang panig bansa ay katulad din sa mga Dulangan Manobo. Sila ay naniniwala na kapag nagkasala ang isang tao sa pamayanan, maaaring mapatawad siya ng mga espiritu kapag pinagsisihan niya ang kanyang mga maling nagawa.

Sinuportahan naman ni Bb. Barrios ang ibinahagi ni Bae Magda tungkol sa tradisyunal na pamamaraan ng pag-aagwat ng pagbubuntis (pangananak) o kaya ng tuluyang pagtigil sa pagbubuntis (o pangananak) ng mga kababaihan. Ibinahagi niya na siya mismo ay nakaranas ng epekto ng mga halamang gamot na ipinainom sa kanya ng katutubong manggagamot para hindi na muling magkaanak.

Ibinahagi naman ni G. Aclopen ang mga ginawa ng mga mamamayan sa Madongo sa Sagada, Mountain Province para maisama sa programa ng pamahalaan ang mga katutubong pamamaraan tungkol sa kalusugan. Noong taong 2011, habang binubuo ng *Community Social Development Team* (CSDT)²⁴ ang mga programa para sa kalusugan, isinulong ng mga mamamayan ang pagkilala ng mga katutubong pamamaraan ng medisina na isinasagawa sa pamayanan. Dahil dito, hinirang sila bilang pinakamahasag na *community health team* sa lalawigan sa taong 2011 at pangalawa sa rehiyon ng Kordilyera sa taong 2016 sapagkat naipakita ng pamayanan kung paano pinagsama ang katutubo at modernong pamamaraan para sa mas mahusay

²⁴ Programa ng Kagawaran ng kalusugan na naglalayong masigurado na ang mga kababaihan na buntis at kapapanganak ay ligtas na napaglilingkuran.

na pag-alaga ng kalusugan. Sa panggangamot, ng unang nilalapitan ng mga mamamayan ay ang mga katutubong manggagamot sa pamayanan bago isinasangguni ang karamdaman sa mga pagamutan (*clinics*). Iminungkahi niya na maganda ring isulong ng ibang mga katutubo ang kanilang mga pamamaraan na ibinahagi sa komperensya para kilalanin ng pamahalaan.

Tungkol sa paghahawak ng mga lalaki sa mga babae nang walang malinaw na hangarin, tinanong ni Titay Bleyen Cio kung may kaukulang parusa na dapat ipataw sa mga lalaki na lumalabag sa batas na ito. Ibinahagi niya sa mga Lambangian, kapag may ginawang kasalanan ang lalaki sa babae, ang kadalasang pamamaraan ng pamayanan para malutas ang isyu ay ang pagkakasundo sa dalawa na mag-asawa.

Ipinahayag naman ni Mangkatadung Romulo Olvano, Mandaya at kinatawan ng Mandaya-Mansaka Tribal Assembly mula sa New Bataan, Compostella Valley, ang palagay sa pag-aasawa ng magkapatid o magpinsan na hindi alam na sila ay magkamag-anak. Sinabi niya na dapat ay may mga pamamaraan ang mga pinuno ng pamayanan para maibsan ang pagkakasala ng magkamag-anak kagaya ng pagsasagawa ng ritwal. Sa mga ganitong pagkakataon ay dapat pinaiiral ang pagpapatawad sa mga nagkakasala at hindi dapat pinapatawan ng mga mabibigat na kaparusahan kagaya ng pagkitil ng buhay o kaya ay pagpapaanod sa mga anyong tubig.

Kinatigan naman ni G. Arsenio Supeda, Ubo Manobo mula sa Magpet Cotabato, ang panukala ni Mangkatadung Romulo kapag ang pagkakasala ay hindi sinasadya. Ibinahagi niya na sa mga Ubo Manobo ay may ritwal na isinasagawa ang mga matatanda para mapawalang bisa ang pagkakasala ng tao.

Ibinahagi ni Bae Magda na kapag sinadya ng mga lalaki ang paglapastangan sa mga babae ay may mga patakaran na tinatawag ang mga Matigsalog na *gantangan palabian* na ipinapataw ng pamayanan sa mga nagkasala na nakabatay sa ginawang pagkakasala. Kagaya ng iminungkahi ni Mangkatadung Romulo, nagpapatawad din ang mga Matigsalog ng mga kasalanan na hindi sinadya. Kapag nag-asawa naman ang dalawang (2) tao na hindi alam na sila ay magkamag-anak, may mga ritwal na isinasagawa ang mga Matigsalog at Kulamanen para mapawalang bisa ang kanilang relasyon bilang magkamag-anak.

Sa kaugalian ng mga Tagbanua, ayon kay G. Luquisan, maaaring mag-asawa ang magpinsan sa

pangalawa o pangatlong henerasyon pero kailangan munang mapawalang bisa ang relasyon nila bilang magkamag-anak sa pamamagitan ng pagdaan sa iba ibang mga ritwal bago sila magsama bilang mag-asawa. Ang prosesong ito ay tinatawag nilang *tabtab it pagdugu*. Mayroon ding *tabtab it kapangama* o pagputol ng relasyon bilang anak o bilang ama.

Ibinahagi naman ni Titay Bleyen Cio ang obserbasyon sa lakbay-aral sa Bintangan nung 2015 kung saan siyam (9) na lamang ang nakakaalam sa mga paniniwala ng mga taga-Bintangan at ang ang pinakabata sa mga ito ay mahigit animnapung (60) taong gulang na. Tinanong niya si Datu Brunz kung paano masisiguro ng mga Erumanen ne Menuvu na maipasa ang mga katutubong kaalaman sa mga susunod na salinlahi kapag ang tanging siyam na tao na nakakaalam ay hindi umaalis sa sagradong lugar kung saan sila nakatira. Tinanong din niya kung may mga patakaran ang Erumanen ne Menuvu para masiguradong may susunod sa kanilang yapak. Mayroon ding katanugan kung ano ang dahilan ng pagsasayaw sa buong araw ng Biyernes at Linggo sa pamayanan ng Bintangan.

Ayon kay datu Brunz, ang pinakapinuno ng mga *Mid Pintu* na nakatira sa *Behu'n balei* o ang sagradong lugar ay ang nakakaalam kung sino ang karapat-dapat na susunod sa kanilang mga yapak. Ang ilan sa mga katangian na tinitingnan ay pagiging dalaga at ugali ng isang babae. Ang pagsasayaw sa pamayanan ay ginagawa para magbigay pugay sa Panginoon at para hindi makapasok ang mga nagbabalak ng masama sa lugar. Kapag nakita ng *Shaman* na may mga taong nagbabalak ng masama sa lugar ay nagpapatawag ng pagsasayaw para hindi makapasok ang mga masasamang elemento sa pamayanan.

Nagbahagi rin si Timuey Jojo ng karanasan sa pagsasayaw ng buong araw sa pamayanan ng Bintangan. Ayon sa kanya, ang pagsasayaw ay isang porma ng *meditation* o panalangin dahil habang sumasayaw ay gumagaan ang kanyang pakiramdam. Sinabi rin nya na ang pagpili ng sasalo sa mga kaalaman ng mga Erumanen ne Menuvu ay katulad din ng pagpili sa nagtuturo ng pagsasayaw. Ito ay kanyang ipinaliwanag sa pamamagitan ng pagbabahagi na may mahigit kumulang dalawang daang (200) uri ng sayaw sa pamayanan ngunit iilan na lamang ang itinuturo sa kasalukuyan. Para matutunan at maiturong muli ang lahat ng mga sayaw sa mga susunod na salinlahi, ang mga espiritu ng pagsasayaw ay dadapo sa taong karapat-dapat na siyang gagabay sa taong napili para maiturong muli ang mga sayaw na ito.



Katutubong Balangkas Pampulitika sa Pamamahala sa Likas na Yaman

Facilitator: June Cadalig Batang-ay

Ang sistema ng Among ng mga Kadaclan sa bayan ng Paracelis sa Mountain Province

ibinahagi ni G. Magsino Biangalen, Bayanihan Farmers Association (BFA)

Ang ibinahagi ni G. Magsino Biangalen, Kadaclan at kinatawan ng Bayanihan Farmers Association (BFA), isang samahan ng mga magsasaka sa Amulong, Paracelis sa Mountain Province, ay sistema ng dayalogo na pinairral at pinatutupad sa loob ng kanilang pamayanan. Ito ay kanilang tinatawag na *among* o ang katutubong pamamaraan ng kolektibong pagpapasya ukol sa mga mahahalagang bagay na may kaugnayan sa mga *umili* o mamamayan. Itinuturing din itong kinagawiang pamamaraan ng hustisya (*justice system*) ng mga Kadaclan upang ang mga problema at alitan sa pamayanan ay hindi na kailangang makarating sa lokal na pamahalaan o korte para malutas.

Ang *among* ay isinasagawa sa mga pormal o impormal na pagtitipon ng mga mamamayan. Nagpapatawag ng *among* kung may miyembro ng pamayanan na nangangailangan ng tulong katulad ng payo, tulong sa pagpapasya o tulong pinansyal. Maaari ring magpatawag ng *among* kung may isasangguning problema katulad ng paglabag sa mga batas-pamayanan, problema sa irigasyon, alitan sa hangganan ng lupain (*boundary*), indibidwal na kaso, at iba pa. Sa *among*, tinitiyak ng mga lupon ng mga matatanda na ang pangwakas na pasya sa mga kaso ay kailangang katanggap-tanggap para sa magkabilang panig. Halimbawa, kung ang isang tao ay may problema, isinasangguni niya ito sa mga nakatatanda na silang magpapatawag ng *among* na maaaring ganapin sa bahay ng taong may problema para mabigyan siya ng payo o solusyon sa hinaharap na problema. Kung ang dahilan ng pagpapatawag ng *among* ay upang mapag-usapan ang pagkakasala ng isang tao, layunin ng pag-uusap na mabigyan ang nagkasala ng karampatang parusa para hindi na siya umulit sa ginawang kasalanan upang maibalik ang magandang pakikitungo o maayos na relasyon niya



sa taong ginawan niya ng masama.

Ang namumuno at mga kasapi sa *among* ay karaniwang pinipili ng taong may problema. Sila ay mga taong kinikilala at tinitingala ng mga miyembro ng pamayanan. Maaari rin itong daluhan ng mga taong may kalamayan sa problema o kasong pag-uusapan. Karaniwang ang mga kalalakihan ang kasama sa pagpapasiya subalit may mga tungkulin din na ginagampanan ang mga kababaihan dito.

Bahagi ng proseso ng *among* ang pagtatalaga ng karon na magsisilbing mensahero. Ang itatalagang karon ay karaniwang kilala sa pamayanan at pinagkaisahan ng

²⁸ Katawagan sa pagtutulungan ng mga mamamayan sa mga gawain sa pamayanan katulad ng pagtatanim o pag-aani ng palay

magkabilang panig. Kasama sa kanyang tungkulin ang pakikipag-usap sa magkabilag panig para magtalaga ng panahon, oras at lugar na pagdarausan ng *among*. Kasama rin sa kanyang gampanan ang paghihirang ng mamumuno sa gaganapin *among* na tinatawag namang *tonga*. Ang *tonga* ay kailangan ding sang-ayunan ng magkabilag panig bago gaganapin ang pagpupulong.

Ipinatutupad pa rin ng mga Kadaclan ang *among* sa kasalukuyan. Bagamat kinikilala ng lokal na pamahalaan, malaking hamon pa rin sa kanila ang makakuha ng suporta para mapalakas at maisalin

ang pamamaraang ito sa mga susunod na salinlahi bilang bahagi ng kultura. Mahalaga rin ang *among* sa pangangalaga ng likas na yaman sa pamayanan at sa pagpapanatili ng mga katutubong kultura at tradisyon kagaya ng *ub-ubfo* o bayanihan, *changas*,²⁸ paggalang sa nakatatanda, kababaihan at kapwa.

Masasabi niyang mahalaga ang lakbay-aral ng UPAKAT sa pagpapalitan ng kaalaman at mga pamamaraan ng mga katutubo na maaaring makapulutan ng aral at pamamaraan na maaaring turalan sa kanilang sariling pamayanan.

Ang sistema ng dap-ay sa bayan ng Sagada sa Mountain Province

ibinahagi ni G. Joseph Aclopen, Tanulong ili²⁹

Ibinahagi ni G. Joseph Aclopen na ang *ili* o pamayanan ng Tanulong ay kilala bilang isa sa mga pangunahing pamayanan sa hilagang Sagada na pinagmulan ng barangay Madongo. Masasabi niya na ang mga kinagawiang gawain ay isinasabuhay pa rin sa pamayanan kasama ang sistema ng *dap-ay* sa pamamahala sa pamayanan. Sinimulan niya ang pagtalakay sa pagpapaliwanag na ang *dap-ay* ay katumbas ng pamahalaan sa pamayanan na siyang kinikilala ng mga *umili* o mamamayan na sentro ng pamamahala at hustisya. Ang mga miyembro ng *dap-ay* na tinatawag na mga *dumap-ay* ay ang mga bahay na magkakalapit (*cluster of households*) sa loob ng pamayanan. Sila ay pinapamahalaan o pinamumunuan ng mga nakatatanda sa *dap-ay*. Sa *dap-ay* isinasagawa ang mga pagpupulong ng mga mamamayan para sa pagpapasya sa mga isyu na nakapatungkol sa pamayanan. Mayroong limang (5) *dap-ay* sa Tanulong at apat (4) na *dap-ay* sa Madongo.

Isa sa pangunahing tungkulin ng *dap-ay* sa pamayanan ay ang pagsubaybay sa yugto ng agrikultura sapagkat dito nagmumula ang hudyat sa pagsisimula o pagtatapos ng mga pangunahing gawain sa pagsasaka, ang pangunahing hanapbuhay sa pamayanan. Sa *dap-ay* rin isinasagawa ang mga ritwal na kailangang maisakatuparan alinsunod sa mga gawain sa pagsasaka. Sa isang buong taon, tatlong (3) pangunahing ritwal na tinatawag na *begnas* ang isinasagawa sa pamayanan na umaabot ng tatlo (3) hanggang limang (5) araw. Naniniwala ang mga mamamayan na ang pagsasagawa ng *begnas* ay nakakatulong sa pagbabawas ng mga peste sa palayan at pagkakaroon ng masaganang ani. Ang unang *begnas* na tinatawag na *begnas di lakat* ang

hudyat ng pagsisimula ng mga gawain sa palayan. Ang ikalawa na tinatawag na *begnas di inana* ay ipinagdiriwang sa buwan ng Marso bilang hudyat ng pagtatapos ng paglilipat-tanim ng mga punla ng palay at isinasagawa para lumago ang mga pananim. Ang panghuli ay *begnas di latab* sa buwan ng Hulyo para ipagdiwang at magpasalamat sa pagtatapos ng anihan. Tulad ng mga tao sa Fedilisan, ang mga iTanulong at iMadongo³⁰ ay karaniwang gumagamit ng mga dumi ng hayop, iba't ibang halaman, damo at iba pang rekurso na matatagpuan sa kapaligiran bilang pataba sa mga pananim. Isa rin itong paraan ng pamayanan para hindi umasa sa mga nabibiling kemikal at pataba na nakakasira sa kalikasan.

Ang *dap-ay* rin sang nagpapatupad sa mga katutubong batas para mapangasiwaan ang lupaing ninuno kasama na ang likas na yaman at samut-saring buhay na matatagpuan dito. Ilan sa mga batas na ipinatutupad ay ang pagbabawal ng pagsusunog sa mga kabundukan sapagkat nagbibigay ito ng tubig at nagsisilbi itong tahanan ng mga espiritu, pagbabawal sa pagbebenta ng mga kahoy at paglilimita sa bilang ng kahoy na pinuputol na ginagamit sa mga pantahanang pangangailangan ng mga mamamayan.

Tulad ng pamahalaan, nagbibigay ang *dap-ay* ng mga pangunahing serbisyo sa mga mamamayan na nakapatungkol sa kalusugan at edukasyon. Sa kalusugan, kinikilala sa pamayanan ang ilang mga matatanda na may kakayahang makapanggamot sa pamamagitan ng mga katutubong pamamaraan at paggamit ng mga materyales, halamang gamot, at iba pang rekurso mula sa kapaligiran. Ito ay kinikilala ng lokal na pamahalaan. Ang serbisyo sa

²⁹ Salitang Kankana-ey na tumutukoy sa pamayanan.

³⁰ Ang ibig sabihin ng katagang “i” na ginagamit na unlapi bago ang pangalan ng isang lugar ay “taga.”

edukasyon ay sa pamamagitan ng pagpasa ng mga katutubong kaalaman sa mga sumusunod na salinlahi. Sa *dap-ay* karaniwang isinasalaysay ng mga nakatatanda ang kasaysayan ng pamayanan. Dito rin nililintang ang kaalaman ng mga kabataan sa kanilang mga tungkulin na dapat nilang gampanan bilang bahagi ng pamayanan.

Ang mga katutubong batas ay nananatiling pangunahing batayan ng pagpapataw ng hustisiya sa mga taong nakagawa ng pagkakasala sa pamayanan. Ito ay isa sa mga gawain ng mga *dumap-ay* na karaniwang nag-uusap at nagpapasiya kung ano ang mga kaukulang parusa sa mga taong nagkasala. Ang mga parusa ay nakabatay kung ano ang kaso ng nagkasala, bigat ng kasalanan, katauhan ng nagkasala, ilang beses na ginawa ang pagkakasala, at iba pa.



Dap-ay di Tubo ng mga Maeng sa bayan ng Tubo sa Abra

ibinahagi ni G. Francisco Cayasen, Tubo, Abra

Si G. Francisco Cayasen ay isang retiradong guro at siyang kasalukuyang *Indigenous Peoples Mandatory Representative* (IPMR) ng mga Maeng sa bayan ng Tubo sa lalawigan ng Abra. Ibinahagi niya na ang isa sa kanyang mga adhikain ay ang pagsusulong ng mga katutubong karapatan. Dahil dito sinikap niyang gumawa ng isang pagsusuri batay sa mahigit tatlong (30) taong karanasan niya sa pakikibaka. Sinubukan din niyang tumbukin ang katanungan na, "ano ba talaga ang suliranin ng mga katutubo sa Pilipinas?"

Sinimulan niya ang pagbabahagi sa pagpapakilala sa "*egg analogy*", isang talinghaga na naglalarawan ng sisiw mula sa paglabas nito sa kanyang talupan, hanggang sa paglaki, paglipad at paglawak ng kaalaman at pananaw nito. Katulad ng sisiw, ang lawak ng kaisipan ng tao ay nakabatay sa lipunan na kanyang ginagalawan.

Ipinakita niya ang balangkas (Talaan 1) ng mga pangunahing dahilan sa pakikibaka ng mga katutubo. Ayon sa kanya, kaya hindi nagkakasundo ang mga katutubo at pamahalaan ng kasalukuyang gobyerno ay dahil sa magkasalungat ang kanilang pananaw. Halimbawa, itinuturing ng mga katutubo na komunal na pagmamay-aari ang lupaing ninuno

na salungat sa konsepto ng pagmamay-ari ng lupain ng pamahalaan na maaaring pampubliko, pribado o sa estado. Sa konsepto ng demokrasya, ang mga katutubo ay naniniwala sa *collective democracy* samantalang *individual democracy* ang pinairal ng pamahalaan na impluwensiya ng kolonisasyon. Ibinigay niyang halimbawa ang pamilya o pamayanan kung saan kolektibong pinagkakaisahan ng mga katutubo ang isang paksa bago naglalabas ng pasya. Sa konsepto ng karapatan, itinuturing ng mga katutubo na kolektibo ang kanilang mga karapatan na salungat sa indibidwal na karapatan na isinusulong ng pamahalaan na epekto pa rin ng pananakop ng mga dayuhan.

Sa pamumuno/pagpapasya, ang pamahalaan ay nagpapatupad ng *bureaucratic system* na *top-down* na sistema na karaniwang gumagalaw batay sa kanluraning prinsipyo na kaiba sa sistema ng mga katutubo na nagpapatupad ng *bottom-up* at kolektibong pagpapasya ng mga mamamayan. Nakabatay naman sa kultura at tradisyon ang paniniwala ng mga katutubo na unti-unti nang nawawala dahil sa impluwensiya ng Kristiyanismo. Itinuturing ng mga Maeng na ang impluwensiya ng relihiyon ay isa sa mga dahilan kaya nagkawatakwata ang kanilang paniniwala.

Talaan 1. Pangunahing kadahilanan sa pakikibaka ng mga katutubong pamayanan

Konsepto	Magkasalunga na pananaw ng	
	Mga Katutubo	Gobyerno
konsepto ng pagmamay-ari ng lupa	lupaing ninuno (komunal)	pagmamay-ari ng estado (lupang pampubliko)
konsepto ng demokrasya at kalayaan	kolektibong demokrasya	indibidwal na kalayaan
konsepto ng karapatan	kolektibong karapatan	indibidwal na kalayaan
sistema ng pamamahala at pagpapanatili ng katahimikan	ang desisyon ay mula sa baba pataas	burukratiko ang desisyon ay nanggagaling sa taas pababa
	walang kinikilalang partido	naka-base sa patidong pampulitika
mga pinahahalalahan	nakabase sa katutubong paniniwala at katutubong balangkas	western values

Dahil dito, isang hamon sa mga Maeng ang pagpapanatili ng kultura at tradisyon sa kabila ng kasalukuyang modernisasyon. Sa kasaysayan, bago pa man sinakop ng mga Kastila ang Pilipinas ay may mga sarili nang pamamaraan ng pamumuno ang mga katutubo - sa mga Maeng, ito ay ang sistema ng *dap-ay*. Sa pagpapatibay ng IPRA, ang katutubong pamamaraan ng pamamahala ay kinilala ng estado at tinawag na katutubong balangkas pampulitika, (indigenous political structure) o IPS. Para mapalakas ang *dap-ay* sa mga Maeng, ang *interfacing* o ang pagsasama ng katutubong pamamahala at ng pamahalaang lokal ayon sa *Local Government Code* ang naging solusyon.

Ibinahagi ni G. Cayasen ang mga proseso na dinaanan ng *interfacing* sa pamayanan ng Tubo. Dahil ang Batas ng Republika Bilang 7160 o ang *Local Government Code* ang ipinatutupad sa mga pamahalaan ay tinanggihan ng lokal na pamahalaan ang panukalang *interfacing* noong una sa paniniwalang ang *dap-ay* ay katulad ng isang Non-Government Organization o NGO. Para ipaliwanag at isulong ang katutubong pamamaraan ng *dap-ay* sa Tubo, nagsagawa sila ng serye ng mga adbokasiya sa bayan.

Isa sa ginawa ni G. Cayasen para masuportahan ang *interfacing* ay ang pagsasagawa ng *comparative analysis* sa mga tampok na katangian ng dalawang (2) pamamaraan na kanyang ibinahagi sa mga tagapakinig (Talaan 2). Binigyang diin niya ang isa sa mga natatanging katangian ng *dap-ay* - ang *non-partisan politics* o ang walang kinikilalang partido. Ibinahagi niya na sa mga Maeng, ang mga mamamayan ang namimili ng mga taong karapat-dapat na maglingkod sa bayan na kanilang iniluluklok sa tungkulin. Naniniwala ang mga Maeng na sa ganitong paraan ay magiging matagumpay at maaayos ang pamamalacad sa pamahalaan. Ito rin ay isang pamamaraan para hindi magkaroon ng dibisyon sa pamayanan. Ipinaliwanag din niya ang ibig sabihin ng *informal at life-long learning* kung saan ang mga bata ay unang natututo sa tahanan kung saan ang mga magulang ang nagsisilbing mga unang guro. Sa paraang ito, bago tumuntong ang mga bata sa paaralan, marami na silang kaalaman at kasanayan na natutunan sa pamilya at sa pamayanan.



Talaan 2. Balangkas na sistema ng dap-ay

Nagmamay-ari ng teritoryo at lupaing ninuno na pinamamahalaan ng lapat
Kolektibong demokrasya at kalinawan
Kolektibong kalayaan ng mga tao na magpasya at magdisenyo ng kanilang tadhana
Kolektibo at nagkakaisang pagpapasya
Pamumuno ng mga nakakatanda sa katutubong pamamahala
Matibay na pagkakaisa at pagtutulungan ng mga katutubo
Walang kinikilalang partido sa pulitika
Pagkilala at paninindigan sa mga katutubong pagpapahalaga at katutubong batas
Pamamaraan ng buhay, impormal at habam-buhay na paraan ng pag-aaral
Kapayapaan and kaayusan

Para tuluyang mainterface ang *dap-ay* sa lokal na pamahalaan ay bumuo ang mga opisyal ng mga patakaran na nagbigay ng gabay sa pagpapalano sa mga *development programs* na tutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan ng Tubo.

Noong ika-1 ng Disyembre 2015, nagkaroon ng resulta ang adbokasiya ng mga Maeng sa pagpapatibay ng *Dap-ay di Tubo* Charter kung saan pinalitan ng *Dap-ay di Tubo* ang Bayan ng Tubo. Ang kasalukuyang balangkas ng *interface* na pamamahala ay nakabatay sa pagpapasiya ng *dap-ay assembly* na pinangungunahan ng Alkalde. Kung ang karaniwang demokratikong pamahalaan ay nahahati sa tatlong sangay: ang Lehislatibo, Ehekutibo at Hudikatura, sa interface, ang mga konseho ng mga matatanda (*Council of Elders*, CoE) sa mga pamayanan ang bumubuo sa Lehislatibo. Bumuo rin ang tanggapan ng *Assessor* ng patakaran na nagsasaad na hindi tatanggap ng bagong deklarasyon sa mga malalawak

na lupain sa Tubo hangga't hindi inaaprubahan ng *Council of Elders* sa mga pamayanan para maseguro na napapanatili ang komunal na lupaing ninuno ng mga Maeng.

Dahil sa *interfacing*, nagkaroon din ng pagbabago sa mga katawagan sa mga posisyon sa pamahalaan katulad ng *Municipal Environment and Natural Resources Officer* (MENRO) na naging *Lapat Officer* na ang mga pangunahing tungkulin ay ang pagsiguro na naipatutupad ang mga nakaugaliang pamamaraan sa pangangasiwa at pangangalaga ng kalikasan. Mayroon ding pederasyon ng *lapat* ang mga barangay na ang Tagapangulo ay pinipili mula sa mga itinalagang *Lapat Officer* ng bawat barangay. Ang *Council of Elders* din sa mga barangay ang binigyan ng tungkulin na bumuo ng mga panukalang batas sa pangangasiwa ng kalikasan na naaayon sa katutubong pamamaraan at kaalaman.

Ang Timuay Justice and Governance (TJG) ng Pamayanang Téduray at Lambangian

ibinahagi ni Titay Bleyen Santos Unsad, Timuay Justice and Governance (TJG)

Ibinahagi ni Titay Bleyen Santos Unsad, mas kilala sa tawag na Santing, isang Téduray na ang katutubong balangkas pampulitika ng mga Téduray at Lambangian sa Rehiyon ng Timog-Gitnang Mindanao ay patuloy na umuunlad pero ito ay nasimulan lamang maitala noong taong 1990. Noong 1995, pormal na naitatag ang *Timuay Revolutionary Autonomous Government* (TRAG) at palihim na namahala sa pamayanan para protektahan ang mga karapatan ng mga mamamayan. Sa pag-apruba ng IPRA, nagkaroon ng malinaw na pagkilala

sa katutubong balangkas pampulitika, lumutang ang Timuay Justice and Governance (TJG) at nagsagawa ng *Timfada Limud* o tribal congress ng pamayanang Téduray at Lambangian noong 2002. Simula sa taong ito, ang *Timfada Limud* ay isinasagawa tuwing anim (6) na taon para sa pagpili ng mga *Baglalan*³¹ batay sa pamantayan ng pamayanan at para susugan/suriin at paunlarin ang mga katutubong batas ng pamayanan para makaagapay sa pagbabago ng panahon. Ang TJG ay maaaring tumukoy sa katutubong sistema ng pamamahala at hustisya ng pamayanang Téduray at

³¹ Katawagan sa mga may hawak ng katutubong titulo sa pamayanang Téduray at Lambangian.



Lambangian o titulo ng mga napiling pinakamataas na pinuno sa antas ng nasasakupang pamayanan o buong lupaing ninuno (*inged*). Binigyang diin din niya na hindi lahat ng mga napiling *Baglalan* ay Timuay³² sapagkat ang mga titulo ay batay sa posisyon na hahawakan ayon sa katawagan ng pamayanang Téduray at Lambangian.

Ang mga katutubong batas ng pamayanan ay ang *ukit*, *tégudon* at *dowoy*. Ang *ukit* na siyang Saligang Batas ng pamayanan ay maihahalintulad sa Saligang Batas ng bansa. Mayroon itong preyambolo at tatlong (3) kabanata na nagsasaad ng pangkalahatang alituntunin ng pamayanan sa mga gawain at kaugalian. Ang *tégudon* ang naglalaman sa mga kinaugaliang batas at detalyadong batayan sa pagsasagawa ng *ukit* sa pamayanan. Ito ay may limang (5) kabanata at inilalarawan ang relasyon sa lupa, pamayanan, kabuhatan, pamumuno, kultura, depensa, hustisya at ang pangkalahatang pag-unlad ng lipunan. Ang *dowoy* naman ang nagtatakda sa mga kaparusahan sa pamayanan.

Sa balangkas ng TJG (Larawan 1) ang *Timfada Limud* ang pinakamataas na antas ng pamumuno at gumagawa ng mga pasya sa mga isyu o mga bagay bagay na kailangang pag-usapan ng mga mamamayan. Ito ay kolektibong pinapamunuan ng *Minted sa Inged* (MSI) o *Supreme Council of Chieftains*. Sa


MSI nakapaloob ang balangay ng Tagapagpatupad (*Executive*) na tinatawag na *Sulang Timfada Limud* (MSI *Executive Body*) na binubuo ng *Timuay Labi* (*Supreme Chieftain*) o ang pinakamataas na Timuay, dalawang *Titay Bleyen* na kumakatawan ng Téduray at Lambangian na silang tumutulong sa Timuay Labi sa pagpapatupad ng kanyang tungkulin, *Ayuno Tulos* na nagsisilbing kalihim at *administrative officer*, *Sénrokoy Tulus* (finance officer) at ang labindalawang miyembro. Sa

kasalukuyan, labimpitong (17) katao ang bumubuo sa MSI kung saan ang tatlo (3) ay kinatawan ng sektor ng kabataan, kababaihan at mga *civil society organization* (CSO) ng Téduray at Lambangian at ang labing-apat (14) ay pinili ng mga dumalo sa panahon ng *Timfada Limud*. Ang bumubuo sa MSI ay silang pipili ng *Executive Body* at ang paraan ng pagpili ay kahalintulad sa *parliamentary system*.

Sa ibaba ng MSI ay ang dalawang (2) pamunuan—ang mga *Kéfédéwan* (*Tribal Justice*) at ang *Inged Kasarigan* (*Executive Body*). Ang una ay binubuo ng mga dalubhasa sa kinaugaliang batas at sila ang tagapagpadaloy ng hustisya at kapayapaan sa loob ng lupaing ninuno. Dito nakapaloob ang *Fagilidan* na nagsisilbing Korte Suprema. Sa kasalukuyan ay lima (5) ang miyembro na bumubuo sa *Fagilidan* na pinamumunuan ng *Timuay Fagilidan* (*Tribal Chief Justice Officer*).

Ang *Inged Kasarigan* ang namumuno sa pagpapatupad sa mga batas, panuntunan, polisiya, programa at mga gawain ng TJG. Ito ay pinamumunuan ng *Timuay Kasarigan* (*Chief Executive*) katulong ang *Sungko Timuay Kasarigan* (*Assistant Chief Executive*). Ang mga sumusunod ay ang sampung (10) program sa pamayanan:

³² Katawagan sa mga kinikilalang pinuno ng pamayanang Téduray at Lambangian sa Maguindanao.

Larawan 1. Balangkas ng Timuay Justice and Governance (TJG)

1. *Mémusaka Ingéd* na nagpapatupad sa mga gawain na nakapatungkol sa pagkilala ng lupaing ninuno ng pamayanan;
2. *Faguyaga Magingéd* na nagpapatupad sa mga programa at gawain na nakapatngkol sa pangkabuhayan, agrikultura at inprastruktura;
3. *Fasandalan* na gumagabay sa mabisang pamamahala sa pamayanan;
4. *Sénrokoy Tulus* na tagakalap ng pondo at siniseguro ang maayos nitong pamamahala para tustusan ang pangangailangan ng TJG;
5. *Kémamal Kéadatan* na ang tungkulin ay nakapatungkol sa ispiritwalidad, kalinangan, kalusugan, edukasyon at ekonomiya;
6. *Civil society organization (CSO)* kung saan napapaloob ang sektor ng kababaihan, kalalakihan, kabataan,

pesante, mangingisda, propesyonal, magsasaka, may kapansanan at iba pa;

7. *Séayunon* na tumutukoy sa gawain na may kaugnayan sa alyansa at networking ng TJG sa ibang mga samahan;
8. *Manganguda*, ang pangkalahatang katawagan ng mga Téduray at Lambangian sa mga kabataan at naghahanda sa kanila para maging responsableng mamamayan;
9. *Fintailan*, ang pangkahalatang katawagan ng mga Téduray at Lambangian sa mga kababaihan at ang tumututok sa mga isyu na kinanaharap ng mga ito; at
10. *Dyaga Fénuwo* na tumutukoy sa depensa at seguridad sa nasasakupan ng pamayanan.

Sa ibaba ng organogram ay ang mga *Remfing Fénuwu* o ang mga kumpol ng mga pamayanan at ang mga *Fénuwo* o pamayanan. Sa kasalukuyan ay may walumpu't limang (85) pamayanan ang nasa ilalim ng pamamahala ng TJG.

Ang mga sumusunod ay ang mga prinsipyo ng pamumuno ng TJG:

1. malapit na ugnayan sa kalikasan kung saan napapasailalim ang pamamahala at pangangasiwa sa kalikasan sa paniniwala na ang kalikasan ay karugtong ng buhay at katawan ng tao sapagkat dito nagmumula ang kabuhayan ng mga Téduray at Lambangian sa pamayanan;
2. kolektibong pamumuno na nagpapatupad ng kolektibong pagpapasiya at pagpapatupad sa mga katutubong batas;
3. komunal na pag-aari ng mga likas na yaman sa loob ng lupaing ninuno at nasasakupan;
4. pantay na kalagayan sa lipunan na nakabatay sa paniniwala na walang mas mataaas o mas mababang tao sa mundo;
5. *kéfiyo fédéw* o kabutihan ng kaisipan bilang batayan ng hustisya; at
6. progresibong pluralismo kung saan ang kaugalian ng mga mamamayan ay hindi napapasama o nasisira kahit nakikisabay sa *mainstream* na pamahalaan.

Ang pamayanang Téduray at Lambangian ay may kabuuang sukat na 295, 629 ektarya kasama na ang kalupaan at karagatang sakop nito. Para mapangasiwaan ang mga likas na yaman sa lupaing ninuno, ipinatupatupad ng pamayanan ang mga kinagawiang pamamaraan ng pangangasiwa sa kagubatan, pangangisda at pagsasaka o agrikultura.

Ito ay pinapangunahan at pinapadaloy ng *Mémusaka Ingéd* na isa sa mga programa ng TJG.

Isinalaysay rin niya ang pakikibaka ng mga Téduray at Lambangian para mapangalagaan ang lupaing ninuno. Noong taong 2003, may aplikasyon ang isang kompanya na *Integrated Forest Management Agreement* (IFMA) sa lupaing ninuno na hindi dumaan sa proseso ng malaya, nauuna at malinang na kapahintulutan ng mamamayan. Sa halip na magtanim ng mga punong kahoy, ang kompanya ay nagsagawa ng malawakang pamumutol ng mga puno sa kagubatan. Sinubukan ng mga pinuno na kausapin ang namamahala sa kompanya at idinaan sa ligal na pamamaraan ang kaso subalit walang nangyari. Nagdesisyon ang mga mamamayan na sunugin ang labindalawang (12) sasakyan ng kompanya subalit nagpatuloy pa rin ang pagputol ng mga kahoy hanggang sa taong 2004. Sa taong 2005, nagpatupad ang TJG ng *biodiversity project* na pinondohan ng *United Nation Development Program* (UNDP) kung saan sila ay nagsagawa ng isang ritwal sa paanan ng bundok. Sa kaparehong taon, nagsumite ang TJG ng aplikasyon para maiproseso ang CADT sa kanilang lupaing ninuno sa NCIP. Noong 2006, nagsagawa ng pagsasanay ang pangunahing tanggapan ng NCIP hinggil sa pagtutukoy at pagtititulo ng lupaing ninuno sa mga kawani ng Tanggapan sa TagaTimog na Katutubong Pamayanan – Awtonomong Rehiyon sa Muslim Mindanao (*Office of the Southern Cultural Communities – Autonomous Region of Muslim Mindanao*, OSSC-ARMM) sa mga piling pinuno ng Téduray at Lambangian. Sa taon ding to ay nagsagawa ang TJG ng Lakbay Tribo para sa Gubat na dinaluhan ng mahigit kumulang isang libong (1,000) katao na naglakbay sa pitong (7) sagradong mga bundok at mga katutubong tanda (*landmark*) sa tatlong (3) munisipyo ng North Upi, South Upi at Datu Odin Sinsuat. Noong 2006, nagsimula ang *social preparation* para sa aplikasyon ng CADT ng pamayanang Téduray at Lambangian. Sa taong 2016, nasimulan na ang pagsusukat sa lupaing ninuno sa pakikipagtulungan ng *Philippine Association for Intercultural Development* (PAFID)³³ at Tebtebba.

³³ NGO na tumutulong sa mga Katutubong Pamayanang Kultural na masigurado at mabawi ang mga karapatan sa katutubong lupain at katubigan.



May nagtanong kung ano ang mangyayari kung isasagawa ang pamamaraan ng *dap-ay* at *lapat* sa pamayanan ng mga hindi katutubo. Tinanong rin ni *Titay Bleyen* Cio kung ano paano ipinatutupad ng Alkalde na namumuno sa *dap-ay* at lokal na pamahalaan ang *interfacing* sapagkat ang mandato ng nahalal na opisyal ng pamahalaan ay ang pagpapatupad ng *Local Government Code* at kung hindi ba ito magiging salungat kung ang katutubong batas (ayon sa IPRA) ang ipatutupad?

Ayon kay G. Cayasen, ang katutubong pamamaraan ng *dap-ay* ang pinapatupad ng mga Maeng sa bayan ng Tubo. Sa sistemang ito, inulit niya ang kahalagahan ng binibigyan ng kapangyarihan ng mga mamamayan sa pagpapasiya. Sapagkat ang pamahalaan ay sumusunod sa *Local Government Code*, ipinanukala sa *interfacing* na maisama ang katutubong pamamaraan na pinairal ng *dap-ay* na pinagtibay at ipinatutupad sa kasalukuyan.

Ang tungkuling ipatupad ang sistema ng katutubong balangkas pampulitika ay nakasaad sa IPRA. Sa *interfacing*, nanatili sa mga kawani ng pamahalaan ang pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin batay sa mga katutubong batas na ipinapatutupad ng pamayanan. Ibig sabihin, hindi magiging magkaiba ang tungkulin ng *dap-ay* at pamahalaang lokal, kundi nasusuportahan. Sa pagpapasiya, kailangang pinagkakaisahan muna ng mga mamamayan ang desisyon bago ito pagtibayin ng Alkalde. Sa panahon ng halalan, pinagkakaisahan at ini-endorso ng pamayanan ang karapat-dapat na maglilingkod sa pamahalaan na siyang magsusumite ng aplikasyon ng pagkakandidato sa *Commission on Election*. Sa pananaw ng mga Maeng, bagamat binigyan ang mga mamamayan ng karapatan na magpasya kung kakandidato o hindi, maaari itong nakakasira sa tribo sapagkat imbes na magkaisa ay nahahati pa ang mga mamamayan sa dalawa. Sa karanasan ng Maeng, mabisa ang ganitong mekanismo sapagkat kinikilatis muna ng mga *Council of Elders* ang mga magiging kandidato na siguradong magsusulong sa adhikain ng mga mamamayan.

Binigyang diin ni Bb. Martinez ang kahalagahan ng *dap-ay* sa pagpapasiya at sa agrikultura. Ipinaliwanag niya na sa Fedilisan ay sa mga *dap-ay* pinoproseso ang kolektibong pagpapasiya ng pamayanan. Mahalaga rin ang *dap-ay* sa agrikultura sapagkat dito pinagkakaisahan at isinasagawa ang mga ritwal kaugnay sa mga gawain dito.

Ayon naman kay Bb. Lilian Briones, ang *dap-ay* ay parang nagsisilbi ring paaralan sapagkat dito nagbibigay ng mga payo ang mga nakatatanda sa mga nakababatang henerasyon. Sa *dap-ay* rin binubuo ang mga batas sa pamayanan. Isa sa mga pinakatampok na katuruan ng *dap-ay* ay ang *inayan*³⁴ at *lawa*.³⁵ Ibinahagi niya na sa pamayanan ng Fedilisan ay may walong (8) *dap-ay* at ang bawat sambahayan ay miyembro sa isa sa mga ito. Bukod sa agrikultura, maraming aspeto sa buhay ng mga mamamayan ang responsibilidad ng *dap-ay* tulad ng ritwal na isinasagawa sa *dap-ay*. Bagamat ipinagbabawal ang pagpasok ng mga kababaihan sa mga *dap-ay*, sila ay kinokonsulta sa mga bagay na kailangang pagpapasiyahan ng pamayanan.


Ayon kay Bb. Cora Dapaing, isang Mansaka at kinatawan ng sektor ng kababaihan ng Limpong nang Mangkatadung sa Maragusan sa lalawigan ng Compostella Valley, ang mga kababaihang Mansaka at Mandaya ay may katulad din sa mga kababaihan sa Kordilyera na may kakayanan ding gampanan ang mga tungkulin ng mga lalaki sa pagpapasiya.

Sinag-ayunan ni G. Aclopen ang ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa pagpapatupad ng mga gawain ng *dap-ay*. Ipinaliwanag niya na kaya pinagbabawalan ang mga babaeng pumasok sa mga *dap-ay* sa Kordilyera, ay dahil ito ang nagsisilbing tulugan ng mga kalalakihan. May mga nakatalaga ring lugar na tulugan ang mga kababaihan sa pamayanan.

May dalawang (2) katanungan para kay G. Cayasen. Ano ang maaaring mangyari sa katutubong paniniwala kapag naaprubahan ang panukalang pederalismo? Sa pag-usbong ng Kristiyanismo, anong

³⁴ Ang *inayan* o ang mga alituntunin sa wastong pag-uugali ay siyang gumagabay sa mga Pidlisan sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

³⁵ Ang *lawa* ay ang mga ipinagbabawal na mga gawain sa pamayanan.



mga hakbang ang maaaring gawin ng mga katutubo para magkaisa at maipagpatuloy ang nakaugaliang paniniwala at tradisyon?

Kung tunay at totoong kilalanin ng pamahalaan ang IPS at kultura ng mga katutubo ay walang magiging problema ang mga katutubong pamayanan kapag isinulong ng pamahalaan ang prederalismo, ayon kay G. Cayasen. Kaugnay naman sa relihiyon, ibinahagi niya na sa Tubo ay nagkaroon ng *interfacing* sa paniniwala (relihiyon) kung saan nagkaroon ng pag-uusap ang mga mamamayan sa pangunguna ng mga nakatatanda sa *dap-ay* at mga pari at mga pastor para magkaintindihan sa paraan ng pagpapairal ng kani-kanilang prinsipyo at paniniwala na hindi nakakasira

sa katutubong kinagawian. Napag-usapan na rin sa *dap-ay* ang masamang epekto ng ilang mga teknolohiya sa kultura ng pamayanan. May mga isinusulong na adbokasiya sa mga pamayanan na kailangang bantayan ang mga bata sa naaayong paraan ng paggamit ng mga ito. Inihalimbawa niya ang paggamit ng *cellular phone* na nagiging dahilan ng paglabag ng mga kabataan sa mg utos o pangaral ng kanilang mga magulang.

Ayon kay Datu Brunz, hindi mahihirapan ang mga katutubo na pagkakaisahin ang paniniwala at relihiyon sa pamayanan. Ginawa niyang halimbawa ang paghingi ng Santo Papa ng paumanhin sa mga katutubo sa hindi magandang impluwensiya ng Katolisismo sa kultura. Noong Oktubre 2016 sa Cotabato ay nagpahayag din ng interes ang simbhang Katoliko na makipag-usap sa mga katutubo kung paano maisama ang relihiyon sa katutubong kaugalian. Para maipakita na bukal sa kalooban ng mga pari ang pag-intindi sa mga katutubong pamamaraan at gawain ng mga katutubo ay nakibahagi sila sa isa sa mga ritwal na isinasagawa sa lalawigan.



Mga Inisyatiba sa Pagpapanatili ng Katutubong Karunungan, Sistema at Pamamaraan

Facilitator: June Cadalig Batang-ay

Mga Pamamaraan at Kagawian ng mga Erumanen ne Menuvu sa Hilagang Cotabato

ibinahagi nina G. Ronaldo Ambangan, G. Julieta Gandor, at G. Aquino Manial, Erumanen ne Menuvu Kamal

Sinimulan ni G. Ambangan o Timuey Jojo, *vansa* Sinimburanen Erumanen ne Menuvu sa Aroman, Carmen, Hilagang Cotabato, ang pagbabahagi na ang Erumanen ne Menuvu ay kolektibong katawagan sa labintatlong (13) *vansa* o *subtribe* (Talaan 3) ng mga katutubo na nakatira sa Hilagang Cotabato at ilang bahagi ng Bukidnon. Sa ginaganap na aktibidad ay may kinatawan mula sa kumakatawan sa anim (6) na *subtribe* o *vansa* (Sinimburanen, Iliyanen, Simuniyen, Kirenteken, Isuruken at Livunganen) ang delegasyon ng mga Erumanen ne Menuvu.

Ayon sa kanya, karaniwan nang hindi kinikilala ng pamahalaan ang mga kinagawiang pamamaraan kapag ang mga ito ay hindi nakatala o nakadokumento. Dahil dito, sinikap ng mga Erumanen ne Menuvu na maisulat ang mga ito sa tulong ng mga dalubhasa.


Ipinakita niya ang mapa ng nasasakupan ng mga Erumanen ne Menuvu (Larawan 2) at ipinahayag ang pagnanais na mapanatili ang pamamahala nito sa pamamagitan ng pagpapanatili sa paniniwala (*kebpengeningeni*), panlipunan at ekonomiya (*kebpenguyag*) at pulitikal (*kebpengadat*) na aspeto ng kanilang buhay (Larawan 3). Inilahad din niya na ang mga aspetong ito ay magkakaugnay, nakasalalay sa lupaing ninuno at hindi maaaring maghiwalay dahil ang mga ito ang gumagabay sa pamumuhay at pamamahala ng mga pinuno sa nasasakupang lupain ng mga Erumanen ne Menuvu.

Para ipaliwanag ang pagkakaugnay ng mga aspeto ng buhay ng mga Erumanen ne Menuvu ay ginawa niyang halimbawa ang pagsasaka. Ang unang hakbang na ginagawa ay ang pagpili ng lugar kung saan maisasagawa ito na tungkulin ng mga lalaki sa

Talaan 3. Labintatlong (13) vansa ng Erumanen ne Menuvu at lugar kung saan matatagpuan

Vansa	Lugar kung saan matatagpuan
Sinimburanen	bayan ng Carmen, North Cotabato
Mulitaan	sa tabi ng ilog Mulita at Pulangi
Iliyanen	Bahagi ng Matalam, Antipas at Pres. Roxas, Cotabato
Derepuwanen	sa pagitan ng Carmen, bahagi ng Matalam, Arakan, Cotabato at Damulog, Bukidnon
Simuniyen	sa pagitan ng Carmen at Kabacan, North Cotabato
Livunganen	mga bayan ng Pigcawayan, Libungan, Aleosan, Cotabato
Isuruken	Malasila at Makilala, Cotabato – ngayon nasa paanan ng bundok Kituvud sa Bintangan, Carmen Cotabato
Limetanen	sa tabi ng sapa ng Lehiton sa Kabacan, Matalam at Antipas
Dungguanen	Pres. Roxas, North Cotabato at Damulog, Bukidnon
Kirenteken	Carmen, Banisilan, Alamaca, Cotabato at Kibawe, Kitaotao, Don Carlos, Maramag at Pagantucan, Bukidnon
Pulengiyen	Kibawe, Dangacan, Kitaotao, Don Carlos, Maramag

Larawan 2. Ang mapang nasasakupan ng mga Erumanen ne Menuvu sa Gitnang Mindanao



Larawan 3. Mga aspeto ng buhay ng mga Erumanen ne Menuvu.



pamayanan. Sa pagpili ng lugar, kinokonsulta ang mga mangangaso sa pamayanan sapagkat sila ang nakakaalam kung saan ang mga lugar na mainam sakahin sapagkat sila ang pamilyar sa gubat. Ang ilang mga palatandaan na isinasaalang-alang sa pagtutukoy ng lugar kung saan magsasaka ay ang pagiging buhaghag ng lupa at pagiging malapit sa kung saan may tubig. Bago makapagsimula ng pagsasaka, kailangang magsasagawa ng ritwal sa pamayanan para magpaalam sa mga espiritu. Ito ay tinatawag na *sunggud te kamanga* na isinasagawa ng mga *Weylan*. Pagkatapos ng ritwal ay pinagsasabong ang dalawang manok – isang puti at isang pula – kung saan nangangahulugang magiging maganda ang ani sa pamayanan kapag puti ang nanalo. Kapag hindi namatay ang manok sa sabong ay ginigilitan ang leeg at hinahayaang mamatay bago binibigyang kahulugan ng mga *Weylan* ang direksyon at anggulo ng ulo ng puting manok na nagsisilbing palatandaan ng masaganang ani sa pamayanan.

Ang pagpili ng kinatawan ng pamayanan sa IPMR ay isa ring halimbawa para ipaliwanang ang pulitikal na aspeto ng buhay. Katulad ng pamamaraan ng mga Maeng ay kolektibo ring pinagkakaisahan ng mga Erumanen ne Menuvu ang taong kakatawan sa kanila bago isusumite ang pangalan sa pamahalaang bayan. Subalit nakakalungkot na minsan, kahit na may pinagkaisahan ang katutubong pamayanan na magsilbi ay iba pa rin ang hinihirang ng mga pulitiko.

Ang aspeto ng panlipunan at pulitika ay hindi limitado sa paghahatol ng kaparusahan sa mga nagkakasala sa pamayanan. Kasama rin dito ang pamamagitan, pag-uusap-usap at pagpapakasundo sa mga taong hindi

nagkakaintindihan. Ang lahat ng mga gawaing ito ay nilalahukan ng lahat ng mamamayan. Sa pag-uusap-usap, isinasama rin ang pagkonsulta sa mga espiritu (puti man o itim) na kanilang pinaniniwalaang na bahagi ng mga nilalang sa mundo. Kapag may nakapasok na mga masasamang espiritu sa pamayanan ay nakikipagkasundo ang mga katutubo sa kanila sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ritwal. Siya ay nagbiro at sinabi na sa usapin ng kapayapaan, mas madali pang makipagkasundo sa mga espiritu na hindi nakikita kaysa sa mga tao na harap-harapang kinakausap.

Dinagdagan naman ni Timuey Julierto Gandor, kinatawan ng *vansa* Sinimburanen sa pamayanan ng Kibudtungan sa Carmen, Hilagang Cotabato, ang naibahagi at sinabi na ang mga nabanggit na aspeto ng buhay ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng pagsunod sa IKSP ng pamayanan. Sa mga katutubong pamayanan ay mataas ang pagpapahalaga sa mga kabataan sapagkat sila ang magpapatuloy sa mga gawain sa pamayanan. Para maisalin ang mga katutubong kaalaman ay isinasama ang mga bata sa mga gawain tulad ng agrikultura, pangngisda at pangangaso upang makakuha ng tuwirang karanasan sa paggawa ng mga kasanayan na kanilang gampanan sa lipunan. Sa pag-uusap ng mga katutubong pinuno sa pamayanan ay karaniwan ding isinasama ng mga pinuno ang kanilang mga anak o apo para unti-unting matuto sa kinagawiang pamamaraan ng pamamahala at makilahok sa mga usapin sa pamayanan. Sinabi niya na tila ba may pagkakaintindihan sa pamayanan na ang mga bata ay nagsisilbing *apprentice* ng mga nakatatanda. Ang mga bata ay natututo ng mga kasanayan sa pamamagitan

ng pagmamasid at paggaya sa ginagawa ng mga nakatatanda para pagdating ng tamang panahon ay mahusay nilang maisasagawa at magagampanan ang papel sa pamayanang kinabibilangan. Panghuli, ipinahayag niya na ang mga ganitong pamamaraan ng pagtuturo sa mga susunod na salinlahi ay katulad din sa ibang mga katutubong pamayanan.

Si Timuey Aquino Manial, kinatawan ng *vansa* Simuniyen sa pamayanan ng Timbuhay sa Kabacan, ay nagbahagi tungkol naman sa paniniwala ng mga Erumanen ne Menuvu na kanilang tinatawag na *langkat*. Sinabi niya na kung kinikilala ng mga Kristiyano ang Panginoon, kinikilala naman ng mga Erumanen ne Menuvu si *Megbevaya* na siyang lumikha ng *dunya*³⁶ o ang sanlibutan at ang mga samu't saring buhay dito na siyang pagkukunan ng mga *malunisiya* o tao ng kanilang pang araw-araw na mga pangangailangan. Naniniwala sila na kailangang pangasiwaan ng *malunisiya* (tao) ang *dunya* (sanlibutan) nang maayos para mapanatili at tuloy-tuloy itong mapakinabangan. Kabilang sa mga nilikha ng *Megbevaya* ay ang tagapamahala ng *dunya*, ang mga diwata at mga espiritu. Naniniwala rin ang mga Erumanen ne Menuvu na lahat ng nilalang ay may espiritu kagaya ng *Uhis ne Meminteranen* o ang espiritu ng kalawakan, espiritu ng kalupaan, espiritu ng katubigan, at espiritu ng pagkain. Ang mga hayop, puno, apoy at iba pa ay may kani-kaniya ring mga espiritu.

Sinang-ayunan din niya na kailangan munang magpaalam sa mga espiritu bago mag-umpisa ng agrikultural na gawain ang mga Erumanen ne Menuvu. Ibinahagi niya na may limang (5) yugto ng pagkakaingin ang isinasagawa sa pamayanan. Ang una ay ang *kamat* kung saan nagsasagawa ng pagtatanim ng palay sa malawak na lupain sa

buwan ng Marso hanggang Abril na inaani naman sa buwan ng Hunyo hanggang Hulyo. Pagkatapos ng anihan ay nililinis ulit ang ilang bahagi ng *kamat* para taniman ng mais, kamote, kamoteng kahoy, at iba pa. Ito ay tinatawag na *kuhu*. Ang ikatlong yugto ay ang paglilinis ng mga natirang dayami ng palay sa *kamat* at tinataniman ng mga tubo, saging, gabi at iba pang mga halamang ugat na tinatawag na *talihava*. Tinatawag namang *talau* ang ikaapat na yugto kung saan iniwan ang *kuhu* at lumilipat sa ibang ibang bahagi ng bundok para linisan at taniman. Ang ikalima ay ang *karaan*, ang tawag sa mga *kuhu* na matagal nang iniwan pero may mga makukuha pa ring mga pagkain.

Ang panahon ng pagtatanim at halamang itatanim ay nalalaman sa posisyon o pormasyon ng labindalawang (12) bituin sa kalangitan na inoobserba ng mga nakatatanda sa pamayanan. Ipinaliwanag niya ang limang (5) katangian ng mga pananim na tinitingnan ng mga katutubo. Kapag ang mga halaman ay umusbong mula sa ilalim ng lupa, tinatawag itong *dalit* o ugat kung saan lumalabas ang *rawan* o dahon na siya namang nilalabasan ng *lawa* o ang katawan ng pananim. Sa *lawa* nanggagaling ang *kavukaran* o bulaklak na siya namang pinangagalingan ng *bahas* o bunga. Sa pagtatanim naman ng kamote, kamoteng kahoy o gabi ay dapat sa araw ng *dalit*, ang pagtatanim ng tubo ay sa araw ng *lawa* at ang pagtatanim ng palay o saging ay dapat sa araw ng *bahas*. Kapag itinaon ang pagtatanim ng mais sa araw ng *rawan* ay magkakaroon ang pananim ng maraming dahon pero maliliit na bunga. Isinasaalang-alang din ng mga Erumanen ne Menuvu ang anyo ng buwan sa pagtatanim. Ito ay karaniwang ginagawa dalawa (2) hanggang tatlong (3) araw pagkatapos ng kabilugan ng buwan sa *Gregorian calendar*.

Ang mga kagawian ng Dulangan Manobo sa pagpapanatili at pagsasalin ng katutubong kaalaman

ibinahagi ni G. Ruben Dalimbang, DMTJSG

Nagpakilala si Datu Ruben Dalimbang, isang Dulangan Manobo at kinatawan ng Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance (DMTJSG) sa Lebak, Sultan Kudarat. Ang mga Dulangan Manobo ay matatagpuan sa walong (8) bayan sa lalawigan ng Sultan Kudarat, Maguindanao, South Cotabato, at Saranggani. Sila ay nagmula sa kanilang mga ninuno sa panahon ni Inay Tumegel na isang *Bliyan*.³⁷ Ayon sa paniniwala

ng mga Dulangan Manobo, noong unang panahon ay magkalapit ang langit at lupa kaya nagagawang tumawid ng mga tao sa kabilang buhay at nakakabalik sa mundo sa pamamagitan ng *kayu kelekem*, isang kahoy na nagbibigay ng buhay na walang hanggan, na nakatayo sa gitna ng *lawa* ng Sebu (S'bu). Pinaniniwalaan din ng mga Dulangan Manobo na isa si Inay Tumegel sa mga unang nakatawid sa magkabilang mundo. Subalit, ang *kayu kelekem* ay

³⁶ *Duen e* iya na ang ibig sabihin ay nandiyan na lahat sa lupa ang pangangailangan ng mga tao.

³⁷ Manggagamot sa pamayanan at siyang may kakayahang hulaan kung may mga masamang pangyayari na paparating.

itinumba ni Dakkel Maama, isang *busaw*³⁸ na naging dahilan kaya lumawak ang lawa ng Sebu.

Katulad ng mga naunang pagbabahagi, nagpapairal din ng kinagawiang pamamaraan at kaalaman ang mga Dulangan Manobo sa pangangasiwa at pangangalaga ng kalikasan sapagkat dito nila kinukuha ang lahat ng pangangailangan ng pamayanan. Kaya sila nakikibahagi sa mga pagtitipon ng mga katutubo ay para matuto sa mga magagandang kasanayan ng ibang pamayanan na maaari rin nilang ipatupad sa kanilang pamayanan para mas mapahusay ang pamamahala sa kanilang lupaing ninuno at nasasakupan. Subalit, ayon sa kanya hindi siya sang-ayon sa pananaliksik at pagtatala sa mga katutubong pamamaraan at kultura ng mga hindi katutubo sapagkat may mga ilan na pinagkakakitaan ang mga impormasyon na nakalap mula rito.

Ang kultura at tradisyon ng mga Dulangan Manobo ay buhay na buhay pa rin at itinuturo sa mga sumusunod na salinlahi. Sa katunayan, ito ay itinatampok sa taunang *Lennga Festival* ng pamayanan na bagamat kinikilala ng lokal na pamahalaan ay hindi kinikilala ng NCIP.

Naniniwala rin ang mga Dulangan Manobo na ang kinagawiang pamamaraan ng pamumuno at pamamahala ay hindi hiwalay sa RA 7160 na ipinatutupad ng pamahalaan. Ang mga pinuno sa pamayanan ang namumuno sa pangangalaga sa kanilang lupaing ninuno at nagpapatupad sa mga kinaugaliang batas sa nasasakupang pamayanan. Ipinahayag niya na bilang pinuno sa pamayanan, kabilang sa kanyang tungkulin ay ang pagsasaayos ng mga problema sa pamayanan. Dahil siya ay nakatutok sa pamamahala ng pamayanan, wala siyang karunungan sa ibang mga gawain katulad ng pangangaso, pangingisda, pagsasayaw at pag-awit. May mga kani-kaniyang kahusayan din ang ibang mga pinuno sa iba't-ibang larangan katulad ng agrikultura, kalusugan at iba pa. Ayon pa rin sa kanya, maaari siyang magbahagi sa mga paraan ng

pagputol ng *uway* o yantok o magbigay ng payo para malutas ang problema ng mag-asawa subalit hindi niya ito maaaring gawin sapagkat maihahalintulad ito sa pagtapak niya sa responsibilidad ng mga ibang mga pinuno.

Sa pagpapatupad ng mga katutubong gawain at pagpapanatili sa katutubong kultura, kinokunsulta ng mga pinuno ang mga nakatatanda sa pamayanan at kapwa pinuno para masiguradong naaayon at naangkop sa pamayanan ang mga ipinapatutupad na mga panuntunan.

Para sa kanya, ang kaibahan ng mga Dulangan Manobo sa ibang mga katutubo sa Pilipinas ay ang kawalan ng suporta ng pamahalaan sa mga pinuno sa pag-aasikaso sa pangangailangan ng mga mamamayan. Ayon sa kanya, ang mga kaso sa pamayanan ay idinederetso ng ilan sa kapulisan nang hindi kinokunsulta ang mga katutubong pinuno. Upang malutas ang problemang ito, nagbabalak ang DMTJSG na makipagdayalogo sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan upang igiit ang karapatan na lutasin ang mga problema o mga kaso sa pamayanan sa pamamagitan ng kinaugaliang pamamaraan. Kung hindi sila magtatagumpay sa pag-aayos ng problema ay saka pa lang maaaring isangguni sa barangay o sa kapulisan.

Ipinahayag niya na mayroong mga panuntunan ang pamahalaan na taliwas sa mga katutubong pamamaraan. Isang halimbawa ay ang “*No Home Birthing Policy*” at pagpapataw ng tatlong libong (3,000) piso na multa sa sinumang lalabag dito. Ipinagbawal na rin ang pagpapalibing ng mga bangkay sa mga lugar na dating pinaglilibingan ng mga katutubo. Dahil dito, siya ay umaasa na maayos ang pagproposeso ng CADT ng pamayanan sakanilang lupaing ninuno na umaabot sa 26, 770 na ektarya para matigil na ang paglalapastangan sa kanilang mga karapatan. Ang CADT ang magiging katibayan sa pamahalaan na sila ang nauna sa kanilang lupaing ninuno. Ayon sa kanya, “kung sila pala ang nauna, saan kami galing?”

³⁸ Katawagan ng mga Dulangan Manobo sa aswang na hindi nakikita ng mga normal na tao.



Ibinahagi ni Datu Matatau na sagana rin ang mga Banwaon sa mga katutubong paniniwala at gawain. Sa agrikultura, ang pamumulaklak ng mga halaman sa kagubatan ay isang palatandaan na magiging maganda ang ani sa pamayanan. Subalit, sa pagbabago ng klima o *climate change*, ang mga Banwaon ay nagkakaroon ng problema sa pagtanim sapagkat hindi na nila naobserbahan ang mga palatandaan sa kapaligiran.

Ang pagbabago ng klima ay ikinababahalang rin ng mga Erumanen ne Menuvu sapagkat ang pag-oobserba sa mga bituin at buwan sa kalawakan ay siyang maghuhudyat ng pagsisimua sa mga gawain sa agrikultura ayon naman kay Timuey Jojo. Binigyang diin niya ang naunang naibahagi na may mga sinusundan na panahon sa pagtanim ng iba't ibang uri ng pananim na kailangang angkop sa panahon ng ugat, dahon, bunga at iba pa. Sa pagbabago ng klima kung saan ang panahon ng tag-init ay nagiging panahon ng tag-ulan at ang panahon ng tag-ulan ay nagiging panahon ng tag-init; hindi na nakikita ng mga nakatatanda ang mga bituin at buwan sa kalangitan.

Nagpahayag naman si Titay Bleyen Santing ng suporta kay Datu Ruben para maibsan ang pagkaawa sa sarili ng mga Dulangan Manobo at sinabi na sa apat (4) na taon na pagtatala ng mga Dulangan Manobo sa katutubong pamamahala at kinaugaliang batas ay tinulungan sila ng TJG kaya nabuo ang DMTJSG. Bukod sa mga Dulangan Manobo, tinulungan din ng TJG ang mga Ubo, Tagakaulo, Blaan, T'boli at Erumanen ne Menuvu para maitala ang katutubong balangkas pampulitika.

Sinabi ni Datu Bebot Rosmeros na sa pamayanan ng mga Higaonon sa Surigao del Norte, pinangunahan niya ang pagpatigil sa pag-iimbita sa mga matatanda na sumayaw tuwing may mga pagdiriwang sa takot na gawing taga-alih lamang ang mga katutubo. Sinuportahan din niya ang ibinahagi ni Datu Ruben na may kanya-kanyang tungkulin ang mga pinuno.

Sa mga Higaonon, bukod sa pamamahala ay kasama rin sa tungkulin ng pinuno ang pagiging *Baylan*.

Kasama rin sa mga tungkulin ng mga pinuno ay ang pagpapanatili sa mga rekursong sa lupaing ninuno. Kaugnay nito, ibinahagi niya sa mga tagapakinig ang palagay sa pagpapatupad ng pamahalaan ng *National Greening Program*³⁹ o NGP sa mga nasasakupang lupain ng mga katutubo. Kapag ang kagustuhan ng pamahalaan ay ang pagtanim ng mga puno sa mga katutubong lupain, ang pondo na nakalaan para sa proyekto ay dapat na ibinigay sa mga katutubong pamayanan para pangasiwaan at ipatupad ang proyekto.

Pinaalalahanan niya ang mga kalahok na magdasal sa *Magbabaya* sapagkat ito ang pinakamabisang paraan para maharap ng mga katutubo ang kanilang mga suliranin kasama ang usapin sa pagbabago ng klima kung saan sila ang unang naaapektuhan.



³⁹ Pangunahing proyekto ng pamahalaan sa panahon ng Pangulong Noynoy Benigno Aquino na may layuning makapagtanim ng 1.5 bilyong pananim sa 1.5 milyong hektarya ng lupain

Pagbubuod at Ways Forward

Pinadaloy ni Bb. Florence Daguitan

Para sa pagbubuod, nagbahagi si Bb. Daguitan ng ilan sa mga matitingkad na mensahe mula sa mga pagbabahagi at malayang talakayan. Nakita ang kahalagahan ng katutubong kaalaman sa pangangasiwa sa kalikasan at sa kabila ng mga magkakaiba at magkakasalungat na pananaw, naigigiit at naisasabuhay pa rin ang maraming katutubong kaalaman sa mga teritoryo ng mga katutubo. Ito ay maaaring tingnan bilang palatandaan ng katumpakan ng mga katutubong kaalaman. Nakita din na malakas ang kapit ng mga katutubo sa pangangalaga at proteksyon ng mga tirahan ng mga samu't-saring buhay, kung kaya't nakikilala at naisusulong ang katutubong kaalaman bilang isang mahalagang sangkap ng likaskayang pag-ulad (*sustainable development*) na pakikinabangan ng mga susunod na salinlahi.

Ibinahagi rin niya ang ilang kaganapan kung saan nakilala ang mga katutubong kaalaman.

Sa kasaysayan, isa sa mga unang kumilala sa katutubong kaalaman ay ang *Earth Summit* ng United Nations noong taong 1992 na nagpalabas ng Rio Declaration kung saan naisama ang *Principle 22*⁴⁰ na nagsasaad na, “ang mga katutubo at ang kanilang mga pamayanan at iba pang lokal na pamayanan ay mayroong mahalagang tungkulin sa pamamahala at pagpapaunlad ng kalikasan dahil sa kanilang katutubong kaalaman at pamamaraan. Kailangang kilalanin at suportahan ng Estado ang kanilang pagkakakilanlan, kultura at interes at paganahin ang kanilang partisipasyon sa pagkamit likas-kayang pag-unlad.”

Sa Earth Summit nabuo ang *Convention on Biological Diversity* (CBD) na mayroong tatlong (3) layunin: (1) mapangalagaan ang samu't-saring buhay sa mundo, (2) mapanatili ang mga ito sa pamamagitan ng naaayong paraan ng paggamit, at (3) karampatang pagbabahaginan sa mga benepisyo sa paggamit ng mga henetikong kayamanan.

Ang kahalagahan ng katutubong kaalaman ay naisama rin sa pagbubuo ng mga tadhana ng CBD. Isa dito ay ang *Article 8j* na nagsusulong sa paggalang, pangangalaga, pagpapanatili ng mga katutubong kaalaman, pamamaraan at makabagong ideya (*innovations*) ng mga katutubo at lokal na pamayanan na namumuhay na may kaugnayan sa pangangalaga, naaayong paggamit ng mga samu't-saring buhay at nagsusulong ng mas malawak na pagpapatupad ng mga ito na kailangang pinayagan at nilahukan ng mga nakakaalam sa mga katutubong kaalaman, ideya at kasanayan at hinihikayat ang pantay na pagbabahaginan sa mga benepisyo sa paggamit ng mga ito. Pangalawa ang *Article 10c* na nagsusulong ng pangangalaga at hinihikayat ang kinaugaliang paggamit ng bayolohikal na kayamanan alinsunod sa mga kinaugaliang pamamaraan na tumutugma sa mga kailangan sa pangangalaga at tuloy-tuloy at mapangalagang paggamit.

Sa Pilipinas, ang mga karapatan ng mga katutubo ay kinikilala sa IPRA, ang batas na kumikilala sa mga karapatan ng mga katutubo, kasama ang paggalang at pagsulong ng mga katutubong kaalaman at kultura. Naipasa ito noong 1997 at ang sangay ng pamahalaan na mayroong responsibilidad na ipatupad eto ay ang Pambansang Komisyon pasa sa Katutubong Pamayanan o NCIP.

Kaugnay sa pagpapatupad sa mga kasunduan sa CBD, ang Kawanihan ng Pamamahala sa Sari-saring Buhay (*Biodiversity Management Bureau*, BMB) ng DENR ang nangunguna sa pagpapatupad nito.

Batay sa resulta ng pagbabahaginan ay patuloy na isinasabuhay ng mga kalahok na miyembro ng UPAKAT ang mga mayaman na katutubong kaalaman at mga kinaugaliang pamamaraan upang pangalagaan, panatilihin at pamahalaan ang mga samu't-saring buhay at ang mga likas na yaman sa kanilang mga lupaing ninuno. Dahil dito, malaki ang ambag ng mga katutubo sa pagkamit ng mga layunin ng CBD.

⁴⁰ Principle 22 of the Earth Summit Rio Declaration -“Indigenous people and their communities and other local communities have a vital role in environmental management and development because of their knowledge and traditional practices. States should recognize and duly support their identity, culture and interests and enable their effective participation in the achievement of sustainable development.”

Ayon sa kanya, noong ikalabindalawang (12th) *Conference of the Parties (COP)*⁴¹, kinilala ng CBD ang *community-based monitoring information systems (CBMIS)* bilang isang pamamaraan ng pagsubaybay at pag-uulat sa kung ano mga nangyayari sa mga pamayanan kaugnay sa mga layunin ng CBD. Sa hanay ng mga katutubo dito sa Pilipinas, mayroon na ring ganitong inisyatiba na isinasagawa katulad ng mga Kalanguya sa bayan ng Tinoc sa lalawigan ng Ifugao na nagsusulong ng katutubong kaalaman at nagsasagawa ng pagsusubaybay sa kalagayan ng kalikasan sa loob ng kanilang pamayanan.

Sa huli, ipinanukala niya ang pagpapatuloy ng pagpapalakas at paglinang sa mga katutubong batas, kultura at tradisyon - na kabilang sa mga layunin ng UPAKAT.

Para palalimin ang talakayan, nag-*facilitate* siya ng isang palihan o *workshop* para talakayin ang mga maaaring gawin ng mga kalahok sa kanilang mga pamayanan pagkatapos ng komperensya. Ang mga kalahok ay hinati sa ibat-ibang pangkat para mag-usap-usap at magkaisa sa mga gawaing dapat ipatupad para mas epektibong maisulong ang mga katutubong kaalaman at pamamaraan kaugnay sa pangangasiwa ng kalikasan at kung paano makakuha ng suporta sa pamahalaan para makilala, maisulong at mapauplad ang mga ito.



Pagtatalakay sa resulta ng workshop

Ang mga tugon ng mga kalahok ay hinati sa tatlong (3) kategorya.

Una ay ang mga gawain na maaaring isagawa sa antas ng mga katutubong pamayanan ng mga katutubo:

- pagbabahagi ng mga miyembro ng UPAKAT ng mga natutunan sa mga pinupuntahang aktibidad sa mga kinabibilangang katutubong pamayanan, samahan o katutubong balangkas pampulitika;
- pagpapalakas, paglinang, pagsasagawa at pagsusulong ng IKSP sa katutubong pamayanan, katutubong balangkas pampulitika o samahan;
- pag-lobby sa lokal na pamahalaan para makakuha ng pagsuporta sa mga gawaing nagsusulong at nagpapaunlad ng mga katutubong kaalaman at pamamaraan para umunlad ang mga lupaing ninuno o ang mga pamayanan ng mga katutubo.

Ikalawa ay ang mga gawain na maaaring pagtulungan ng ugnayan at ng mga kasapi nito para mapalakas at maisulong ang mga katutubong kaalaman ay.

- patuloy na paggabay sa mga kasapi ng UPAKAT; at
- pananaliksik at pagtatala ng mga IKSP ng pamayanan para maging sanggunian ang mga susunod na salinlahi.

Pangatlo ay ang mga gawain sa mga katutubong pamayanan na nangangailangan ng lobby at adbokasiya para makuha ang suporta ng pamahalaan.

- pagsulong na maisama ang mga katutubong kaalaman sa sistema ng edukasyon;
- pagsusulong ng organikong agrikultura para makamit ang seguridad sa pagkain at food sovereignty;
- pagkilala sa mga katutubong pamamaraan sa pangangalaga sa kalikasan at pagsasama sa mga ito sa pagbubuo ng mga panukalang mga batas ng pamahalaan; at
- pagkilala sa mga katutubong pamamaraan sa pag-angkop sa pagbabago ng klima.

⁴¹ Ang COP ang pangunahing namamahala at ang nagsusulong sa pagpapatupad ng Convention sa pamamagitan ng mga desisyon na pinagpasyahan ng mga bansa sa pagpupulong nito.

Lakbay Aral

Ang lakbay-aral ay naglalayon na mabisita ng mga kalahok sa iba't-ibang lugar na nagpapakita ng kultura, mga katutubong pamamaraan, kabuhayan at gawain ng mga T'boli sa Lake Sebu. Ang mga kalahok ay hinati sa dalawang (2) pangkat para hindi magsiksikan sa mga lugar na pupuntahan. Ang unang grupo ay pinangunahan nina Bb. June Cadalig Batang-ay, Bb. Angelina Ortiz at G. Normindo Mosella at ginabayan ni Boi Rosie Sula habang ang ikalawang grupo ay pinangunahan nina Bb. Abi Kitma, Bb. Odhen Paleng at G. Rande Bayate na ginabayan naman ni G. Ian Mark Kamangkang.

Unang Grupo	Ikalawang Grupo
Lang Dulay Weaving Center Habang binabagtas ng sasakyan ang baku-bakung kalsada ay maingay na nagpapalitan ng kaisipan, palagay at damdamin ang mga kalahok tungkol sa isa sa mga tradisyon sa pag-aasawa ng karamihan sa mga tribo sa Mindanao—ang poligamiya o ang pagkakaroon ng higit sa isang asawa ng mga kalalakihan. Ang unang destinasyon ng grupo ay ang Sitio Tokolefa sa barangay Lamdalag sa Lake Sebu - ang lugar kung saan manwal na hinahabi ng mga kababaihang T'boli ang <i>t'nalak</i>, ang katutubong tela na gawa sa hibla ng abaka at ginamitan ng natural na pangkulay. Tanyag ang lugar na isa sa mga paboritong pasyalan ng mga turista sapagkat dito naghahabi si Boi Lang Dulay⁴² noong siya ay nabubuhay pa. Ang mga bisita ay pinaakyat sa ikalawang palapag ng bahay na may mataas na kisame at malalaking bintana para makapasok ang liwanag na nagmumula sa sikat ng araw. Nakasabit sa mga dingding ang mga larawan ng yumaong si Lang Dulay. Makikita din sa silid ang ilang mga yugto sa paggawa ng <i>t'nalak</i> para makita ng mga bisita at pinagbawalan silang hakbangan ang mga ito. May isang bahagi rin ng silid kung saan nakalagay ang mga produkto mula sa <i>t'nalak</i> na ibenebenta sa mga bisita na siyang pinagkakakitaan ng mga naghahabi nito. Ang mga bisita ay umupo paikot sa silid para sa talakayan. Bago nagsimula ang pagbabahagi tungkol sa <i>t'nalak</i> nag-alay ng isang awit (<i>chant</i>) si Boi Rosie na kanyang naging panata tuwing siya ay pumupunta rito. Ang mga manghahabi ay nagpamalas din ng talento sa pagtugtog sa <i>hegalong</i>, tradisyunal na gitara na may dalawang kuwerdas, at pagsasayaw.	Handloom Weaving Ang mga T'boli ay kilala sa kanilang paghahabi. Sa Sitio Lemkanidang, Lamdalag, Lake Sebu ay matatagpuan ang Klowil Kem Libun Organization, Inc., isang <i>School of Living Tradition</i> (SLT) on <i>Handloom Weaving</i> kung saan ang mga kababaihan ay nagtayo ng pahabian para sa kanilang paghahanapbuhay. Ang mga kalahok ay sinalubong ng pinuno ng grupo ng mga naghahabing kababaihan at hinayaan munang magmasid at magtanong sa mga naghahabi. Sa panahon ng pagbisita ay may nadatnang sampung (10) tradisyunal na kagamitan sa paghahabi at apat (4) na manghahabi. Namalas din ng mga kalahok ang isang limang (5) taong gulang na babae na magaling mag-<i>threading</i> o ang maglagay ng sinulid sa kahoy na rolyo galing sa plastik. 

⁴² Manghahabi ng *t'nalak* na ginawaran ng parangal na Gawad na Manlilikha ng Bayan noong 1998.

Ang pamamaraan ng paghahabi at mga disenyo ng *t'nalak* ay isang kaalaman na ipinamana ng mga ninuno at hindi maaaring i-*patent* ng isang tao. Ang mga orihinal na disenyo ay nagmula sa panaginip—kaya tinawag na *dreamweaver*; at hindi lahat ng mga naghahabi ay may kakayahan na managinip ng disenyo. Para hindi mawala ang tradisyon ng paghahabi, tinuturuan ng mga kasalukuyang naghahabi, na noo'y estudyante ni Lang Dulay, ang mga nagnanais na matututo nito.

Sa kasalukuyan, may dalawampu't siyam (29) na hakbang na sinusundan sa paggawa ng *t'nalak* na tela. Mayroon ding isang daan at isang (101) opisyal na disenyo ang tela ng *t'nalak* na siyang nilalaman ng “*Dreamweavers*” na aklat na maaaring magbili sa *National Book Store*.



Mahaba ang proseso na inaabot ng tatlo (3) hanggang apat (4) na buwan bago makatapos ng isag rolyo ng *t'nalak* na tela na umaabot ng anim (6) hanggang walong (8) metro ang haba. Ang unang hakbang ay ang pagsasagawa ng ritwal bago pinuputol ang mga abaka para gawing hibla. Ang disenyo ng hahabiin ay nakabatay sa pagbubuhol ng mga hibla bago pinakukuluhan sa natural na tinta mula sa mga dahon, balat o ugat ng mga halaman na sagana pa rin sa pamayanan. Karaniwang tatlo (3) ang kulay na ginagamit ng mga T'boli—pula, itim at puti. Sa kasalukuyan, maaaring gamiting kapalit ng kulay pula at itim ang kulay kahel at asul. Matapos malagyan ng kulay ay pinatutuyo ang mga hibla ng abaka bago hinahabi para maging tela. Ang nahabi ay pinakikintab sa pamamagitan ng kabibe.

Sa kasalukuyan, ang paghahabi ng *t'nalak* ay siyang pangunahing hanapbuhay ng ilang kababaihan sa pamayanan. Nagsimula na rin silang mag-angkat ng mga abaka upang matulungan ang mga tao sa kalapit na pamayanan at para magbahagi ng biyaya.

Handloom Weaving

Ang kasunod na pinuntahan ng grupo ay sa Sitio Lemkanidang, Lamdalag, Lake Sebu—ang lugar kung saan nakatayo ang isang School of Living Tradition sa paghahabi ng Handloom.

Para makarating sa lugar, ang mga kalahok ay kinailangang maglakad ng dalawampung (20) minuto sa baku-bakung kalsada na tanging motorsiklo lamang ang nakakadaan at nakatatawid sa ilog. Ang paglalakad ay nagsilbing oras para mas lalong magkakakilanlan ang ilang mga kalahok at magpapalitan ng palagay ukol sa mga aral na natutunan mula sa paghahabi ng *t'nalak*.

Bagamat gumagamit ng mga makina sa paghahabi ng mga malong ay buhay pa rin ang tradisyunal na paraan ng paghahabi sa pamayanan. Ibinahagi rin ng mga manghahabi na sila ay karaniwang nakakatapos ng isang malong sa loob ng dalawang (2) araw. Ang sinulid na ginagamit ay binibili sa merkado. Ang tradisyunal na kulay ng malong ng T'boli ay itim at pula, ngunit dahil sa pagkakaroon ng mga sinulid na may iba't ibang kulay ay nakapaghahabi na rin sila ng mga makukulay na mga malong.

Pagkatapos ng pagbabahaginan ay hinayaan ang mga kalahok na malayang makipagtalakayan sa mga manghahabi. Ang ilan sa mga kalahok ay hindi pinalampas ang pagkakataon na masubukang maghahi. Sila rin ay inalok ng mga manghahabi na bumili ng kanilang mga produkto.

Lang Dulay Weaving Center

Sumalubong sa mga kalahok ang apo ng yumaong si Boi Lang Dulay, na siyang nagsilbing tagapagsalita at tagapadaloy sa talakayan. Bago niya sinimulan ang pagbabahagi ay nagpamalas ang isang nakatatandang bababe ng awit gamit ang *hegalong* at *feg'lung koyu*⁴³ na ang ibig sabihin ay pagdiriwang sa pagsasama-sama ng mga katutubo na may iba't-ibang kultura. Ipinakita din ng tagapagpadaloy ang *tinonggong* o tambol na gawa sa kawayan at balat ng usa na ayon sa kanya ay ginagamit sa labanan noon.

⁴³ Katawagan sa gitara na gawa sa kawayan na tinutugtog kung may mga bisita sa pamayanan.

Ang *handloom weaving* ay pinamamahalaan ng Klowil Kem Libun Organization, Inc., isang samahan ng mga kababaihang T'boli na may kasalukuyang animnapung (60) miyembro na paghahabi ng malong ang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan. Sila rin ay nagbuburda ng mga katutubong kasuotan ng mga T'boli.

Ang karaniwang sinulid na ginagamit sa paghahabi ay *polyester* na nabibili sa merkado kasama ang iba pang mga kagamitan sa paghahabi. Sa loob ng isang araw ay nakakatapos ang isang maghahabi ng tatlong (3) metro ng malong.

Ang ilan sa mga kalahok sa lakbay-aral ay personal na nakipagbahaginan sa mga naghahabi at sinunggaban din ang pagkakataon na subukan din ang pamamaraan ng paghahabi ng mga T'boli.

Pagkatapos ng bahaginan ay inalok ang mga kalahok ng mga produkto ng samahan na maaaring bilhin para may pasalubong sa pag-uwi.



May nagpamalas din ng sayaw upang ipakita ang payak ngunit matikas na galaw ng mga T'boli. Ibinahagi ng tagapagpadaloy na sa pagsasayaw ay malalaman ang pagsisimula at pagwawakas ng sayaw kung hahawakan ng mananayaw saglit ang kaniyang paa.

Sa paghahabi ng *t'nalak* ay ipinahayag niya na hindi lahat ng mga manghahabi nabibiyayaan ng *FuDa!* o ang espiritu ng abaka para makapanaginip ng mga disenyo katulad ni Boi Lang Dulay. Bago siya pumanaw ay nakagawa siya ng mahigit kumulang na isangdaan (100) na disenyo. Sa kasalukuyan ang mga naghahabi ng *t'nalak* ay ginagaya lamang ang mga naunang disenyo. Karamihan din sa mga tinuturuan sa paghahabi ay mga iniwan n Lang Dulay na mga kamag-anak na babae.

Mahaba ang proseso at umaabot sa tatlo (3) hanggang apat (4) na buwan ang dinadaan bago ang abaka ay maging ganap na *t'nalak* na tela. Bago putulin ang mga abaka ay kailangan munang magsagawa ng ritwal bilang paggalang sa mga espiritu na naninirahan at nagmamay-ari nito. Pagkatapos ay may isasagawang mga proseso sa abaka bago ito magamit sa paghahabi. Ilan sa mga prosesong ito ang *stripping*, *rubbing*, *air drying*, *combing* (gamit ang kamay habang ito ay nakasabit), *quality checking*, *sindang* (ang mga hibla ay ginagawang bola), *sumafen* (pagtatagpi ng mga hibla), *mubod* (pagtatali ng mga hibla upang humaba) at pagkukulay sa mga hibla gamit ang iba't ibang bahagi ng halaman sa pamayanan.

Ipinaliwanag din ng apo ni Boi Lang Dulay na salungat sa karaniwang kaisipan ay ang kulay pula, itim at puti ay tradisyunal na kulay sa mga T'boli dahil nagsisimbolo ang mga ito ng buhay. Ang puti ay nagsasagisag ng espiritalidad at kumikilala sa iba't ibang espiritu sa mundo, ang itim ay sumasagisag sa lupa at kalikasan na pinanggalingan ng buhay ng tao, at ang pula naman ay sumasagisag sa dugo na nagpapakita sa katapangan ng mga T'boli.

Ang ilan sa mga katanungan ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang T'boli?
2. Natutugunan ba ng kita sa paghahabi ang pangangailangan ng mga naghahabi?



3. Ano ang epekto ng pagkakaroon ng Kristiyanong paniniwala sa kultura ng mga T'boli?
4. May mga pamamaraan bang ipinatutupad ang pamayanan para pagsamahin ang poligamiya at relihiyong Kristiyanismo?

Ipinaliwanag sa mga kalahok na ang T'boli ay katawagan sa mga katutubo sa Timog Mindanao at maaari ding tumukoy sa wika. Kagaya ng ibang mga pamayanan ay may mga katutubong pangalan din ang mga T'boli.

Ang perang nakukuha ng mga manghahabi sa pagbebenta ng mga produkto ng *t'nalak* ay hindi sapat na panustos sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya. Binalikan ni Apo Boi ang naunang ibinahagi na ang paggawa ng anim (6) na metro ng *t'nalak* na tela ay umaabot ng mahigit kumulang apat (4) na buwan subalit naibebenta ito ng walong daang (800) piso kada metro. Kung susumahin, ang manghahabi ay nakakakuha lamang ng 4,800 piso para sa ilang buwang pagtatrabaho. Sinagot naman ni Pastor Dulay ang katanungan tungkol sa epekto ng pagkakaroon ng Kristiyanong pananampalataya sa kultura at kung paano ipagkakasundo ang poligamiya at relihiyon. Sa kanyang pagtingin ay walang negatibong epekto ang Kristiyanismo sa kultura. Siya ay nagpanukala na sapagkat ang kultura ay kaloob ng Maykapal ay dapat itong pangalagaan ng mga T'boli.

Tungkol sa poligamiya, ipinaliwanag ni Pastor Dulay na ang kanilang lolo ay nagkaroon ng pitong (7) asawa kaya dumami ang kanilang angkan na matatagpuan sa iba't ibang lalawigan sa Timog Cotabato. Sapagkat pantay-pantay ang pagmamahal at trato ng kanyang lolo sa pitong (7) asawa ay walang away na naganap sa kanila bagkus ay sinusupportahan ang plano ng kanilang lolo. Sa katunayan, kaya nabibiyayaan ang kanilang angkan ay dahil sa kabutihang loob at kabaitan.

Sa kasalukuyang panahon ay negatibo ang pagtingin ng mga tao sa poligamiya dahil sa maling pagkakaintindi sa konsepto kung bakit nagkaroon ng maraming asawa ang isang lalaki. Siya ay nagpatuloy sa pagsabi na may mga aspeto ang kultura na dapat hindi na panatilihin dahil hindi na ito angkop sa kasalukuyan. Ang mga aspeto ng kultura na sa tingin ng tao ay nakakasama ay maaaring hindi na sundan ng mga sumusunod na henerasyon subalit kailangan ding igalang ang mga nagpapatuloy nito.

Santa Cruz Mission School Inc.

Ang dalawang grupo ay nagtagpo sa Santa Cruz Mission School para kumain ng tanghalian at nagbabahaginan kung paano ipinatutupad ng paaralan ang ng indigenous peoples education (IPEd) sa kanilang bulwagan.

Isang awitin ang inihandog ni Boi Rosie sa mga kalahok upang bigyan ng payo ang mga dalaga at binata. Ayon sa awit, ang mga dalaga ay hindi dapat nagpapadala sa pisikal na itsura ng lalaki sa pagpili ng mapapangasawa kundi sa pagiging responsable at kakayahang gabayan at pangasiwaan ang pamilya. Ang mga binata naman ay hindi rin dapat na nagpapadala sa salita ng mga babae kundi sa kakayanan sa mga gawaing bahay.

Ipinaabot ni Boi Maria, T'boli at ang kasalukuyang Pangulo ng Sta Cruz Mission School, ang malugod na pagtanggap ng pamayanan ng mga T'boli at Ubo sa Lake Sebu sa mga kalahok. Sila ay kanilang inanyayahan na bisitahin ang paaralan na tinatawag nilang "Center for Lumad Education". Ang Sta Cruz Mission School ay itinatag noong taong 1961 para tugunan ang isa sa mga pangunahing pangangailangan ng mga katutubo – ang edukasyon – sa Timog Cotabato. Ito ay isang pamamaraan para mapalakas ang hanay ng mga katutubo. Sa katunayan, karamihan sa mga nakapagtapos ng pag-aaral sa paaralan ay nagsisilbing guro sa Mission School o di kaya ay nakakuha ng trabaho sa pamahalaang bayan. Ipinahayag din niya na kamakailan lang ay inaprubahan ang pagpapaupo ng IPMR sa bayan bilang patunay sa pagkilala ng pamahalaan sa mga katutubong karapatan.



Sa kasalukuyang panahon, ang isa sa malaking banta at epekto ng *mainstream* na lipunan sa tradisyon at kultura ay ang pagbabago ng kaugalian ng mga katutubo dahil sa impluwensiya ng kanluraning pananaw at paniniwala. Dahil dito, ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon ang K-12 na programa para mapabuti ang pag-aaral ng mga katutubo at makasabay sa kanluraning kurikulum na pagbasa, pagsulat at aritmetika. Ipinatupad din ang IPED na may layuning ituro ang mga katutubong kaalaman sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pormal at impormal na pamamaraan at para hindi makalimutan ng mga mag-aaral na katutubo ang mga kinalakihang kultura, tradisyon at kaugalian. Ang pagpapatupad nito ay maaaring maging tugon sa pagpapanumbalik sa mga katutubong kaalaman at kinaugalian na unti-unting nawawala dahil sa epekto ng kolonisasyon at globalisasyon. Kasama sa mga legal na batayan ng pagpapatupad ng programang ito ay ang UNDRIP, IPRA, Saligang Batas ng Pilipinas, at mga kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon bilang 62 at bilang 43.

Ilan sa mga suliranin ng mga katutubo ay ang mga sumusunod:

1. patuloy na hindi pagkilala sa mga karapatan ng mga katutubo
2. maagang pag-aasaawa dahil sa maagang pagbubuntis;
3. kakulangan sa angkop na edukasyon dahil sa kahirapan at layo ng paaralan sa mga katutubong pamayanan;
4. mataas na *illiteracy rate* dahil hindi makapag-aral;
5. mataas na *drop-out rate* sa kagastuhang magtrabaho para matustusan ang mga pangunahing pangangailangan; at
6. negatibong pagkaunawa ng mga magulang sa konsepto ng edukasyon.

Para matugunan ang ilan sa mga suliranin ng ito, nagpatayo ng dormitory (na kung saan nakahiwalay ang mga lalaki at mga babae) ang paaralan para mailapit ang tirahan ng mga katutubo sa paaralan. Sa pagbubuo ng programa, pagpapalano at pagpapatupad ng mga ito sa paaralan ay nakasama ang mga mamamayan. Nagpasa na rin ng panukala ang paaralan sa pamahalaan na bigyan ang mga katutubo ng tulong teknikal sa pagsaliksik at pagdokumento ng kanilang mga katutubong karunungan, sistema at pamamaraan, at pondo sa pagpapalimbag ng mga ito para magamit ng mga mag-aaral.

Upang mas lalong maitaguyod ang adbokasiya ng Sta. Cruz Mission School para sa mga katutubo ay bumuo na rin ang paaralan kasama ang mga katutubo ng *indigenized curriculum* batay sa katutubong kultura ng kanilang mga mag-aaral. Bilang pagpapahalaga sa wikang katutubo, tiniyak din ng kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon na gamitin sa pagtuturo sa mga paaralan ang katutubong wika (*mother-tongue*). Ito ay ipinatutupad sa paaralan kaya wikang T'boli ang ginagamit sa pagtuturo at para hindi mawala ang pagkakakilanlan ng mga katutubo.

Isinasama na rin sa kurikulum ng paaralan ang kasaysayan ng pamayanan, lupaing ninuno, kultura, mga sayaw at awit, at mga katutubong kabuhatan sa pamayanan kagaya ng *beads-making*, paghahabi ng *t'nalak*, paghahabi ng basket at *brasscasting*. Pinag-aaralan din ang mga isyu na may kinalaman sa mga katutubo katulad ng isyu sa lupaing ninuno, pagmimina, at mga suliranin sa pamayanan na maaaring makasagabal sa kinabukasan ng mga mag-aaral kagaya ng maagang pag-aasawa, pagkalulong sa ipinagbabawal na mga gamot at prostitusyon. Itinuturo rin ng mga guro ang mga positibo at negatibong aspeto ng kultura para mabuksan ang isipan ng mga mag-aaral at magpasiya sa mga dapat at hindi dapat gawin.

Nagpakita rin si Boi Maria ng mga larawan na nagpapakita ng disenyo ng katutubong bahay ng mga T'boli, katutubong kasuotan, mga mag-aaral na natututo sa katutubong sayaw at pagtugtog mula sa mga *cultural masters* ng paaralan, at pagtuturo ng pamamaraan ng kabuhatan. Ang mga produkto ng mga mag-aaral ay naibebenta at pinangtutustos sa ilang mga bayarin sa paaralan.



Pagkatapos ng pagbabahagi ay nagkaroon ng malayang talakayan para sa mga katanungan na pinadaloy ni Boi Rosie.

Sa konteksto ng katutubong edukasyon, tinanong ni Titay Bleyen Santing kung isinaalang-alang ng paaralan ang lupaing ninuno at kung ano ang katutubong wika (na ginagamit sa mga mag-aaral na hindi T'boli).

Ibinahagi ni Boi Maria na ang usapin tungkol sa lupaing ninuno ay pinag-uusapan sa paaralan at nakasama sa mga asignatura na kasaysayan at *political science*. Pagsapit sa ikatlong taon sa pag-aaral sa kolehiyo, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng *community immersion* para mapalawak ang kaalaman at karanasan tungkol sa lupaing ninuno. Bago ang pagsisimula ng pag-aaral sa bawat taon ay nagkakaroon ng *mapping* sa mga nagpatalang mag-aaral para malaman kung ano ang kanilang tribo para maiakma ng mga guro ang pagtuturo sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Karamihan sa mga guro ay *multi-lingual* o nakakapagsalita ng iba't-ibang wika kaya nagagawang magturo gamit ang wikang T'boli, Ubo, Ilongo at iba pa para maipaliwanag sa mga mag-aaral ang aralin.

Tinanong naman ni Datu Danilo kung ang kurikulum na ginagamit ng paaralan ay kinikilala ng Kagawaran ng Edukasyon at ng Komisyon sa mas Mataas na Edukasyon (*Commission on Higher Education* o CHED). Siya din ay nagpanukala na dapat ang lahat ng mga paaralan sa lugar ng mga katutubo ay may asignatura na nakapatungkol sa katutubong kaalaman, sistema at pamamaraan.

Ayon kay Boi Maria, ang kurikulum ng paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo ay kinikilala ng CHED simula pa noong taong 2000. Pinag-aaralan na rin ng Kagawaran ng Edukasyon kung paano ituturo ang IKSP sa ibang mga paaralan na nakaangkop sa mga pangangailangan ng mga katutubo na nag-aaral dito.

Pinuri naman ni Bb. Daguitan ang pagiging abante ng paaralan sa pagsulong ng katutubong edukasyon. Tinanong niya kung nasusundan ba ng paaralan ang mga nakapagtapos ng pag-aaral para malaman kung nasaan na sila ngayon sa lipunan at kung paano nila naisusulong ang mga katutubong karapatan. Bagama't walang datos ang paaralan kung nasaan na ang mga nakapagtapos sa kanilang paaralan ay nasisiguro naman nila na karamihan sa mga ito ay nakakakuha ng trabaho sa mga lokal na pamahalaan at ang ilan ay natatanggap bilang guro sa Mission School sapagkat sa paaralan pa lamang ay sinasanay na sila sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila sa mga pribado at iba't ibang sangay ng pamahalaan para sa kanilang praktikum.

Nilinaw ni Titay Bleyen Cio kung ano ang relasyon ng kultura at simbahan sa paaralan. Ipinahayag ni Boi Maria na ang ang Santa Cruz Mission School ay itinatag ng mga Passionists Congregation na mga pari sa Lake Sebu na kumilala at natuto sa mga pamamaraan at gawain ng mga katutubo. Ipinahayag din niya na marami sa mga T'boli ay Katoliko subalit malakas pa rin ang kanilang paniniwala sa mga espiritu at sumusunod sa katutubong mga gawain.

Ipinahayag din ni G. Cayasen ang pagpapahalaga sa katutubong edukasyon. Siya ay nagtanong kung may mga pamamaraang ipinatutupad ang mga T'boli para mabawasan ang masamang epekto ng makabagong teknolohiya sa IKSP.

Binigyang diin ni Boi Maria ang ibinahagi na ang pagpapanatili sa IKSP ang mga katutubo ay kanilang itinataguyod sa pamamagitan ng kanilang *indigenized curriculum*. Kasama rin sa mga kanilang kurikulum ay ang pagsasanay sa kanilang mga mag-aaral sa mga makabagong teknolohiya upang makasabay sa mga pagbabago ng lipunan at globalisasyon. Ang mga mag-aaral ay tinuturuan ng wastong gamit ng mga teknolohiyang ito para masiguro ng paaralan na sa kanilang pakikipagsapalaran ay bitbit nila ang mga kasanayan para makipagkompetensya sa ibang mga tao nang hindi nakokompromiso ang sariling kultura.

Ibinahagi naman ni Fintailan Erlinda na siya ay isang retiradong guro. Ipinahayag niya na maraming mga magulang ang hindi pabor sa K-12 na programa ng Kagawaran ng Edukasyon sa kadahilanang ito ay pagsasayang lamang ng panahon dahil sa karagdagang dalawang (2) taon sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa sekondarya at karagdagang gastusin para sa bahagi ng mga magulang. Nilinaw niya na hindi totoo ang mga sabi-sabi na may batas na binubuo para ipahinto ang pagpapatupad sa programa.

Ayon pa sa kanya, batay sa mga pulong na kanyang nadaluhan, wala pang opisyal na pahayag na may nagsusulong ng batas para sa pahintuin ang programang K-12. Sa katunayan, nagbibigay ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga pagsasanay sa mga guro para mas mapahusay ang papapatupad dito. Kung sa pambulikong paaralan papasok ang mga mag-aaral, nilinaw ni Boi Maria na ang karagdagang dalawang (2) taon ng pag-aaral ay libre sapagkat sagot ito ng pamahalaan kaya nagtataka siya kung bakit may mga nagsasabi na ito ay karagdagang gastusin sa bahagi ng mga magulang. Ayon sa Santa Cruz Mission School, sila ay sumusunod sa pamahalaan at tinitiyak nilang ang kanilang paaralan ay abot-kaya ng mga magulang.

Nagtanong si Datu Ed kung may programa ang paaralan na nakapatungkol sa pangangalaga ng kalikasan at laksambuhay sapagkat mahalaga ang mga ito sa mga katutubo. Bilang tugon sa katanungan, ibinahagi ni Boi Maria na mayroong asignatura sa paaralan na ekolohiya at dito isinama ang mga katutubong pamamaraan sa pangangalaga ng kalikasan katulad ng kagubatan at katubigan. Kasama din sa mga itinuturo ang mga katutubong pamamaraan ng agrikultura.


Ibinahagi ni G. Rande Bayate, Mansaka at kinatawan ng SILDAP-SEM, na mayroon ding mga paaralang pinamamahalaan ang SILDAP. Ikinalugod niya ang mga nakitang larawan tungkol sa pagtuturo katutubong kabuhayan katulad ng bead-making at kung paano ito nakakatulong sa pagbabayad ng mga gastusin sa paaralan ng mga mag-aaral. Nilinaw niya kung magkano ang halaga na maaaring bayaran ng mga produkto sa paaralan. Kinatigan din niya ang sinabi ni Boi Maria tungkol sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa makabagong teknolohiya sapagkat hindi habang-buhay na mananatili ang mga katutubo sa kinalakihang lugar subalit hindi rin dapat kinakalimutan ang kinagisnang kultura.

Inilahad ni Boi Maria na hindi lamang mga kuwintas (beads) ang tinatanggap ng paaralan bilang panustos sa mga bayarin ng mga mag-aaral. Tinatanggap din ng paaralan ang mga gulay, malong, manok o baboy na dinadala at ipinambabayad sa paaralan. Ang ginagawa sa paaralan ay ibinebenta sa mga guro at sa pamayanan ang mga kalakal na ipinambabayad ng mga mag-aaral sapagkat hindi maaaring ang mga ito ang ibigay sa kanila.

Ibinahagi ni Datu Brunz na sa mga Erumanen ne Menuvu ay hindi na isinusulong ang poligamiya subalit hindi rin sila maaaring magpahayag na ipatigil ito sa pamayanan. Ang maagang pag-aasawa ng mga katutubo ay maaaring may dalawang kadahilanan: ang pagkakasundo ng mga magulang o dahil sa maagang pagbubuntis. Bagamat siya ay sang-ayon na dapat ay nakakasabay ang mga katutubo sa kabihasnan, dapat ay mayroong mga nakatakdang hangganan sa “pagsabay sa kabihasnan”. Ipinanukala niya na maaaring sa paaralan ay may mga hakbang na dapat gawin kagaya ng pagbabawal sa mga mag-aaral na gumamit ng cellphone.

Binalikan ni Boi Maria ang ibinahagi na tinanatalakay sa klase ang positibo at negatibong aspeto ng kultura tulad ng poligamiya para ang mga mag-aaral ang magpasya kung gugustuhing pumasok sa ganitong uri ng relasyon. Sa kasalukuyan ay kaunti na lamang sa mga katutubo ang nagkakaroon ng maraming asawa dahil sa poligamiya. Inilahad din niya na mayroong patakaran ang paaralan sa paggamit ng mga mag-aaral ng cellphone na nakapaloob sa student handbook. Sa elementarya ay hindi pinapayagan ang mga mag-aaral na magkaroon ng cellphone. Ang ginagawa ng mga class advisers ay kinukuha ang numero ng mga magulang para matawagan kung may mga hindi inaasahang pangyayari na kailangan ng pansin ng mga magulang. Sa sekondarya ay kailangang magpatala ang mga mag-aaral na mayroong cellphone subalit matinding ipinagbabawal ang paggamit nito sa loob ng paaralan. Ang mga mahuhuling gumagamit nito sa loob ng paaralan ay kinukumpiska at maaari lamang mabawi ng magulang sa buwan ng Marso o sa katapusan ng taon.

Bilang bahagi ng pagbubuo ng katutubong kurikulum ay ibinahagi ni Timuey Jojo na sa taong 2003 ay pinuntahan nila ang lugar na pinaniniwalaang tirahan ng mga katutubong Tasaday. Sa kasalukuyan ay pinagtatalunan pa rin kung totoo o hindi ang pamumuhay ng mga Tasaday na nakatira sa lupaing nasasakupan ng mga T'boli.



Ibinahagi ni Boi Maria na bahagi ng kurikulum ng paaralan ay ang pagtuturo sa mga katutubong naninirahan sa Lake Sebu. Sa paaralan ay tinalakay rin ang mga pag-aaral ng mga Anthropologist na may nagpapatotoo at nagpapasinungaling sa pamumuhay ng mga Tasaday. Ayon sa kanya, sila ay kanilang tinatawag na mga Manobo-Blit. Pinagbabahagi din sa klase ang kanilang mga mag-aaral na Manobo-Blit para sa kanila mismo marinig ng ibang mga mag-aaral ang kanilang kasaysayan at paraan ng pamumuhay. Sa ganitong paraan ay nasasagot ng mga mag-aaral ang katanungan kung sila ay totoo o hindi.

Ipinahayag din ni Boi Rosie na kasama ang mga Manobo-Blit sa listahan ng 110 etholingustic group sa Pilipinas. Sa kasalukuyan ay kakaunti na lamang ang kanilang bilang.

T'boli School of Indigenous Knowledge and Traditions (SIKAT)

Ang sumunod na pinuntahan ng unang grupo ay ang SIKAT at dinatnan ang walong (8) guro at mga mag-aaral na nakasuot ng tradisyunal na kasuotan ng mga T'boli na naghihintay sa pagdating ng mga kalahok ng lakbay-aral.

Ibinahagi ng mga guro na ang SIKAT ay labing anim (16) taon nang kinikilala ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang dating kinatitirikan ng paaralan ay sa ibang lugar na inangkin ng ilang mga tao kaya sila ay lumipat sa kasalukuyang lupaing kinatitirikan ng paaralan na hinihiram lamang sa sektor na panrelihiyon. Sinusundan ng mga guro ang kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagtuturo subalit gumagamit ng katutubong pamamaraan para maituro ang mga ito. Kasama sa mga itinuturo ng paaralan ang mga tradisyunal na sayaw, awit at sining ng mga T'boli.



Sa kasamaang palad, ibinahagi ng mga guro na ang dating natatagap na pondo ng paaralan mula sa *sponsor* ay nahinto na sa pagtatapos ng kontrata sa pagsisimula ng pasukan sa taong 2016-2017. Sa panahon ng lakbay-aral (Nobyembre 2016) ay umabot na sa anim (6) na buwan na hindi nakakatanggap ng honorarium ang mga guro subalit nagtuturo pa rin dahil hindi magawang pabayaang ng mga guro ang 156 na mag-aaral ng paaralan.

Tinanong ni G. Salunday kung ano ang pananagutan ng lokal na pamahalaan sa paaralan at iminungkahi na maaaring mag-*lobby* ang mga guro sa Alkalde para mabigyan ng tulong ang paaralan para sa kanilang operasyon.

Ayon sa mga guro ay walang pananagutan ang lokal na pamahalaan sa paaralan. Nakapag-*lobby* na rin sila sa Alkalde ng

bayang pero sinabihan daw sila na kung hindi kayang itaguyod ang ipinatayang pribadong paaralan ay maraming mga pampublikong paaralan sa Lake Sebu. Nagpahayag din ng pagkabahala ang

Kenhulung Handicrafts Federation, Inc.(KFHI)

Pumunta naman sa Kenhulung Handicrafts Federation, Inc. sa Sitio Lembonig, Poblacion, Lake Sebu ang pangalawang grupo ng mga kalahok. Dito ay nakita nila ang iba't-ibang mga produkto na ibenebenta at pinagkakakitaan ng mga katutubo. Ang ilan sa mga kalahok ay bumili ng mga pasalubong para sa kanilang pag-uwi.

Sa kasamaang palad ay hindi nakita ng grupo ang pamamaraan ng paggawa ng *brass* ng *T'boli Brass Casting Project* na isang *Shared Service Facility* o *SSF* ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (*Department of Trade and Industry, DTI*) dahil may ibang obligasyon na inasikaso ang namumuno dito.



mga guro na kapag inilipat ang mga katutubong mag-aaral sa pampublikong paaralan ay maaaring maging biktima sila ng diskriminasyon.

Nasubukan na ring magsumite ng paaralan ng mga panukala sa mga organisasyon kaya lang ay wala pang naaprubahan. Ikinuwento ng mga guro ang kanilang mga karanasan kung saan may mga taong ginamit ang pangalan ng paaralan para makalikom ng pondo pero walang nakarating na tulong sa paaralan. Ang karanasang ito ay ayaw ng mga gurong maulit pa. May mga plano na rin ang mga guro sa gagawing *fund raising* para makalikom ng pondo para sa paaralan.

Kenhulung Handicrafts Federation, (KFHI) Inc.

Lumipat naman ang grupo sa Sitio Lembanig Poblacion, Lake Sebu, South Cotabato sa KFHI, isang pederasyon ng mga samahan na gumagawa at nagbebenta ng mga produkto sa Lake Sebu. Sa kasalukuyan ay may anim (6) na kasapi ang pederasyon na kasama ang samahan ang Klowil kem Libun na nauna ng pinuntahan ng mga kalahok.

Ang mga misyon ng pederasyon ay ang mga sumusunod:

1. pangangalaga at pagtataguyod sa kultura at sining ng mga T'boli;
2. pagbuklod sa lahat ng mga samahan na gumagawa ng mga *handicrafts* sa Lake Sebu;
3. pagpapabuti sa kabuhayan ng mga kalalakihan at kababaihan; at
4. pagpapanatili sa mataas na kalidad ng produkto ng mga T'boli.

Sa lugar ay bumili din ang mga kalahok ng mga produkto para may pasalubong pag-uwi. Kasama sa mga ibenebenta ng pederasyon ay ang *agong* na sinubukan ng ilang mga kalahok na tugugin.

Ang isa pa sa pinag-interesan ng mga kalahok ay ang *brass casting* sa paggawa ng mga alahas, *souvenir items* o mga kagamitan sa bahay. Katulad ng *t'nalak* ay mahaba rin ang proseso bago nakakatapos ng produkto ang mga *brass caster*. Ipinakita rin sa mga kalahok ang ilan sa mga hakbang sa paggawa ng *brass*.



T'boli Museum

Ilang metro mula sa tinitirhan ng mga kalahok ay ang T'boli Musuem na sa dinisenyo ayon sa tradisyunal na bahay ng mga T'boli. Sa museum ay makikita ang mga koleksyon ng mga sinauna at kultural na kagamitan kagaya ng mga kasuotan, mga alahas, kagamitan sa *brass casting*, mga instrumentong pangmusika katulad ng *agong* at iba pang pang-araw-araw na kagamitan ng mga T'boli.

ultural Exchange

Pagkatapos ng hapunan ay pinadaloy nina Bb. Abigail Kitma at G. Allan Ollubalang ang palatuntunan para sa *cultural exchange* na ginanap sa bulwagan ng Punta Isla Lake Resort. Ang mga kalahok ay nagpakitang gilas sa pagpapamalas ng mga talento sa sayaw, awit at iba pang pamamaraan ng pagtatanghal. Makalipas ang kasiya-siyang pagtatanghal ng bawat grupo o indibidwal ay pinangunahan ng mga taga-Kordilyera ang isang *community dance* sa saliw ng pagtugtog ng mga kalalakihan ng *gangsa*, musikal na instrumento na karaniwang tinutugtog ng isang grupo sa pamamagitan ng patpat o ang palad, na sinalihan ng lahat ng mga kalahok.



Paglalayag sa lawa ng Sebu

Ang pangatlong araw na pananatili ng mga kalahok sa Punta Isla Lake Resort ay nagsimula sa isang oras na paglalayag sa lawa ng Sebu na pumapalibot sa lugar na pinagdarausan ng aktibidad. Habang kumakain ng agahan ang mga kalahok ay nagsimulang maglayag ang bangka para libutin ang lawa upang makita ng mga kalahok ang mga burol at bundok na pumapaligid dito.

Ang pangingisda sa lawa ng Sebu ang nagsisilbing isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng mga mamamayan ng kabuhatan. Dahil dito ay nakita rin ng mga kalahok ang maraming kulungan ng mga isda sa mga gilid ng lawa na nagsisilbing palaisdaan na isa sa mga naging paksang pinag-usapan ng ilang grupo habang patuloy ang paglalayag. May ilang mga obserbasyon na lumabas katulad ng pagsikip ng lawa dahil sa mga palaisdaan at ang paglabo ng tubig dahil sa mga ipinapakain sa mga isda. Ang mga kalahok ay nagpanukala na dapat ay may programa ang lokal na pamahalaan ng Lake Sebu upang tugunan ang umuusbong na problemang ito para mapanatili ang likas na kagandahan ng lugar na isa sa mga pook na dinarayo ng mga turista sa bansa.



Pagbabahagi

Nagoya Protocol on Access to Genetic Resources and the Fair and Equitable Sharing of Benefits Arising from their Utilization to the Convention on Biological Diversity

ibinahagi ni Atty. Jennifer Tauli Corpuz, Human Right Program Coordinator, Tebtebba

Ayon kay Atty. Jennifer Tauli Corpuz, mas kilala sa tawag na Atty. Jing, ang *Nagoya Protocol on Access to Genetic Resources and the Fair and Equitable Sharing of Benefits Arising from their Utilization to the CBD* na mas kilala sa tawag na *Nagoya Protocol* ay karagdagang kasunduan ng mga miyembro ng CBD, nakung saan ay pumirma rin ang Pilipinas. Tinatawag itong *Nagoya Protocol* dahil ang kasunduan ay pinagtibay sa Nagoya na isang lugar sa Japan.

Ayon sa kanya, ang pangunahing layunin ng pagbabahagi niya ng *Nagoya Protocol* ay para maipakilala ang batas sa hanay ng mga katutubo. Inaasahan niya na pagkatapos ng pagbabahagi ay makapag-ambag ng mga kaisipan ang mga kalahok kaugnay sa batas. Dahil isinusulong ang pagpapatibay (*ratify*) ng batas sa bansa at mangangailangan ng *input* mula sa mga dalubhasa sa katutubong kaalaman katulad ng miyembro ng UPAKAT na maaaring maging *resource speaker* sa kongreso o sa senado sa pagbubuo ng panukalang batas upang maipatupad ito.

Inilahad niya uli't ang tatlong (3) layunin ng CBD: (1) ang pangangalaga at pagpapanatili sa mga samu't-saring buhay, (2) tuloy-tuloy at mapangalagaan ang mga ito nang hindi mauubusan ang mga susunod na salinlahi, at (3) ang makatarungan at matuwid na pagbabahaginan sa paggamit ng mga henetikong kayaman (*genetic resources*) na bahagi ng pamumuhay ng mga katutubo sa kanilang mga pamayanan.


Ang naunang dalawang (2) layunin ay ginagawa na ng mga katutubo sa kani-kanilang mga pamayanan at matagal nang naipatupatupad sa mga bansa. Samantala, ang ikatlong layunin ay nagkaroon lamang ng mekanismo para maipatupad ito noong 2010. Dito nanggaling ang *Nagoya Protocol*, isang konsepto para magkaroon ng pagkakataon ang mga katutubo na pagkakitaan ang kanilang

mga katutubong kaalaman sa mga henetikong kayamanan na maaaring mahalaga rin sa ibang tao. Mayroon nang isang panukalang batas sa Pilipinas para sa pagpapatupad ng *Nagoya Protocol* at isa sa mga probisyon nito ay isama ang mga nagtataglay ng katutubong kaalaman sa pagbubuo ng panukalang batas na ito. Ilan sa mga itinakda sa panukalang batas na ito ay ang pagpapatibay ng mga katutubong pamayanan sa mga panuntunan sa paggamit ng mga henetikong kayamanan; kahalagahan ng katutubong pamamahala o pagpapasiya; at pagpapalakas at pagsasalin ng IKSP at kinaugaliang batas sa mga susunod na henerasyon.

Sa pamamagitan ng larawan (Larawan 4) ay ipinaliwanang niya ang konsepto ng *Nagoya Protocol*. Sinimulan niya sa pagpapahayag na sa mga lupaing ninuno ay may mga matatagpuang iba't ibang porma ng buhay tulad ng halaman, hayop, insekto o mga mikroorganismo na pinahalagahan ng mga katutubo sapagkat ginagamit nila ang mga ito sa maraming paraan. Ibinigay ni Atty Jing na halimbawa ang *biogestic*, isang tableta para maibsan ang sakit sa ulo. Isinalaysay niya na ang *biogestic* ay nagmula sa isang katutubong pamayanan sa Amerika kung saan kapag ang mga mamamayan ay nagkakasakit sa ulo, may isang puno silang kinukuhanan ng balat na nginunguya na siyang nakakapagpagaling sa sakit ng ulo. Isang parmasyutikal na kompanya ang nagsagawa ng pag-aaral para masuri kung ano ang kemikal na nasa balat ng puno na nakakapagpagaling sa sakit ng ulo at ginawang tableta na sa ngayon ay pinagkakakitaan ng kompanya.

Sa *Nagoya Protocol*, tinatawag na *user countries* ang mga bansa na may teknolohiya para makagawa ng mga produkto mula sa mga henetikong kayamanang ito. *Provider countries* naman ang tawag sa mga bansa kung saan matatagpuan ang henetikong kayamanan at ang kaalaman kaugnay sa paggamit nito.

Larawan 4. Konsepto ng Nagoya Protocol



Sa pamamagitan pa rin ng larawan ay tinanong ng tagapagsalita ang mga kalahok kung ano ang magiging pakinabang ng mga katutubo o pamayanan na nagbahagi ng kaalaman o impormasyon na pinagkakitaan ng iba. Tinanong din niya ang benepisyo ng mga *provider country*. Ayon sa kanya, ang mga katanungang ito ang gustong tugunan ng *Nagoya Protocol* kung saan ang mga *user countries* ay inaatasang humingi ng pahintulot sa mga *provider countries* sa pamamagitan ng malaya, nauuna at malinang na kapahintuluan at kailangang magbalik ng benepisyo sa mga bansa na pinagkuhanan ng mga henetikong kayamanan o sa mga nakatatanda na nagbigay ng mga impormasyon o pamamaraan upang magamit ang mga ito.

Para mas maunawaan ng mga tagapakinig ang konsepto ng *Nagoya Protocol* ay nagkaroon ng maikling *workshop*. Ang mga kalahok ay nagpangkat-pangkat at tinalakay ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano-ano ang mga henetikong kayamanan

na matatagpuan sa ating mga katutubong pamayanan?

2. Saan ginagamit ang mga ito?
3. Sino-sino ang maaaring gumamit nito?
4. Ano-ano ang mga patakaran ng katutubong pamayanan para magamit ng mga taga-labas ang mga henetikong kayamanan na matatagpuan sa loob ng lupaing ninuno?

Sapagkat ang *Nagoya Protocol* ay *subsidiary agreement* ng CBD, ang mga pinag-uusapan sa batas ay ang mga buhay na rekursong lamang. Para matulungan ang mga tagapakinig sa pagsagot ng mga katanungan, ginawa niyang halimbawa ang isang uri ng palay na maaaring mabuhay sa panahon ng tagtuyot at panahon ng tag-ulan o isang halamang gamot na maaaring makapagpagaling sa malubhang karamdaman. Kapag ang uri ng palay o halamang gamot na nabanggit ay sa isang katutubong pamayanan ng mga kalahok matatagpuan, kailangang nilang pag-isipan nang maigi at pag-usapan kung papayag sila o ang kanilang pamayanan na ibahagi ang rekursong

upang magamit din ng ibang mga katutubong pamayanan o ibang tao, kahit na hindi katutubo sa labas ng pamayanan.

Ang isa rin sa kailangang talakayin ng bawat grupo ay kung kailangang magpaalam ang gagamit sa henetikong kayamanan sa pamayanan o sa mga nakatatanda at kung ano ang pamamaraan ng pagpapaalam na kailangan nilang sundin. Mayroon bang aatasan ang pamayanan katuld ng mga kapulungan ng mga nakatatanda o mga pinuno na silang kokonsultahin ng mga nagbabalak na gamitin ang rekurso o kailangan na ang lahat ng mamamayan ang magdesisyon bago magbigay ng pasya tungkol dito.

Kaya ito idinaan sa isang *workshop* ay para mapag-isipan nang mabuti at mapag-usapan ng mga kalahok kung ano ang mga patakaran na maaaring ipatupad sa kani-kanilang mga katutubong pamayanan kapag napagtibay na ang batas sa bansa.

Ipinahayag ni G. Salunday na sa usapin ng mga likas na yaman na nasa lupaing ninuno ng mga katutubo ay dalawang (2) batas ang maaaring magamit dito: ang *Bioprospecting Act* at ang pagdaan sa proseso ng FPIC. Sa Palawan, mayroon ding karagdagang batas na tinatawag na *Strategic Environmental Plan* (SEP) kaya mahihirapan ang mga tao na magsagawa ng mga pananaliksik o pagkuha na mga likas na yaman nang hindi dumadaan sa mga batas na ito.

Sinang-ayunan ni Atty. Jing ang ipinahayag ni G. Salunday at sinabing maraming mga batas ang Pilipinas na maaaring maging batayan, subalit, kung susuriing mabuti ang mga alituntunin ng *bioprospecting* at ng FPIC ay walang itinakdang iisang proseso na ipatutupad sa lahat. Sa huli, ang mga katutubong pamayanan pa rin ang kailangang magtakda ng mga panuntunan para rito. Ang problema sa *Bioprospecting Act* ay hindi katulad ng batas sa pagmimina na kailangan ng pahintulot ng DENR na siyang nagrerekomenda na kailangang dumaan sa FPIC sa katutubong pamayanan. Ang mahirap ay maaaring ang mga tagalabas ay basta na lamang pumasok sa mga nasasakupang lupain ng mga katutubo at kumuha ng mga halaman para pag-aralan sapagkat madali itong maitago. Ipinahayag din niya na

layunin ng *Nagoya Protocol* na pag-aaralan ang mga magagandang pamamaraan sa pagkuha ng FPIC sa mga katutubong pamayanan para pagtibayin.

Pagkatapos ng tatlung (30) minutong *workshop*, ang mga kasagutan ng mga kalahok sa mga katanungan ay tinalakay sa plenaryo. Karamihan sa mga kinikilala ng mga kalahok na mga rekurso sa kani-kanilang mga pamayanan ay mga halamang gamot para sa ubo, sipon, lagnat, sakit sa ulo, sakit sa ngipin, sakit sa tiyan, pangpababa ng presyon ng dugo, gamot sa kagat ng ahas, *dengue* at iba pa. Ang ilan sa mga halamang gamot na ito ay matatagpuan sa tiyak na bahagi ng bansa at may ilan na pare-parehong matatagpuan sa mga katutubong pamayanan at mayroon ding matatagpuan sa buong Pilipinas kagaya ng tanglad, sambong at lagundi.

Ipinahayag ni tatay Badong na may mga halamang gamot na matatagpuan sa iba't ibang pamayanan ng mga katutubo, subalit magkakaiba-iba ang katawagan dito. Sinang-ayunan ito ni Atty. Jing at sinabi na bukod sa pagkakaiba-iba ng tawag ay maaari ring magkakaiba gamit at paraan ng paggamit sa mga halamang gamot na ito.

Sa ikatlong katanungan, nagkaisa ang mga tagapakinig na ang lahat ng mga rekurso na matatagpuan sa lupaing ninuno at nasasakupang lupain ay maaaring gamitin ng mga miyembro ng pamayanan. Dahil dito, nagtanong uli si Atty. Jing





kung ang mga rekurso ba ay maaari ring gamitin ng mga hindi miyembro ng pamayanan at kung ang mga manggagamot sa pamayanan ay maaaring manggamot sa mga karamdaman ng mga taga-labas.

Ipinahayag ni Datu Matata-u na siya ay manggagamot sa kanilang pamayanan. Batay sa kanyang karanasan, maaari siyang lumabas sa kanilang pamayanan para manggamot ng mga may karamdaman sa ibang pamayanan. Maaari rin siyang magdala ng mga halamang gamot na galing sa kanilang pamayanan o kaya ay pinahihintulutang maghanap ng mga halamang gamot na matatagpuan sa lugar kung saan siya ay manggagamot.

Ipinahayag naman ng isang kalahok na bago magamit ng ibang tao na hindi miyembro ng pamayanan ang mga halamang gamot o anumang rekurso sa pamayanan ng mga katutubo ay kailangan munang magpaalam sa mga mamamayan para malinaw kung ano ang layunin at kung saan gagamitin ang rekurso. Sa pagpapasiya ay hindi dapat iisang tao lamang ang magpapasya bagkus ay kailangang pinagkaisahan ng lahat ng mamamayan.

Batay sa mga sagot ng mga kalahok ay sinabi ni Atty. Jing na maaaring gamutin ng mga manggagamot ang mga may sakit na hindi miyembro ng pamayanan. Sa ngayon, maraming kompanya ang naghahanap ng posibleng lunas sa iba't ibang uri ng sakit sa pamamagitan ng mga halamang gamot na nasa lupain ng mga katutubo, tinanong niya ang mga tagapakinig kung ano ang gagawin sakaling may pupunta sa kanilang pamayanan at magtanong kung paano ginagamit ang mga halamang gamot para makalunas ng mga karamdaman.

Ang mga tagapakinig ay nagkaisa sa sagot na kapag may mga taga-labas na magsasagawa ng pananaliksik sa mga katutubong pamayanan ay kailangan munang humingi ng pahintulot. Kaya lang, ibinahagi ni Atty. Jing na baka sa sobrang higpit ng proseso ng FPIC na ipinatutupad sa isang pamayanan ay baka mangyaring sa katabing pamayanan na mayroon mas maluwag na proseso ng FPIC na lamang pumunta ang mga investor. Kailangan ding pag-isipan ng mga tagapakinig kung papayag sila na sa ibang pamayanan na lamang pumunta ang mga nagsasaliksik o magpanukala na maaaring

magkaisa ang lahat ng mga katutubong pamayanan sa iisang proseso ng FPIC na ipapatupad sa lahat ng mga katutubong pamayanan.

Ibinahagi ni G. Aclopen na sa Mountain Province, may programa ang Kagawaran ng Kalusugan na maisama ang mga katutubong pamamaraan sa kasalukuyang pamamaraan ng medisina. Ipinahayag din niya na mayroong natatanging kahoy sa Besao na ginagamit ng mga babaeng kapapanganak para madaling maghilom ang kanilang sugat. Ang halamang gamot na ito ay kilala sa tawag na *kuba* at kanilang itinaguyod upang kilalanin ng pamahalaan. Sa ngayon ay kinikilala at isinusulong ng District Hospital ng Besao dahil napatunayan ng mga siyentipikong pag-aaral na mabisa at ligas.

Ibinahagi rin ng isang kalahok ang paniniwala nila sa kanilang pamayanan na ang pinakamabisang depensa para hindi dapuan ng sakit ang mga bagong panganak na nanay ay ang pag-inom sa pinakuluang ugat at ubod ng yantok. Ito rin ay kanilang isinusulong sa Kagawaran ng Kalusugan sapagkat napatunayang mabisa sa pagbibigay ng resistensya sa ina at sa sanggol.

Batay sa mga pagbabahagi, ipinahayag ni Atty. Jing na ang kaalaman ng mga katutubo sa mga halamang gamot at pamamaraan ng panggagamot ay maaaring ibahagi sa iba. Tinanong nya ang mga kalahok kung dapat bang pagbayarin ng mga katutubo ang mga tao, kompanya o institusyon na lalapit sa kanilang pamayanan para magpaalam na gamitin ang mga resurso na matatagpuan sa ating kanilang mga pamayanan.

Ibinahagi ni Titay Bleyen Santing na may isang halaman na tinatawag na *tubli* sa pamayanan ng mga Téduray at Lambangian na mahigpit na ipinagbabawal na ipagamit sa iba. Ang naturang halaman ay karaniwang ginagamit sa panahon ng tag-init para manghuli ng mga isda habang mababaw ang tubig at mahina ang daloy ng agos sa mga ilog. Ipinahayag ni Atty. Jing na ang pagbabawal ng pamayanan sa paggamit ng ibang tao sa halaman ay may kaugnayan sa pagpapanatili sa dami ng mga isda sa mga ilog para may tuloy-tuloy na panustos ang mga katutubo sa pamayanan.

Ibinahagi rin ni Datu Boy na magkakaiba ang mga katutubo ng pamamaraan sa paggamit ng mga halamang gamot na matatagpuan sa mga nasasakupang lupain. Para sa kanya, ang mga halamang gamot na matatagpuan sa kanilang lupaing ninuno ay maaaring gamitin para gamutin ang karamdaman ng mga tao na miyembro o hindi miyembro ng kanilang pamayanan. Subalit matinding ipinagbabawal na ituro ang pamamaraan ng paggamit sa ibang tao. Sa mga Tinananen Manobo, iilang tao lamang ang may kakayahan na manggamot at sila ay hindi nagpapabayad ngunit sila ay binibigyan ng donasyon bilang pasasalamat sa kanila.

Ang naibahagi ay sinang-ayunan ni Atty. Jing at sinabi na karaniwang ang mga mangagamot sa mga katutubong pamayanan lamang ang nakakaalam sa pamamaraan ng paggamit ng mga halamang gamot para makalunas ng sakit at itinuturo lamang sa kanilang magiging kahalili o kapalit.

Tinugon naman ng isang kalahok ang katanungan ni Atty. Jing sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa sa mga tagapakinig. Kapag nagkasakit sa ngipin ang isang katutubo ay hindi maaaring sabihin ng pamayanan na ang mga tradisyunal na manggagamot lamang ang may kakayahang gamutin ito sapagkat maraming mga gamot ang maaaring bilhin sa botika para maibsan ang sakit na nararamdaman. Nilinaw niya na ang katanungan ay kung maaaring ipakita o ituro sa mga hindi miyembro ng pamayanan ang paraan ng panggagamot sa sakit ng ngipin na hindi kayang gamutin ng *mefenamic o biogesic*. Kapag itinuro ng mga katutubo ang kanilang pamamaraan ng panggagamot sa mga parmasyutikal na kompanya ay papayag ba sila na donasyon lamang ang ibibigay sa pamayanan? Sa kanyang palagay, kahit na dumaan sa tamang proseso ng FPIC ang kompanya ay hindi pa rin maaaring ibahagi ng mga katutubo ang kanilang paraan ng panggagamot sapagkat may mga kaakibat itong paniniwala na hindi kayang ipaliwanag at hindi maaaring gamitin

ng ibang tao.

Ibinahagi din ni Bae Elmalyn na sa mga Erumanen ne Menuvu ay ipinagbabawal na tumanggi sa mga may sakit na nagpapagamot at tinatanggap ang anumang bagay na ibibigay ng nagpagamot bilang pasasalamat sa kanila. Ngunit, ang pamamaraan ng panggagamot ay hindi maaring ibahagi sa iba sapagkat may mga kaakibat na orasyon ang lahat ng mga halamang gamot na ilalapat sa mga may sakit.

Malinaw sa pagbabahaginan na maaaring gamitin ng ibang tao ang mga rekursong mga katutubo subalit hindi maaaring ibahagi ang kanilang pamamaraan sa paggamit nito para makalunas ng sakit. Ang tanong sa mga tagapakinig ay kung may gamit ang *Nagoya Protocol* sa mga katutubong pamayanan sa Pilipinas sapagkat ang ideya nito ay ang pagbabahagi ng mga katutubo ng mga kaalaman tungkol sa mga rekursong matatagpuan sa kanilang lupaing ninuno at nasasakupan at ang magiging kapalit ay ang pagkakaroon ng mga benepisyo mula sa mga produkto nito.

Ipinahayag ni Datu Ed na maaari pa ring magamit ng mga katutubo ang *Nagoya Protocol* sapagkat may mga halamang gamot na hindi sagrado at maaaring pagkakitaan ng mga katutubo. Binigyang-diin din niya na ang mga kompanya na magsasagawa ng mga pag-aaral ay kailangang dumaan sa tamang proseso ng FPIC ng pamayanan. Kailangan ding may dokumento o kasulatan na maglalaman ng kasunduan ng dalawang panig at kung ano ang mga benepisyo na ibibigay sa mga katutubo kapalit nito. Ang kasunduan ay pagtitibayin ng ritwal.

Ibinahagi naman ng isang kalahok na ang kanilang pamayanan ay matagal nang pinagsasaliksikan ng mga mag-aaral sa isang unibersidad. Lingid sa kanilang kaalaman ay marami sa mga resulta ng pananaliksik at pakikipanayam sa mga nakatatanda sa pamayanan ay nakalimbag na. Tinanong niya kung may mga pamamaraan para maparusahan ang mga nagsagawa ng pananaliksik at nagsulat ng mga aklat o ang unibersidad sa pagpapalathala sa mga aklat na naglalaman ng IKSP nang walang paalam sa pamayanan. Tinanong din siya kung may mga pamamaraan papara maibalik sa pamayanan ang kanilang IKSP.

Kinatigan ni Atty. Jing ang ipinahayag ng kalahok na ang mga katutubong pamayanan ang mga lugar na gustong-gustong pagsaliksikan ng mga mag-aaral. Ibinahagi niya ang kanyang karanasan noong siya ay nag-aaral sa kolehiyo at gumagawa ng *thesis*. Sinabihan siya ng kaniyang *Adviser* na kumuha ng dugo ng kanyang mga kamag-anak para mapag-

⁴⁴ Kolektibong katawagan na tumutukoy sa mga katutubong mamamayan sa Kordilyera.

aralan kung ano ang katangian na mayroon ang mga Igorot⁴ at hindi tinatablan ng ilang mga sakit. Siya rin ay sinabihan din siya na sa pamamagitan ng pag-aaral ay maaari silang makabuo ng gamot na maaari nilang pagkakitaan ngunit hindi siya pumayag.

Ipinahayag niya na sa kasalukuyang teknolohiya ay maaari ng makita sa dugo ng mga tao ang kemikal na nagbibigay ng kaligtasan sa sakit para makagawa ng mga gamot na maaaring pagkakitaan. Ang problema minsan ay kapag sunod-sunuran lamang ang mga estudyante sa kanilang mga *Adviser* ay maaaring magamit din sila. Ang mga ganitong uri ng pag-aaral ay hindi dumadaan sa *Bioprospecting* na patakaran ng Pilipinas sapagkat ang pananaliksik ay para sa *thesis* na kailangan para makapagtapos ng pag-aaral ang isang tao. May mga ganitong halimbawa ng pag-aaral na nagsimula bilang *non-commercial* na sa kalaunan ay naging *commercial research* sapagkat nakitaan ng posibilidad ngunit nakawala na sa mga katutubong pamayanan. Ito ay isa sa mga gustong solusyunan ng *Nagoya Protocol*.

Para sagutin ang katanungan na nakapatungkol sa pananaliksik ng unibersidad, ang unang makapagpapataw ng kaparusahan sa unibersidad ay ang mismong katutubong pamayanan na nagmamay-ari ng kaalaman sa pamamagitan ng kanilang mga kinagawiang batas. Ang mga kinagawiang batas ay kinikilala ng *Nagoya Protocol* at maaaring maging daan para malimitahan ang paggamit sa mga henitikong kayamanan na matatagpuan sa mga lupaing ninuno ng mga katutubo

Ibinahagi ni G. Cayasen sa mga tagapakinig ang *investigatory project* na programa ng Kagawaran ng Edukasyon kung saan ang mga mag-aaral ay inaatasan ng mga guro na magsaliksik sa mga nakatatanda kung ano ang maaaring gamit ng mga halaman o hayop na matatagpuan sa kanilang pamayanan. Kapag maganda ang resulta ng proyekto ay isinasali sa patimpalak. Kapag nanalo sa patimpalak ay binibigyan ang mag-aaral o ang paaralan ng pagkilala o pabuya at kinukuha ng rehiyon o ng pamilyaryutikal na kompanya para masuri ang katangiang taglay ngunit hindi sila sinasabihan sa naging resulta ng pag-aaral na ginawa sa laboratoryo. Sana ay maging aral ang talakayan sa *Nagoya Protocol* para maging istrikto ang mga katutubo sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman

sapagkat minsan ay hindi nila namamalayan na ang mga anak o apo ang nagiging daan upang makalabas ang mga kaalaman sa paggamit ng mga rekurso sa katutubong pamayanan.

Nagbahagi din si Bae Magda ng karanasan sa isang *workshop* na pinamunuan ng isang ospital. Pagkatapos ng *workshop* at ipinakita ang naging resulta ay hindi nakasama ang kanilang ginawang talakayan at bagkus ay kung ano ang gusto ng nagsagawa ng *workshop* na palabasin. Ang mga dumalo ay pinapalagda rin sa resulta subalit hindi sila pumayag at baka magamit sa ibang kadahilanan ang resulta na hindi bunga ng kanilang ginawa.

Ipinagpatuloy ni Atty. Jing ang pagbabahagi sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa kung paano hinabol ng mga katutubong San sa Africa ang benepisyo mula sa mga mananaliksik na nakagawa ng produkto mula sa isang halaman na matatagpuan sa kanilang pamayanan. Dahil disyerto at kaunti



lamang ang tumutubong mga halaman sa lugar ay sa mga nahuhuling hayop sa pangangaso kumukuha ang mga tao ng sustansya sa katawan. Ang mga mangangaso ay umaalis sa pamayanan nang matagal na panahon at kailangang mabilis kumilos kaya kakaunti lamang dapat ang mga dalahin. Dahil dito, sila ay may nginunguyang halaman na tinatawag na *hoodia* para hindi madaling gutumin habang nangangaso.

Ang pamamaraang ito ng mga San ay napansin ng isang institusyon na nagsasagawa ng pananaliksik at nakagawa ng produkto mula sa *hoodia*. Nang

malaman ng mga San ay kanilang inusisa ng mga San ang pamamaraan ng pagkuha ng halaman sa pamayanan. Sa tulong ng ilang NGO at media ay nakilalang pagmamay-ari ng mga San ang kaalaman sa paggamit sa *hoodia*. Sa kalaunan ay nagtagumpay na makakuha ng isang (1) bahagdan mula sa kita sa pagbebenta ng mga produkto mula sa halaman ang mga katutubong San.

Sa ibinigay na halimbawa, ang unang pinanggalingan ng reklamo ay sa mga katutubo mismo na umusisa sa hindi pagdaan ng institusyon sa kinagawiang batas ng pamayanan bago nakuha ang kaalaman sa pamamaraan ng paggamit sa halaman. Pangalawa, nagawa nila ito sa tulong ng mga tagalabas (NGO at media). Sinabi niya na ang naibigay na halimbawa ay nangyari sa panahon na hindi pa naipapatupad ang *Nagoya Protocol* pero ang kaparehong isyu ang gustong tugunan ng panukalang batas. Maaaring ganito rin ang proseso na kailangang gawin ng pamayanan para mahabol ang benepisyong mula sa mga henetikong kayamanan na kinuha sa kanilang lupaing ninuno ng walang paalam.

Ang mga pangunahing konsepto na nilalaman ng *Nagoya Protocol* ay sumunod niyang tinalakay.

1. *access* o mga patakaran para magamit o makuha ng mga tagalabas ang mga rekursong mula sa lupaing ninuno at nasasakupan ng mga katutubo;
2. *benefits* o benepisyong na hihingin ng katutubong pamayanan bilang kapalit sa ibinahaging kaalaman;
3. *compliance* na tumutukoy sa pagsisigurado na susunod sa kinaugaliang batas o panuntunan ang mga institusyon o mananaliksik na gustong gamitin ang mga henetikong kayamanan ng mga katutubo; at
4. katutubong kaalaman.

Ipinahayag din niya na sapagkat ang mga bansa ang nagkasundo sa pagpapatupad ng *Nagoya Protocol*, ang FPIC ay kailangang isagawa sa bansa. Halimbawang may isang bansa na gustong pag-aralan ang katangian ng mga halaman sa Pilipinas para gawing gamot, kailangang magpaalam ang naturang bansa sa pamahalaan ng Pilipinas bago magsagawa ng pag-aaral tungkol dito. Sinabi niya na walang problema sa prosesong ito kapag ang halamang gamot ay matatagpuan sa buong Pilipinas, subalit kung ang halaman ay natatagpuan sa natatanging lugar lamang sa bansa ay dapat na may isa pang proseso ng FPIC na kailangang gawin sa pamayanan na pinanggalingan ng halaman. Ayon sa *Nagoya Protocol*, kung kinikilala ng bansa na ang mga katutubong pamayanan ang nagmamay-ari ng rekursong, bukod sa pagpapalam sa pamahalaan ay kailangan ding

magpaalam sa katutubong pamayanan para mapag-aralan at magamit ang naturang rekursong.

Nagtanong siya sa mga tagapakinig kung may naiisip silang mga paraan para malaman kung ang mga gumagamit sa rekursong ng mga katutubo ay dumaan sa tamang proseso ng FPIC.

Ibinahagi ni Datu Ed na sa mga Ubo-Manobo ay may mga boluntaryong nagbabantay sa lupaing nasasakupan ng pamayanan. Sila ang unang makakaalam kung may mga nakakapasok sa lupaing ninuno na walang paalam sa pamayanan.

Kinatigan ni Atty. Jing ang ganitong pamamaraan ng mga katutubo para mapigilan ang pagkuha ng mga tagalabas sa mga henetikong kayamanan sa mga lupaing ninuno nang hindi dumadaan sa mga kinaugaliang batas. Sa konsepto ng *Nagoya Protocol* ay may tinatawag na *checkpoints* kung saan ay kailangang dumaan sa mga kinaugaliang batas at pamamaraan ng mga katutubo ang mga magsasagawa ng pag-aaral tungkol sa mga henetikong kayamanan na matatagpuan sa lupaing ninuno ng mga katutubo. Kung sa pananaliksik naman para sa *thesis*, ipinanukala niya na kapag ididipensa na ng mag-aaral ang kaniyang ginawang pag-aaral sa *panel* o *research board* at sinabing ang mga kaalaman ay mula sa katutubong pamayanan ay kailangang isangguni ito kung dumaan sa naaayong proseso ng pamayanan.

Nagpahayag naman si Datu Ed na may mga katutubo sa mga institusyon at mga unibersidad na nagiging daan para makalabas sa pamayanan ang mga katutubong kaalaman at pamamaraan na karaniwang mga nakatatanda lamang ang nakakaalam. Siya ay nagpanukala na ipaalam sa mga mamamayan ang mga ganitong impormasyon para hindi basta nagbabahagi ng impormasyon ang mga nakatatanda na hindi muna inaalam kung saan gagamitin. Ang mga halamang gamot na ginagamit sa katutubong medisina ay dapat ding ipinapaalam sa mga miyembro ng pamayanan para mapangalagaan upang hindi mapagsamantalahan ng ibang tao.

Pinatotohanan ni Atty. Jing ang sinabi ni Datu Ed sapagkat ang isa sa mga dahilan kaya nahihikayat ang mga nakatatanda na isiwalat ang kaalaman ay dahil kulang ang kanilang kaalaman sa mga batas. Isang mekanismo ng *awareness raising* ay ang pagbubuo ng mga *communication tools* para ipaalam sa mga katutubo ang kahalagahan ng mga henetikong kayamanan na matatagpuan sa kanilang lupaing ninuno para hindi makuha ng iba.

Ipinanukala rin ni tatay Badong na dapat na limitahan ng mga katutubo ang pagbabahagi o pagsisiwalat sa katutubong kaalaman sa ibang mga tao. Ipinahayag niya na ang turismo ay isa ring

paraan kaya nakakalabas ang mga katutubong kaalaman sapagkat dito naibabahagi ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay na pinagi-iinteres na pala ng ibang tao.

Sinabi naman ni Timuay Alim na sa mga katutubong pamayanan, tanging ang mga *Baylan* lamang ang nakakaalam sa tradisyunal na medisina o katutubong pamamaraan ng panggagamot. Sa kasalukuyang teknolohiya, kahit hindi isiwalat ng mga *Baylan* ang mga kaalaman ay maaaring alam na ng mga siyentipiko. Sa konsepto ng *checkpoint* ay hindi lamang ang pisikal na pagpasok ng mga mananaliksik o mag-aaral ang kailangang bantayan ng mga katutubo kundi maging ang pakikipag-usap sa mga siyentipiko o ibang mga tao na maaaring maging dahilan para makuha ang kaalaman ng mga katutubo. Para mas maipaliwanag ang kanyang ibig sabihin, inihalintulad niya ito sa isang *virus* na maaaring makapasok sa pamayanan at baka hindi namamalayan ng pamayanan ay wala na pala sa kanila ang katutubong kaalaman at pamamaraan na ilang libong taon na nilang nilinang. Kung bakit naman hindi lantarang tinatalakay ang mga kaalaman at pamamaraang ito ay dahil naniniwala ang mga nakatatanda na kapag harap-harapang pinag-uusapan ang mga gamot na ito, ay nawawalan ang mga ito ng bisa. Ang hamon sa ngayon ay kung paano bantayan ng mga katutubo ang pinagmumulan ng mga katutubong kaalaman para mapanatili sa kabila ng modernong panahon.

Ipinaliwanag ni Atty. Jing ang pagkakaiba ng *in situ* at *ex situ conservation*. Ang *in situ* ay ang pangangalaga sa henetikong kayamanan kung saan ito natural na matatagpuan samantalang ang *ex situ* naman at tumutukoy sa pagkuha sa mga henetikong kayamanan mula sa kanilang natural na tahanan. Idinagdag nya na maraming banta sa *ex situ conservation* katulad ng ibinahagi ni Timuay Alim.

Ayon naman ni G. Salunday, kaya nananakawan ang mga katutubo ay sapagkat kulang ang kanilang mga kaalaman sa mga batas. Sinang-ayunan niya na kailangan talaga ng pagbabahaginan at talakayan para malaman din ng mga miyembro ng pamayanan ang tungkol sa *Protocol*. Sa Palawan ay may mga itinatagang bantay kagubatan subalit kailangan ding maging bihasa sa mga ganitong usapin para



may batayan sa pagsita upang alamin ang pakay ng mga taong pumapasok sa mga pamayanan. Nagpanukala din siya na ang mga kaalaman sa katutubong medisina ay dapat na isama sa ADSDPP para mapangalagaan. Sa ganitong paraan, kapag may mga tagalabas na nakakuha ng impormasyon at ipinalathala ay may katibayan na ang kaalaman ay nagmula sa mga katutubong pamayanan.

Tinanong naman ni Titay Bleyen Santing kung ano ang proseso na pagdaraan ng mga katutubo para maibalik sa mga katutubo ang mga kaalaman o makakuha ng benepisyo mula sa mga rekurso na nakawala na o nanakaw sa kanilang pamayanan.

Ipinahayag ni tatay Badong na maaaring ang *checkpoint* ay ang mga impormasyon mismo sapagkat nagkakaroon lang ng interes ang tao o institusyon sa kaalaman sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng mismong mga katutubong galing sa pamayanan.

Sumang-ayon si Atty. Jing sa sinabi na maaaring ang isa sa mga *checkpoint* ay ang impormasyon sapagkat nakasama sa impormasyon ang pamayanang pinanggalingan nito. Kapag may tao, institusyon o kompanya na interesadong gamitin ang kaalaman ng mga katutubo ay dapat iproseso ng pamahalaan ang FPIC at pagbabahagi ng benepisyo mula sa impormasyon na naibahagi.

Sa *Nagoya Protocol*, kailangang may pamamaraan ang pamahalaan upang malaman kung ang henetikong kayamanan ay nakuha nang may pahintulot sa pamayanan o sa bansa. Kailangan ding may kaparusahan na ipapataw sa mga hindi susunod sa pamamaraan na ipapatupad; at kapag may

nagreklamo sa pamayanan o sa bansa ng pagkanakaw ng rekurso ay kailangan ng kooperasyon ang mga bansa para malutas ito.

Para masuportahan ang pagpapatupad ng batas, ang pangunahing mekanismo na sinasabi ng *Nagoya Protocol* ay ang pagtatalaga ng *National Focal Point at Competent National Authority* (CNA) sa mga bansa. Dito maaaring makipag-ugnayan ang UPAKAT at maaaring magsabi kung may mga katutubong kaalaman na nagamit sa paggawa ng isang produkto at kung ano ang mga pamamaraan na dapat pagdaanan ng isang tao o kompanya bago mapahintulutang gamitin ang rekurso at kaalaman ng mga katutubo. Ito ay kailangang pag-isipan ng mga kasapi ng UPAKAT kung kakayaning maging katutubong CNA.

Ang isa pa sa mga paraan na maaaring gawin ayon sa sa naunang pagbabahaginan ay ang pagpapalakas sa mga katutubong pamayanan. Ipinanukala rin niya na ang pagsasaayos sa pagpapatupad ng FPIC ay maaari ring gawin sapagkat maraming FPIC ang namamanipula sa katutubong pamayanan. Kailangan ding maitala at maidokumento ng mga katutubo ang mga panuntunan na dapat sundin ng mga institusyon o kompanya na gustong gumamit ng mga rekurso na matatagpuan sa mga lupaing ninuno sapagkat ito ang unang hahanapin sa mga pamayanan kapag naisabatas na ito. Kailangan ding palawigin ng mga tagapakinig ang ibig sabihin ng *checkpoint* bukod sa mga magagandang ideya na naibahagi sa talakayan. Sa pamamagitan ng mga ito ay higit na magiging maingat ang mga mamamayan

kung may mga pamantayan ang pamahalaan tungkol sa mga ito.

Sa *compliance*, kapag tatalakayin na ng kongreso ang batas ay kailangang may makapagsabi na dapat na nakasama ang kinaugaliang batas sa *compliance mechanism*. Ang mga ito ay kailangang kilalanin ng pamahalaan kasama na ang katutubong pamamaraan ng hustisya ng mga katutubo sa mga lupaing ninuno at nasasakupan. Kailangang ang mga katutubo ang unang magpataw ng kaparusahan sa mga lumalabag sa batas at malimitahan ang paggamit ng mga henitikong kayamanan sa kanilang lupaing ninuno.

Panghuli, kapag nagpasiya ang mga katutubo na maaari nilang ibahagi sa iba ang kanilang mga kaalaman ay kailangan din nilang pag-isipan kung ano ang pinakamagandang benepisyo na maaaring hingin sa mga institutsyon, kompanya o sa kung sino mang interesadong gamitin ito. Ibinahagi niya ang konsepto ng *monetary benefits* katulad ng *consignment payment*, *sign in bonus*, *milestone payment* (bawat yugto ng pananaliksik ay may nakukuhang kabayaran ang nagmamay-ari ng kaalaman), o *royalty* kung saan mabibigyan ng bahagdan ang pamayanan sa pagbebentahan kapag nakagawa ng produkto mula sa henetikong kayamanan na kinuha mula sa lupaing ninuno. Mayroon ding konsepto ng *non-monetary benefits* katulad ng edukasyon, pagsasanay, *development*, *technology transfer* o ang pagtuturo sa mga mamamayan ng teknolohiya para sila mismo ang gumawa ng produkto mula sa rekurso na matatagpuan sa kanilang lupaing ninuno, at proyekto para sa pangangalaga ng *cultural heritage sites* ng mga katutubong pamayanan.

Pagsasara ng programa

Ang programa ay pormal na isinara sa pamamagitan ng isang maikling mensahe mula kay Titay Bleyen Santing na siyang hinirang ng mga kinatawan ng mga kapuluan ng mga katutubo na Pangulo ng UPAKAT sa taong 2016 hanggang 2019. Hiniling niya sa sana sa kanyang panunungkulan ay magtuloy-tuloy sa pagpapatupad ng kanyang programa at gawain ang ugnayan.



Apendise

Apendise 1. Listahan ng mga Kalahok

Mga nagbahagi

1. G. Bernardo Limikid, Mansaka
Limpong nang Mangkatadung, Maragusan Compostella Valley
2. G. Eduardo Banda, Ubo-Manobo
Magpet, Hilagang Cotabato
3. Gng. Josefa Duyao, Maeng
Nananakman (Council of Elders), Luba, Abra
4. G. Salvador Dimain, Ayta-Abellen
Maporac Ayta Organization (MAO), Maporac New San Juan, Cabangan, Zambales
5. Bb. Kareen Martinez, Pidlisan
Pidlisan Tribe Organization (PITO), Fedilisan, Sagada, Mountain Province
6. Bb. Lilian Briones, Pidlisan
Pidlisan Tribe Organization (PITO), Fedilisan, Sagada, Mountail Province
7. Bb. Angelina Baltazar-Ortiz, Mansaka
Silingang Dapit sa Sidlakang Mindanao – Southeastern Mindanao (SILDAP-SEM)
1150 Purok Dahlia, Visayan Village, Tagum City, Davao del Norte
8. G. Rodante Luquisan, Tagbanua
Nagkakaisang mga Tribu sa Palawan (NATRIPAL), Inc., Puerto Princesa, Palawan
9. Gng. Magdalena Herbilla, Matigsalog
Kulamanen, Matigsalog, Manobo ne Megsabeka (KUMAMISA), Arakan, Hilagang Cotabato
10. G. Roldan Babelon, Kirinteken Erumanen ne Menuvu
Baroyon, North Cotabato
11. G. Magsino Biangalen, Kadaclan
Bayanihan Farmers Association (BFA), Amulong, Paracelis, Mountain Province
12. G. Joseph Aclopen, Kankana-ey
Madongo, Sagada, Mountain Province
13. G. Francisco Cayasen, Maeng
Tubo, Abra
14. G. Santos Unsad, Téduray
Timuay Justice and Governance (TJG), Nuro, Upi, Maguindanao
15. G. Ronaldo Ambangan, Sinimburanen Erumanen ne Menuvu
Erumanen ne Menuvu Kamal, Aroman, Carmen, Hilagang Cotabato
16. G. Julieto Gandor, Sinimburanen Erumanen ne Menuvu
Erumanen ne Menuvu Kamal, Midsayap, Hilagang Cotabato
17. G. Aquino Manial, Simuniyen Erumanen ne Menuvu
Erumanen ne Menuvu Kamal, Kibudtungan, Carmen, Hilagang Cotabato
18. G. Ruben Dalimbang, Dulangan Manobo
Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance (DMTJSG), Lebak, Sultan Kudarat
19. Bb. Florence Daguitan, Kankana-ey
Tebtebba, Lungsod ng Baguio
20. Bb. Jennefir Corpuz, Kankana-ey
Tebtebba, Manila
21. Bb. Maria Gandam, T'boli
Santa Cruz Mission School Inc., Lake Sebu

Iba pang mga Kalahok

- A. Mula sa Cordillera Administrative Region (CAR)
 22. G. Elvin S. Maliked, Kankana-ey
Highland Cultural Dance Troupe, La Trinidad, Benguet
 23. G. Absalom Toyeng, Kankana-ey – Ibaloi

- Highland Cultural Dance Troupe, La Trinidad, Benguet
 24. G. Ben Ayyawan, Kankana-ey
Tanulong, Sagada, Mountain Province
 25. G. Alex Lingbawan, Guinaang
Indigenous Farmers Association of Guinaang Pasil, Inc. (IFAGPI), Pasil, Kalinga
 26. Gng. Vicky Macay, Ibaloi
Lungsod ng Baguio
- B. Mula sa Region III and the Rest of Luzon
27. G. Romulo Atanacio, Ayta
Barangay Villar, Eastern Botolan, Zambales
- C. Island Groups
28. G. John Mart Salunday, Tagbanua
Nagkakaisang mga Tribu sa Palawan (NATRIPAL), Inc., Puerto Princesa, Palawan
 29. G. Narlito Candal, Palaw'an
Nagkakaisang mga Tribu sa Palawan (NATRIPAL), Inc., Puerto Princesa, Palawan
- D. Southern and Eastern Mindanao
30. Bb. Cora Dapaing, Mansaka
Limpong nang Mangkatadung, Maragusan, Compostella Valley
 31. G. Rene Suropan, Mansaka
Limpong nang Mangkatadung, Maragusan, Compostella Valley
 32. G. Rading Belayo, Mandaya
Mandaya-Mansaka Tribal Assembly, New Bataan, Compostella Valley
 33. G. Romulo Olvano, Mandaya
Mandaya-Mansaka Tribal Assembly, New Bataan, Compostella Valley
 34. Bb. Juvanni Q. Roa, Mandaya
Mandaya-Mansaka Tribal Assembly, New Bataan, Compostella Valley
 35. Gng. Elizabeth Dagsangan, Mansaka
Sumpaw ng mga Mansaka sa Maco (SUMAMA), Maco, Compostella Valley
 36. Bb. Emma Lou Dagsangan, Mansaka
Sumpaw ng mga Mansaka sa Maco (SUMAMA), Maco, Compostella Valley
 37. Bb. Emma Maginlaud, Mandaya
Al'luyon, Luyong, Binondo Bagangga, Davao Oriental
 38. Bb. Felia Donato, Mandaya
Al' luyon, Luyong, Binondo Bagangga, Davao Oriental
 39. G. Darpenio Tandica, Mansaka
Pyagkayanan ng mga Mansaka sang Maduao,
Maduao, Conceptcion, Maco Compostella Valley
 40. Bb. Cheril Z. Cae, Dibabawon
BINOLIGAY, Calinogan, Casoon, Monkayo, Compostella Valley
 41. Bb. Becky Barrios, Manobo
Panaghiusa Alang sa Kaugalingnan ug Kalingkawasan Inc (PASAKK)
San Teodoro, Bunawan, Agusan del Sur
 42. G. Alvin Durado, Manobo
PASAKK, San Teodoro, Bunawan, Agusan del Sur
 43. G. Bebot Rosmeos, Higaonon
Tribal Coalition for Mindanao (TRICOM), Surigao del Norte
 44. G. Danilo Bada, Banwaon
Manobo, Banwaon Sectoral Tribal Council, Inc (MABASTRICO), Agusan del Sur
 45. Bb. Lady Love Erana, Lapaknon
Lungsod ng Butuan
 46. G. Rogelio Pagios, Manobo
Nagkaiusang Mag-uumang Organik (MAMA-O), Agusan del Sur
- E. Central Mindanao
47. G. Arsenio Supada, Ubo-Manobo
Magpet, Hilagang Cotabato
 48. Bb. Carmen Mundog, Manobo
Kidapawan Tribal Womens Organization, Lungsod ng Kidapawan
 49. G. Leticio Datuwata, Lambangian
Mindanao Peoples Peace Movement – Katawhang Lumad (MPPM-KL), Cotabato City
 50. Bb. Merlita Saliga, Téduray
Mindanao Peoples Peace Movement – Katawhang Lumad (MPPM-KL), Cotabato City
 51. G. Alim Bandara, Téduray
Center for Indigenist Development in the Philippines, Inc. (CIDev-Phil)

- Nuro, Upi Maguindanao
52. G. Jayson R. Ulubalang, Téduray
Center for Indigenist Development in the Philippines, Inc. (CIDDev-Phil)
53. Bb. Erlinda Kanakan, Téduray
Inged Fintailan, Timuay Justice and Governance
54. Bb. Norena Suenan, Téduray
Inged Fintailan, Timuay Justice and Governance
55. Bb. Edna Manguda, Lambangian
Inged Fintailan, Timuay Justice and Governance
56. Bb. Frenzy Ann Midal, Lambangian
Téduray Lambangian Youth Student Association (TLYSA)
57. Bb. Charlene Saliga, Téduray
Téduray Lambangian Youth Student Association (TLYSA)
58. G. Jeric Van King Felipe, Téduray
Téduray Lambangian Youth Student Association (TLYSA)
59. G. Peter Insam, Dulangan Manobo
Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance (DMTJSG), Sultan Kudarat
60. Bb. Bidi Balatak, Dulangan Manobo
Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance (DMTJSG), Sultan Kudarat
61. Bb. Helen Canta, Dulangan Manobo
Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance (DMTJSG), Sultan Kudarat
62. G. Tating Balbino, Iliyanen Erumanen ne Menuvu
Erumanen ne Menuvu Kamal, Midsayap, North Cotabato
63. Bb. Elmalyn Abatayo, Isuruken Erumanen ne Menuvu
Guild of Erumanen ne Menuvu Professionas for Advancement (GEMPA)
Midsayap, North Cotabato
64. Bb. Marilou Taupan, Libunganen, Erumanen ne Menuvu
Guild of Erumanen ne Menuvu Professionals for Advancement (GEMPA)
65. Bb. Leticia Quiritan, Isuruken, Erumanen ne Menuvu
Guild of Erumanen ne Menuvu Professionals for Advancement (GEMPA)
66. G. Danilo Apang, Tinananen Manobo
Manobo Lumadnong Panaghiusa (MALUPA), Hilagang Cotabato
67. G. Berimo Sumin Jr, Tinananen Manobo
Manobo, Lumadnong Panaghiusa (MALUPA), Hilagang Cotabato
68. G. Leo Ingay, Tagakaulo
Pulag Tana, Malungon, Saranggani
69. Bb. Bonivie T. Ofong, T'boli
Klowil Kem Libon Org Inc, Lake Sebu, South Cotabato
- F. Northern and Western Mindanao
70. Bb. Rodilla Langit, Kulamanen
Kulamanen, Matigsalug, Manobo ne Migsabeka (KUMAMISA) Arakan, Hilagang Cotabato
71. Bb. Richel Mampundo, Matigsalog
Kulamanen, Matigsalog, Manobo ne Migsabeka (KUMAMISA) Kitaotao, Bukidnon
72. Bb. Ester Tumindog, Kulamanen
Kulamanen, Matigsalog, Manobo ne Migsabeka (KUMAMISA) Arakan, Hilagang Cotabato
73. Bb. Alma Binayao, Talaandig
Poblacion, Maramag, Bukidnon
74. Bb. Mary Apple Binayao, Talaandig
Poblacion, Maramag, Bukidnon
75. G. Andres Inso Codal, Subanen
Bansa Subanen Phenanud tu Betaren di Baganian Penenzula Inc., Zamboanga del Sur
76. Bb. Priscilla Marquilla, Subanen
Bansa Subanen Phenanud tu Betaren di Baganian Penenzula Inc., Zamboanga del Sur
77. Bb. Bienbenida Digan, Subanen
Bansa Subanen Phenanud tu Betaren di Baganian Penenzula Inc., Zamboanga del Sur

Documentor

78. G. Rande Bayate, Mansaka
Silingang Dapit sa Sidlakang Mindanao – Southeastern Mindanao (SILDAP-SE)
1150 Purok Dahlia, Visayan Village, Tagum City, Davao del Norte
79. Bb. Abigail Kitma, Ibaloí
Tebtebba, Lungsod ng Baguio
80. Bb. June Cadalig Batang-ay, Kankana-ey
Tebtebba, Lungsod ng Baguio

Photo Documenter

81. G. Ricky Batitao, Téduray
Mindanao Peoples Peace Movement – Katawhang Lumad (MPPM-KL), Cotabato City
82. G. Ruel Morfing, Téduray
Téduray Lambangian Youth Student Association (TLYSA)

Facilitator

83. G. Normindo Mosella, Téduray
Téduray Lambangian Youth Student Association (TLYSA)
84. G. Allan Olubalang, Téduray
Center for Indigenist Development in the Philippines, Inc. (CIDev-Phil)

Community coordinators

85. G. Reden S. Ulo, T'boli
Santa Cruz Mission School, Lake Sebu

Local Guides during the Cross visit

86. Bb. Rosie G. Sula, T'boli
Libun Hulung Matun, Lake Sebu
87. G. Ian Mark Kamangkang, T'boli
Santa Cruz Mission School Inc., Lake Sebu

Finance Officer

88. Bb. Odencia Paleng, Kankana-ey
Tebtebba, Lungsod ng Baguio

Apendise 2. Programa

Petsa at oras	Aktibidad	Taong may katungkulan
Lunes, ika-20 ng Nobyembre 2016		
	Pagdating at pagpapatala ng mga kalahok	
06:00 - 07:00 PM	Hapunan	
07:00 - 08:00 PM	Pagpapakilala at oryentasyon	Bb. June Cadalig Batang-ay <i>Secretariat, UPAKAT</i>
Martes, ika-21 ng Nobyembre 2016 (Pambansang Komperensya)		
07:00 - 08:00 AM	Agahan	
Unang Bahagi: Pambungad na Palatuntunan		
08:30 - 09:15 AM	Panalangin	Boi Rosie Sula <i>Libun Hulung Matun, Lake Sebu</i>
	Pambungad na pangungusap	Matikadong Bernardo Limikid <i>Pangulo, UPAKAT</i>
	Welcome Remarks	G. Reden S. Ulo Pangalawang Pangulo, Santa Cruz Mission School, Inc. at T'boli Cluster, NCCA
	Mensahe	Bb. Florence Daguitan <i>IPBP Coordinator, Tebtebba</i>
	Introduksyon sa komperensya	Bb. June Cadalig Batang-ay <i>Secretariat, UPAKAT</i>

Ikalawang Bahagi: Pagbabahagi		
09:15 - 10:35 AM	Panel 1: Katutubong Pamamahala sa mga Likas na Yaman a. Ang pangangasiwa ng mga Mansaka sa Bundok Candalaga b. Ang pangangalaga ng mga Ubo-Manobo sa lupaing ninuno c. Ang sistema ng <i>lapat</i> ng mga Maeng sa bayan ng Luba sa lalawigan ng Abra	Matikadong Bernardo Limikid Limpong nang Mangkatadung Datu Eduardo Banda Magpet, Hilagang Cotabato Gng. Josefa Duyao <i>Nananakman, Tubo, Abra</i>
10:35 - 10:45 AM	Malayang Talakayan	
10:45 - 11:50 AM	Panel 2: Katutubong Pamamaraan ng Agrikultura: Mga Hamon at Pamamaraan ng Pag-unlad a. <i>Gahak</i>: katutubong sistema ng agrikultura ng mga Ayta-Abellen sa Cabangan, Zambales b. Ang pamamaraan ng agrikultura ng mga Pidlisan sa bayan ng Sagada sa Mountain Province	G. Salvador Dimain <i>Maporac Ayta Organization</i> <i>Bb. Kareen Martinez at Bb. Lilian Briones Pidlisan Tribe Organization</i>
11:50 - 12:00 NN	Malayang Talakayan	
12:00NN - 01:00PM	Tanghalian	
01:00 - 01:40 PM	Panel 3 : Indigenous Ways of Knowing and Learning (IWKL) a. Ang Karanasan ng SILDAP sa pagsasalin ng katutubong kaalaman b. Pagpapanumbalik sa pamamaraan ng pagsulat ng mga Tagbanua sa Palawan	Bb. Angeline Baltazar-Ortiz Silingang Dapit sa Sidlakang Mindanao – Southeastern Mindanao G. Rodante Loquisan <i>Nagkakaisang mga Tribu sa Palawan, Inc.</i>
01:40 - 01:50 PM	Malayang Talakayan	
01:50 - 02:30 PM	Panel 4: Katutubong Paniniwala a. Ang paniniwala ng mga Matigsalog, Kulamanen at Tinananen b. Ang paniniwala ng mga Erumanen ne Menuvu sa Hilagang Cotabato	Bae Magdalena Herbilla Kulamanen, Matigsalog, Manobo ne Migsabeka Datu Roldan Babelon <i>Baroyon, Hilagang Cotabato</i>
02:20 - 02:30 PM	Malayang Talakayan	

02:30 - 03:50 PM	Panel 5: Katutubong Balangkas Pampulitika sa Pamamahala sa Likas na Yaman a. Ang sistema ng <i>among</i> ng mga Kadaclan sa bayan ng Paracelis sa Mountain Province b. Ang sistema ng <i>dap-ay</i> ng mga Kankana-ey sa bayan ng Sagada sa Mountain Province c. Ang Timuay Justice and Governance ng pamayanang Téduray at Lambangian	G. Magsino Biangalen Bayanihan Farmers Association G. Joseph Aclopen <i>Tanulong ili</i> Titay Bleyen Santos Unsad <i>Timuay Justice and Governance</i>
03:50 - 04:00 PM	Malayang Talakayan	
04:00PM - 04:50PM	Panel 6: Mga Inisyatiba sa Pagpapanatili ng Katutubong Karunungan, Sistema at Pamamaraan a. Mga pamamaraan at kagawian ng mga Erumanen ne Menuvu sa Hilagang Cotabato b. Ang mga kagawian ng mga Dulangan Manobo sa pagpapanatili at pagsasalin ng katutubong kaalaman	Timuey Ronaldo Ambangan, Timuey Julieto Gandor at Timuey Aquino Manial, <i>Erumanen ne Menuvu Kamal</i> Datu Ruben Dalimbang Dulangan Manobo Tribal Justice and Self-Governance
04:50 - 05:00 PM	Malayang Talakayan	
05:00 - 5:30 PM	Pagbubuod at Ways Forward	Bb. Florence Daguitan <i>IPBP Coordinator, Tebtebba</i>
06:00 - 07:00 PM	Hapunan	
Miyerkules, ika-22 ng Nobyembre 2016 (Lakbay-aral)		
	Pangkat 1	Pangkat 2
08:00 - 10:00 AM	Lang Dulay: Paghahabi ng <i>T'nalak</i>	<i>Klowel Kem Libun</i> Organization: Handloom Weaving
10:00 - 12:00 NN	<i>Klowel Kem Libun</i> Organization: Handloom Weaving	Lang Dulay: Paghahabi ng <i>T'nalak</i>
12:00 - 01:00 PM	Tanghalian	
01:00 - 02:30 PM	Pagbabahagi: Katutubong Edukasyon na ipinatutupad ng Santa Cruz Mission School Inc.	
02:30 - 03:15 PM	T'boli School of Indigenous Knowledge and Traditions (SIKAT)	<i>Kenhulung</i> Handicrafts Federation Inc.
03:15 - 04:00 PM	<i>Kenhulung</i> Handicrafts Federation Inc.	T'boli School of Indigenous Knowledge and Traditions (SIKAT)
04:00 - 05:00	T'boli Museum	
06:00 - 09:00 PM	Hapunan at cultural night	

<i>Huwebes, ika-23 ng Nobyembre 2016 (1st UPAKAT General Assembly)</i>		
07:00 - 09:00 AM	Paglalayag sa Lawa	
09:00AM- 12:00NN	Pagbabahagi: <i>Nagoya Protocol</i>	Atty. Jennifer Tauli Corpuz <i>Human Rights Program Coordinator,</i> <i>Tebtebba</i>
12:00NN - 01:00PM	Tanghalian	
01:00 - 05:00 PM	General Assembly	
<i>Biyernes, ika-24 ng Nobyembre 2016</i>		
	Pag-alis ng mga kalahok	

Apendise 3. Mga Interim na Konseho ng UPAKAT





Dahil sa mahigpit na relasyon sa kalikasan, ang mga katutubo ay nakapagpaunlad ng mga katutubong kaalaman, teknolohiya at sistema ng pamamahala kung saan ang mga likas yaman lalo na ang mga samu't saring buhay na kanilang pinagkukunan ng pagkain, gamot at ginagamit sa kanilang kabuhayan ay hindi nawawala, bagkus ay napapayaman pa dahil sa kanilang pagprotekta sa lugar kung saan sila matatagpuan.

